| | May nagpe-play na kanta |
| | Nagpe-play ang radyo |
| | Nakakonekta ang device sa isang computer sa pamamagitan ng isang USB cable |
| | 75% na puno ang panloob na storage. Tapikin upang maglipat ng data sa memory card |
| | Babala |
| | Higit pang (hindi ipinapakitang) notification |

! Hindi nakalista rito ang lahat ng icon na maaaring lumabas sa iyong device. Ang mga icon na ito ay para lang sa mga layunin ng pagsangguni at maaaring magkaroon ng mga pagbabago nang walang pag-abiso.

### Upang mahadlangan ang isang application sa pagpapadala ng mga pag-abiso.

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tunog & notification** > **Mga notification sa app**.
3. Pumili ng application.
4. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **I-block**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

## Pangkalahatang-ideya ng application

Gamitin ang application na Alarma at orasan upang mag-set ng iba't ibang uri ng alarma.

Gamitin ang iyong web browser upang i-navigate at tingnan ang mga web page, pamahalaan ang mga bookmark, teksto at mga imahe.

Gamitin ang application na Calculator upang magsagawa ng mga pangunahing pagkalkula.

Gamitin ang application na Kalendaryo upang subaybayan ang mga kaganapan at pamahalaan ang iyong mga appointment.

Gamitin ang camera upang kumuha ng mga litrato at magrekord ng mga video clip.

Gamitin ang application na Mga Contact upang pamahalaan ang mga numero ng telepono, email address at iba pang impormasyong nauugnay sa iyong mga contact.

I-access ang iyong mga na-download na application, dokumento at litrato.

Gamitin ang application na Email upang magpadala at tumanggap ng mga email sa pamamagitan ng mga pribado at pangkumpanyang account.

Gamitin ang application na Facebook™ upang makipag-uganyan sa pamamgitan ng social networking sa mga kaibigan, kapamilya at katrabaho sa buong mundo.

Mag-browse at makinig sa mga istasyon ng FM radio.

Gamitin ang application na Album upang tingnan at ayusin ang iyong mga larawan at video.

Gamitin ang application na Gmail™ upang magbasa, magsulat at mag-ayos ng mga mensaheng email.

Maghanap ng impormasyon sa iyong device at sa web.

Tingnan ang iyong kasalukuyang lokasyon, maghanap ng iba pang mga lokasyon at kalkulahin ang mga ruta gamit ang Google Maps™.

Gamitin ang Play Store™ application upang mag-download ng mga libre at binabayarang application para sa iyong device.

Gamitin ang application na Pagmemensahe upang magpadala at tumanggap ng mga text at multimedia message.

Gamitin ang application na Video upang mag-play ng mga video sa iyong device at magbahagi ng nilalaman sa iyong mga kaibigan.

Gamitin ang application na Musika upang magsaayos at mag-play ng musika, mga audio book at podcast.

Tumingin ng mga balita at forecast ng lagay ng panahon.

Tumawag sa telepono sa pamamagitan ng manu-manong pag-dial ng numero o sa pamamagitan ng paggamit sa function na smart dial.

I-optimize ang mga setting upang bumagay sa sarili mong mga pangangailangan.

Gamitin ang application na Hangouts™ upang makipag-chat sa mga kaibigan online.

Kilalanin ang mga track ng musika na naririnig mong pinapatugtog sa iyong paligid, at kunin ang impormasyon ng artist, album at iba pa.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

| | |
|---|---|
| | Gamitin ang YouTube™ upang magbahagi at manood ng mga video mula sa buong mundo. |
| | Gamitin ang application na Pag-backup at pagbalik para i-back up o ibalik ang nilalaman sa iyong device, gaya ng mga contact, text message, bookmark, data ng kalendaryo, atbp. |
| | Gamitin ang application na Smart Connect™ upang i-set kung ano ang mangyayari sa iyong device kapag ikinonekta o idiniskonekta mo ang isang aksesorya. |
| | Gamitin ang application na Suporta upang ma-access ang suporta sa user sa iyong device. Halimbawa, maaari mong i-access ang isang User guide, impormasyon sa pag-troubleshoot, at mga tip at trick. |

! Hindi sinusuportahan sa lahat ng network at/o service provider sa lahat ng lugar ang ilang application.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Pag-download ng mga application

## Pag-download ng mga application mula sa Google Play™

Ang Google Play™ ay ang opisyal na online na store ng Google para sa pag-download ng mga application, laro, musika, pelikula at aklat. Kinabibilangan ito ng parehong libre at binabayarang mga application. Bago mo simulang mag-download mula sa Google Play™, tiyaking mayroon kang gumaganang koneksyon sa Internet, mas mainam sa Wi-Fi® upang limitahan ang mga singil sa trapiko ng data.

! Upang magamit ang Google Play™, kailangan mong magkaroon ng Google™ account. Maaaring hindi available sa lahat ng bansa o rehiyon ang Google Play™.

### Upang mag-download ng application mula sa Google Play™

1. Mula sa Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Play Store**.
3. Hanapin ang item na gusto mong i-download sa pamamagita ng pag-browse ng mga kategorya, o sa pamamagitan ng paggamit sa function na paghahanap.
4. I-tap ang item upang tingnan ang mga detalye nito, at sundin ang mga tagubilin upang kumpletuhin ang pag-install.

! Maaaring kailangan ng ilang application na mag-access ng data, mga setting at iba't ibang mga function sa iyong device upang gumana nang ayos. Mag-install at magbigay lang ng mga pahintulot sa mga application na pinagkakatiwalaan mo.

Maaari mong tingnan ang mga pahintulot na ibinigay sa isang na-download na application sa pamamagitan ng pagtapik sa application sa ilalim ng **Mga Setting** > **Apps**.

## Pag-download ng mga application mula sa iba pang mga mapagkukunan

Kapag naka-set ang iyong device na payagan ang mga pag-download mula sa iba pang mga mapagkukunan bukod sa Google Play™, maaari kang mag-download ng mga application nang direkta mula sa iba pang mga website sa pamamagitan ng pagsunod sa may-katuturang mga tagubilin sa pag-download.

! Kapag nag-install ng mga application na hindi alam o hindi maaasahan ang pinagmulan, maaari nitong masira ang iyong device. Mag-download lang ng mga application mula sa mga maaasahang mapagkukunan. I-contact ang provider ng application kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin.

### Upang payagan ang pag-download ng mga application mula sa iba pang mga pinagmumulan

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad**.
3. I-drag ang slider pakanan sa tabi ng **Hindi alam pinagmulan**.
4. Tapikin ang **OK**.

! Maaaring kailangan ng ilang application na mag-access ng data, mga setting at iba't ibang mga function sa iyong device upang gumana nang ayos. Mag-install at magbigay lang ng mga pahintulot sa mga application na pinagkakatiwalaan mo.

Maaari mong tingnan ang mga pahintulot na ibinigay sa isang na-download na application sa pamamagitan ng pagtapik sa application sa ilalim ng **Mga Setting** > **Apps**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Internet at mga network

## Pagba-browse sa web

Pauna nang naka-install sa karamihan ng market ang web browser na Google Chrome™ para sa mga Android™ device. Pumunta sa http://support.google.com/chrome at i-click ang link na "Chrome para sa Mobile" upang makakuha ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano gamitin ang web browser na ito.

### Upang mag-browse gamit ang Google Chrome™

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang .
3. Kung gagamitin mo ang Google Chrome™ sa unang pagkakataon, piliing mag-sign in sa isang Google™ account o mag-browse gamit ang Google Chrome™ nang hindi nakikilala.
4. Magpasok ng termino para sa paghahanap o web address sa field ng paghahanap at address, pagkatapos ay tapikin ang **Pumunta** sa keyboard.

## Mga setting ng Internet at MMS

Upang makapag-send ng mga multimedia message o ma-access ang Internet kapag walang available na Wi-Fi® network, dapat na may gumagana kang koneksyon ng data sa mobile na may tamang mga setting ng Internet at MMS (Multimedia Messaging Service). Narito ang ilang mga tip:

- Para sa karamihan ng mga mobile network at operator, ang mga setting ng Internet at MMS ay pauna nang naka-install sa iyong device. Magagawa mong simulang gamitin ang Internet at mag-send ng mga multimedia message kaagad.
- Sa ilang sitwasyon, magkakaroon ka ng opsyong i-download ang mga setting ng Internet at MMS sa unang pagkakataon na i-on mo ang iyong device kapag may nakakabit na SIM card. Posible rin na i-download ang mga setting na ito sa ibang pagkakataon mula sa menu ng Mga Setting.
- Magagawa mong manu-manong magdagdag, magbago o magtanggal ng mga setting ng Internet at MMS sa iyong device anumang oras. Kung babaguhin o tatanggalin mo ang isang setting ng Internet o MMS nang mali, i-download ulit ang setting ng Internet at MMS.
- Kung hindi mo ma-access ang Internet sa isang mobile network o kung hindi gumagana ang multimedia na pagmensahe, kahit na matagumpay na na-download sa iyong device ang mga setting ng Internet at MMS, sumangguni sa mga tip sa troubleshooting para sa iyong device sa *www.sonymobile.com/support/* para sa mga isyu ng saklaw ng network, mobile data at MMS.

! Kung naka-aktibo ang STAMINA mode upang makatipid ng kuryente, hihinto ang lahat ng trapiko ng mobile data kapag naka-off ang screen. Kung magdudulot ito ng mga problema sa koneksyon, subukang ibukod sa pagkaka-pause ang ilang application at serbisyo, o ideaktibo ang STAMINA mode nang pansamantala. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang *Pangkalahatang-ideya ng feature na STAMINA mode* sa pahinang 22 .

### Upang mag-download ng mga setting ng Internet at MMS

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Pag-download ng setting**.
3. Tapikin ang **Tanggapin**. Sa sandaling matagumpay nang na-download ang setting, lalabas sa status bar ang  at awtomatikong ino-on ang mobile data.

! Kung hindi mada-download ang mga setting sa iyong device, tingnan ang lakas ng signal ng iyong mobile network. Lumipat sa isang bukas na lokasyong walang mga harang o lumapit sa isang bintana at pagkatapos ay subukang muli.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang manu-manong magdagdag ng mga setting ng Internet at MMS

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Mga mobile network**.
3. Tapikin ang **Mga Access Point Name** > +.
4. Tapikin ang **Pangalan** at magpasok ng pangalang gusto mo.
5. Tapikin ang **APN** at ipasok ang pangalan ng access point.
6. Ipasok ang lahat ng iba pang impormasyon kung kinakailangan. Kung hindi mo alam kung anong impormasyon ang kinakailangan, makipag-contact sa iyong network operator para sa higit pang mga detalye.
7. Kapag tapos ka na, tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **I-SAVE**.

### Upang tingnan ang na-download na mga setting ng Internet at MMS

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Mga mobile network**.
3. Tapikin ang **Mga Access Point Name**.
4. Upang tumingin pa ng mga detalye, tapikin ang alinman sa mga available na item.

! Kung mayroon kang ilang available na koneksyon, ang aktibong network connection ay isasaad ng minarkahang button ◉.

## Wi-Fi®

Gamitin ang mga koneksyon ng Wi-Fi® para mag-surf sa Internet, mag-download ng mga application, o magpadala at tumanggap ng mga email. Kapag nakakonekta ka na sa isang Wi-Fi® network, tatandaan ng iyong device ang network at awtomatikong kokonekta rito sa susunod na pumasok ka sa sakop nito.

Hinihiling ng ilang Wi-Fi® network na mag-log in ka sa isang web page bago ka magkaroon ng access. Makipag-ugnayan sa naaangkop na administrator ng Wi-Fi® network para sa higit pang impormasyon.

Maaaring bukas o secure ang mga available na Wi-Fi® network:

- Ang mga bukas na network ay isinasaad ng 📶 sa tabi ng pangalan ng Wi-Fi® network.
- Ang mga naka-secure na network ay isinasaad ng 🔒 sa tabi ng pangalan ng Wi-Fi® network.

💡 Hindi lumalabas ang ilang Wi-Fi® network sa listahan ng mga available na network dahil hindi bino-broadcast ng mga iyon ang pangalan ng kanilang network (SSID). Kung alam mo ang pangalan ng network, maaari mo itong manu-manong idagdag sa iyong listahan ng mga available na Wi-Fi® network.

### Upang i-on ang Wi-Fi®

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Wi-Fi**.
3. Tapikin ang switch na on-off upang i-on ang function ng Wi-Fi®.

! Maaaring umabot nang ilang segundo bago gumana ang Wi-Fi®.

### Upang awtomatikong kumonekta sa isang Wi-Fi® network

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Wi-Fi**.
3. Tapikin ang on-off na switch upang i-on ang **Wi-Fi** function. Ipinapakita ang lahat ng available na Wi-Fi® network.
4. Tumapik ng isang Wi-Fi® network upang kumonekta rito. Para sa mga secured network, ipasok ang may kaugnayang password. Ipinapakita ang 📶 sa status bar sa sandaling nakakonekta ka na.

💡 Upang maghanap ng mga bagong available na network, tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **I-refresh**. Kung hindi ka makakonekta nang maayos sa isang network ng **Wi-Fi**, sumangguni sa naaangkop na mga tip sa pagto-troubleshoot para sa iyong device sa *www.sonymobile.com/support/* .



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang manu-manong magdagdag ng Wi-Fi® network

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Wi-Fi**.
3. Tapikin ang  > **Magdagdag ng network**.
4. Ipasok ang impormasyon ng **Pangalan ng network (SSID)**.
5. Upang pumili ng uri ng seguridad, tapikin ang field na **Seguridad**.
6. Kung kailanganin, magpasok ng password.
7. Upang mag-edit ng ilang advanced na opsyon gaya ng mga setting ng proxy at IP, markahan ang checkbox ng **Mga advanced na opsyon** at pagkatapos ay i-edit ito ayon sa iyong kagustuhan.
8. Tapikin ang **I-save**.

! Makipag-ugnayan sa administrator ng iyong Wi-Fi® network upang makuha ang network SSID at password.

## Mga setting ng Wi-Fi®

Kapag nakakonekta ka sa isang Wi-Fi® network o kapag may available na mga Wi-Fi® network sa iyong lugar, posible na tingnan ang status ng mga network na ito. Maaari mo ring paganahin ang iyong device na ipagbigay alam sa iyo kung may na-detect na open Wi-Fi® network.

Kung hindi ka nakakonekta sa isang Wi-Fi® network, gagamit ang iyong device ng koneksyon ng data sa mobile upang i-access ang Internet (kung na-set up at pinagana mo ang isang koneksyon ng data sa mobile sa iyong device). Sa pamamagitan ng pagdaragdag ng Wi-Fi® sleep policy, maaari mong tukuyin kung kailan lilipat mula sa Wi-Fi® patungo sa data sa mobile.

### Upang paganahin ang mga pagpapaalam sa Wi-Fi® network

1. I-on ang Wi-Fi®, kung hindi pa ito naka-on.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Wi-Fi**.
4. Tapikin ang  > **Advanced**.
5. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Abiso sa network**.

### Upang tingnan ang detalyadong impormasyon tungkol sa nakakonektang Wi-Fi® network

1. Mula sa Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Wi-Fi**.
3. Tapikin ang Wi-Fi® network kung saan ka kasalukuyang nakakonekta. Ipinapakita ang detalyadong impormasyon ng network.

### Upang magdagdag ng patarakaran sa pag-sleep ng Wi-Fi®

1. Mula sa Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Wi-Fi**.
3. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Advanced** > **Panatilihin on Wi-Fi pag sleep**.
4. Pumili ng opsyon.

## WPS

WPS (Wi-Fi® Protected Setup) is a wireless networking standard that helps you establish secure wireless network connections. If you have little background knowledge of wireless security, WPS makes it easy for you to set up Wi-Fi Protected Access (WPA) encryption to secure your network. You can also add new devices to an existing network without entering long passwords.

Use one of these methods to enable WPS:

- Push button method – simply push a button on a WPS-supported device, for example, a router.
- PIN method – your device creates a random PIN (Personal Identification Number), which you enter on the WPS-supported device.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### To connect to a Wi-Fi® network using a WPS button

1. From your Home screen, tap ⊕.
2. Find and tap **Mga Setting** > **Wi-Fi**.
3. Turn on Wi-Fi® if it is not already on.
4. Tap ⋮ > **Advanced** > **Push Button ng WPS**, then press the WPS button on the WPS-supported device.

### To connect to a Wi-Fi® network using a WPS PIN

1. From your Home screen, tap ⊕.
2. Find and tap **Mga Setting** > **Wi-Fi**.
3. Turn on Wi-Fi® if it is not already on.
4. Tap ⋮ > **Advanced** > **Entry ng PIN ng WPS**.
5. On the WPS-supported device, enter the PIN that appears on your device.

## Pagbabahagi sa iyong koneksyon ng data sa mobile

Maraming paraan kung paano mo maaaring ibahagi ang iyong koneksyon ng data sa mobile sa iba pang mga device:

- Pag-tether sa USB – ibahagi ang iyong koneksyon ng data sa mobile sa isang computer gamit ang isang USB cable.
- Pag-tether sa Bluetooth® – ibahagi ang iyong koneksyon ng data sa mobile sa hanggang libang iba pang device sa pamamagitan ng Bluetooth®.
- Portable na Wi-Fi® hotspot – ibahagi ang iyong koneksyon ng data sa mobile nang sabay-sabay sa hanggang 8 iba pang device, kabilang ang mga device na may suprta sa teknolohiyang WPS.

### Upang ibahagi ang iyong koneksyon ng data gamit ang isang USB cable

1. Ideaktibo ang lahat ng koneksyon sa USB cable sa iyong device.
2. Gamit ang USB cable na kasama ng iyong device, ikonekta ang iyong device sa isang computer.
3. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
4. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Tethering & portable hotspot**.
5. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **USB tethering**, pagkatapos ay tapikin ang **OK** kung may prompt. Ipapakita ang ψ sa status bar sa sandaling makakonekta ka.
6. Upang ihinto ang pagbabahagi ng iyong koneksyon ng data, i-drag pakaliwa ang slider sa tabi ng **USB tethering** o idiskonekta ang USB cable.

! Hindi mo maibabahagi ang koneksyon ng data ng iyong telepono at SD card sa USB cable nang magkasabay.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang ibahagi ang iyong koneksyon ng data sa mobile sa isa pang Bluetooth® device

1. Siguraduhin na ang iyong device at Bluetooth® device ay magkapares sa isa't isa at na naka-aktibo ang trapiko ng data ng mobile sa iyong device.
2. Iyong device: Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Tethering & portable hotspot** at pagkatapos ay i-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Pag-tether ng Bluetooth**.
4. Bluetooth® device: I-set up ang device upang kunin nito ang koneksyon ng network nito gamit ang Bluetooth®. Kung ang device ay isang computer, sumangguni sa nauugnay na mga tagubilin upang kumpletuhin ang pag-setup. Kung gumagamit ang device ng Android™ operating system, tapikin ang icon ng mga setting sa tabi ng pangalan ng device kung saan ito nakapares sa ilalim ng **Mga Setting** > **Bluetooth** > **Mga ipinares na device**, pagkatapos ay markahan ang checkbox na **Access sa internet**.
5. Iyong device: Hintaying lumabas ang  sa status bar. Kapag lumabas ito, kumpleto na ang pag-setup.
6. Upang ihinto ang pagbabahagi ng iyong koneksyon ng mobile data, i-drag pakaliwa and slider sa tabi ng **Pag-tether ng Bluetooth**.

Masasara ang function na **Pag-tether ng Bluetooth** sa bawat sandaling sinara mo ang iyong device o sinara mo ang function na Bluetooth®.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpapares at pag-on sa data sa mobile, tingnan ang *Upang ipares ang iyong device sa isa pang Bluetooth® device* sa pahinang 119 at *Upang magdagdag ng virtual private network* sa pahinang 38 .

### Upang gamitin ang iyong device bilang isang portable Wi-Fi® hotspot

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Tethering & portable hotspot**.
3. Tapikin ang **Setting ng portable na Wi-Fi hotspot** > **Ikumpigura ang Wi-Fi hotspot**.
4. Ipasok ang impormasyon ng **Pangalan ng network (SSID)**.
5. Upang pumili ng uri ng seguridad, tapikin ang field na **Seguridad**. Kung kailanganin, magpasok ng password.
6. Tapikin ang **I-save**.
7. Tapikin ang ◁ at i-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Portable Wi-Fi hotspot**.
8. Kung may prompt, tapikin ang **OK** upang kumpirmahin. Lalabas ang  sa status bar sa sandaling maging aktibo ang portable Wi-Fi® hotspot.
9. Upang ihinto ang pagbabahagi ng iyong koneksyon ng data sa pamamagitan ng Wi-Fi®, i-drag pakaliwa ang slider sa tabi ng **Portable Wi-Fi hotspot**.

### Upang payagan ang isang device na may suporta sa WPS na gamitin ang iyong koneksyon ng data sa mobile

1. Siguraduhing gumagana ang iyong device bilang isang portable na Wi-Fi® hotspot.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Tethering & portable hotspot** > **Setting ng portable na Wi-Fi hotspot**.
4. I-drag ang slider pakanan sa tabi ng **Katuklas-tuklas**.
5. Sa ilalim ng **Ikumpigura ang Wi-Fi hotspot**, siguraduhing na-secure ng password ang iyong portable na hotspot.
6. Tapikin ang **Push Button ng WPS**, pagkatapos ay sundin ang mga nauugnay na tagubilin. Bilang alternatibo, tapikin ang ⋮ > **Entry ng PIN ng WPS**, pagkatapos ay ipasok ang PIN na lumalabas sa device na may suporta sa WPS.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang palitn ang pangalan o i-secure ang iyong portable hotspot

1. Mula sa Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Higit pa** > **Tethering & portable hotspot**.
3. Tapikin ang **Setting ng portable na Wi-Fi hotspot** > **Ikumpigura ang Wi-Fi hotspot**.
4. Ipasok ang **Pangalan ng network (SSID)** para sa network.
5. Para pumili ng uri ng seguridad, tapikin ang field na **Seguridad**.
6. Kung kailanganin, ipasok ang password.
7. Tapikin ang **I-save**.

## Pagkontrol sa paggamit ng data

Maaari mong subaybayan ang dami ng data na inililipat sa at mula sa iyong device sa iyong koneksyon ng data sa mobile o Wi-Fi® sa isang ibinigay na panahon. Halimbawa, maaari mong tingnan ang dami ng data na ginagamit ng mga indibidwal na application. Para sa data na inilipat sa iyong koneksyon ng data sa mobile, maaari ka ring magtakda ng mga babala at limitasyon sa paggamit ng data upang makaiwas sa mga karagdagang pagsingil.

! Maaari kang matulungan ng pag-adjust sa mga setting ng paggamit ng data na magkaroon ng higit na kontrol sa paggamit ng data, ngunit hindi nito magagarantiya ang pagpigil sa mga karagdagang pagsingil.

### Upang i-on o isara ang trapiko ng data

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Paggamit ng data**.
3. I-drag ang slider sa tabi ng **Trapiko ng mobile data** upang i-on o isara ang trapiko ng data.

Kapag nakasara ang trapiko ng data, maaari pa ring magtaguyod ng koneksyon sa Wi-Fi®, NFC at Bluetooth®.

### Upang mag-set ng babala sa paggamit ng data

1. Tiyaking naka-on ang trapiko ng mobile data.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Paggamit ng data**.
4. Upang i-set ang antas ng babala, i-drag ang linya ng babala patungo sa gustong value. Makakatanggap ka ng babala ng pag-abiso kapag malapit nang maabot ng dami ng trapiko ng data ang antas na iyong na-set.

### Upang mag-set ng limitasyon sa paggamit ng data

1. Tiyaking naka-on ang trapiko ng mobile data.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Paggamit ng data**.
4. I-drag ang slider pakanan sa tabi ng **I-limit ang mobile data usage**, at tapikin ang **OK**.
5. Upang i-set ang limitasyon sa paggamit ng mobile data, i-drag ang nauugnay na linya patungo sa gustong value.

! Kapag naabot na ng iyong paggamit ng mobile data ang naka-set na limitasyon, awtomatikong ma-o-off ang trapiko ng mobile data sa iyong device.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang kontrolin ang paggamit ng data ng mga indibidwal na application

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Paggamit ng data**.
3. Tapikin ang application na gusto mong kontrolin, pagkatapos ay i-drag ang slider sa tabi ng **Paghigpit app background data** pakanan at tapikin ang **OK**.
4. Upang mag-access ng mga mas partikular na setting para sa application (kung available), tapikin ang **Mga setting ng app** at gawin ang mga gustong pagbabago.

Maaaring maapektuhan ang pagganap ng mga indibidwal na application kung babaguhin mo ang mga nauugnay sa setting ng paggamit ng data.

### Upang tingnan ang iyong paggamit ng data

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Paggamit ng data**.
3. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Ipakita ang Wi-Fi**.
4. Upang tumingin ng impormasyon tungkol sa dami ng data na inililipat sa pamamagitan ng WI-Fi®, tapikin ang tab na **Wi-Fi**.
5. Upang tingnan ang impormasyon tungkol sa dami ng data na inililipat sa pamamagitan ng koneksyon ng mobile data, tapikin ang tab na **Mobile**.

## Pagpili ng mga mobile network

Awtomatikong lumilipat ang iyong device sa pagitan ng mga mobile network depende sa kung aling mga mobile network ang available kung nasaan ka. Maaari mo ring manu-manong itakda ang iyong device na gumamit ng isang partikular na mode ng mobile network, halimbawa, LTE, WCDMA o GSM.

Ipinapakita ang iba't ibang icon ng katayuan sa status bar depende sa uri o mode ng network kung saan nakakonekta ka. Sumangguni sa *Mga status icon* sa page na 26 upang makita ang hitsura ng iba't ibang icon ng katayuan.

### Upang pumili ng mode ng network

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Mga mobile network**.
3. Tapikin ang **Gustong uri ng network**, pagkatapos ay piliin ang isang network mode.

### Upang manu-manong pumili ng isa pang network

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Mga mobile network** > **Mga network operator**.
3. Tapikin ang **Mode sa paghahanap**, pagkatapos ay piliin ang **Manu-mano**.
4. Pumili ng network.

**!** Kung manu-mano kang pipili ng network, hindi maghahanap ang iyong device ng iba pang mga network, kahit na umalis ka sa sakop ng network na manu-manong pinili.

### Upang isaaktibo ang awtomatikong pagpili ng network

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Mga mobile network** > **Mga network operator**.
3. Tapikin ang **Mode sa paghahanap**, pagkatapos ay piliin ang **Awtomatiko**.

## Mga virtual private network (mga VPN)

Gamitin ang iyong device upang kumonekta sa mga virtual private network (mga VPN), na nagbibigay-daan sa iyong i-access ang mga mapagkukunan sa loob ng isang secured na lokal na network mula sa isang pampublikong network. Halimbawa, ang mga VPN na koneksyon ay karaniwang ginagamit ng mga korporasyon at institusyon sa pag-aaral para sa mga gumagamit na kailangan ng access sa mga intranet at iba pang



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

panloob na mga serbisyo kapag sila ay nasa labas ng panloob na network, halimbawa, habang nasa biyahe sila.

Maaaring ma-set up sa maraming paraan ang mga koneksyong VPN, depende sa network. Maaaring hilingin sa iyo ng ilang mga network na maglipat at mag-install ng security certificate sa iyong device. Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa paano i-set up ang koneksyon sa iyong virtual private network, makipag-contact sa network administrator ng iyong kumpanya o organisasyon.

### Upang magdagdag ng virtual private network

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **VPN**.
3. Tapikin ang **+**.
4. Piliin ang uri ng VPN na idaragdag.
5. Ipasok ang iyong mga setting ng VPN.
6. Tapikin ang **I-save**.

### Upang kumonekta sa isang virtual private network

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **VPN**.
3. Sa listahan ng mga available na network, tapikin ang VPN na gusto mong konektahan.
4. Ipasok ang kailangang impormasyon.
5. Tapikin ang **Kumonekta**.

### Upang idiskonekta mula sa virtual private network

1. I-drag paibaba ang status bar.
2. Tapikin ang pag-abiso para ang koneksyong VPN ay magsara.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Pag-synchronize ng data sa iyong device

## Pag-syncronize sa mga online na account

I-synchronize ang iyong device sa mga contact, email, mga kaganapan sa kalendaryo at iba pang impormasyon mula sa mga online na account, halimbawa, mga email account gaya ng Gmail™ at Exchange ActiveSync, Facebook™, Flickr™ at Twitter™. Awtomatiko kang makakapag-synchronize ng data para sa lahat ng account sa pamamagitan ng pag-aktibo sa function na auto-sync. O kaya, magagawa mong i-synchronize nang manu-mano ang bawat account.

### Upang mag-set up ng online na account para sa pag-synchronize

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Tapikin ang **Mga setting** > **Mga Account** > **Magdagdag ng account**, pagkatapos ay piliin ang account na gusto mong idagdag.
3. Sundin ang mga tagubilin upang gumawa ng account, o mag-sign in kung mayroon ka nang account.

### Upang mag-synchronize nang manu-mano sa isang online na account

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕ > **Mga setting** > **Mga Account**.
2. Sa ilalim ng **Mga Account**, piliin ang uri ng account, pagkatapos ay i-tap ang pangalan ng account kung saan mo gustong mag-synchronize. Lalabas ang isang listahan ng mga item na nagpapakita ng kung ano ang maaaring i-synchronize sa account.
3. Tapikin ang mga item na gusto mong i-synchronize.

### Upang mag-alis ng online na account

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕ > **Mga setting** > **Mga Account**.
2. Sa ilalim ng **Mga Account**, piliin ang uri ng account, pagkatapos ay tapikin ang pangalan ng account na gusto mong alisin.
3. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Alisin ang account**.
4. Tapiking muli ang **Alisin ang account** upang kumpirmahin.

## Pag-synchronize sa Microsoft® Exchange ActiveSync®

Gamit ang isang Microsoft Exchange ActiveSync account, direkta mong maa-access ang iyong mga pangkumpanyang mensaheng email, appointment sa kalendaryo at contact sa iyong device. Pagkatapos ng pag-setup, mahahanap mo ang iyong impormasyon sa **Email**, **Kalendaryo** at **Mga Contact** na mga application.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang mag-set up ng EAS account para sa pag-synchronize

1. Tiyaking nasa iyo ang mga available na detalye ng iyong domain at server (na ibinigay ng administrator ng iyong pangkumpanyang network).
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Tapikin ang **Mga setting** > **Mga Account** > **Magdagdag ng account** > **Exchange ActiveSync**.
4. Ipasok ang iyong pangkumpanyang email address at password.
5. Tapikin ang **Susunod**. Sisimulan ng iyong device na kunin ang impormasyon ng iyong account. Kung pumalya ito, manu-manong ipasok ang mga detalye ng domain at server para sa iyong account at pagkatapos ay tapikin ang **Susunod**.
6. Tapikin ang **OK** upang payagan ang iyong pangkumpanyang server na kontrolin ang iyong device.
7. Piliin kung anong data ang gusto mong i-sync sa iyong device, gaya ng mga contact at mga entry sa kalendaryo.
8. Kung gugustuhin, i-aktibo ang administrator ng device upang payagan ang iyong pangkumpanyang server na kontrolin ang ilang feature ng seguridad sa iyong device. Halimbawa, maaari mong payagan ang iyong pangkumpanyang server na mag-set ng mga tuntunin sa password at mag-set ng pag-encrypt ng storage.
9. Kapag tapos na ang pag-setup, magpasok ng pangalan para sa pangkumpanyang account.

! Kapag binago mo ang password sa pag-log in para sa isang EAS account sa iyong computer, kailangan mong mag-log in muli sa EAS account sa iyong device.

### Upang baguhin ang mga setting ng isang EAS account

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Tapikin ang **Email**, pagkatapos ay tapikin ang ⋮.
3. Tapikin ang **Mga Setting** at pumili ng EAS account, pagkatapos ay baguhin ang mga setting ng EAS account ayon sa kagustuhan.

### Upang mag-set ng pagitan ng synchronization para sa isang EAS account

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Tapikin ang **Email**, pagkatapos ay tapikin ang ⋮.
3. Tapikin ang **Mga Setting** at pumili ng EAS account.
4. Tapikin ang **Suriin ang dalas** > **Suriin ang dalas** at pumili ng opsyon sa pagitan.

### Upang mag-alis ng EAS account

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕ > **Mga setting** > **Mga Account**.
2. Sa ilalim ng **Mga Account**, tapikin ang **Exchange ActiveSync**, at pagkatapos ay piliin ang EAS account na gusto mong alisin.
3. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Alisin ang account**.
4. Tapiking muli ang **Alisin ang account** upang kumpirmahin.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Mga pangunahing setting

## Mga setting ng pag-access

Tingnan at baguhin ang mga setting para sa iyong device mula sa menu ng Mga Setting. Naa-access ang menu ng Mga Setting mula sa screen ng Application at panel ng Quick settings.

### Upang buksan ang menu ng mga setting ng device mula sa screen ng Application

1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2 Tapikin ang **Mga setting**.

### Upang tumingin ng impormasyon tungkol sa iyong device

1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tungkol sa telepono**.

### Upang buksan ang panel ng Mga mabilisang setting

- Gamit ang dalawang daliri, i-drag ang status bar pababa.

### Upang piliin kung aling mga setting ang ipapakita sa panel ng Mga mabilisang setting

1 Gamit ang dalawang daliri, i-drag ang status bar pababa, pagkatapos ay tapikin ang .
2 Sa bar sa ibaba ng screen, i-touch at i-hold ang icon para sa mabilisang setting na gusto mong idagdag, pagkatapos ay i-drag at i-drop ito sa itaas na bahagi ng screen.

### Upang baguhin ang ayos panel ng Mga mabilisang setting

1 Gamit ang dalawang daliri, i-drag ang status bar pababa, pagkatapos ay tapikin ang .
2 I-touch at tagalan ang isang icon, pagkatapos ay ilipat sa gustong posisyon.

## Tunog, ringtone at volume

Maa-adjust mo ang volume ng ringtone para sa mga papasok na tawag at pagpapaalam gayundin para sa pag-playback ng musika at video. Maaari mong i-set sa silent mode ang device at magpasya kung gaano katagal mananatili sa silent mode ang iyong device nang manu-mano. Maaari mo ring i-preset kung kailan awtomatikong mapupunta sa silent mode ang iyong device.

### Upang i-adjust ang volume ng ringtone gamit ang volume key

- Pindutin ang volume key nang pataas o pababa.

### Upang i-adjust ang volume ng nagpe-play na media gamit ang volume key

- Kapag nagpe-play ng musika o nanonood ng video, pindutin ang volume key pataas o pababa kahit na naka-lock ang screen.

### Upang i-on ang vibrate mode

- Pindutin ang volume key down o up hanggang sa lumabas ang  sa status bar.

### Upang isaaktibo ang silent mode

1 Pindutin ang volume key hanggang sa lumabas ang  sa status bar.
2 Pumili ng agwat ng panahon.

### Mga opsyon ng setting ng silent mode

| | |
|---|---|
| **Walang oras ng tapos** | Panatilihing tahimik ang device hanggang sa manu-mano mong i-on ulit ang tunog. |



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

| | |
|---|---|
| **Sa loob ng isang oras** | Panatilihing tahimik ang device nang isang oras. Maaari mong tapikin ang icon na minus at plus upang i-adjust ang haba. |

### Upang iiskedyul ang mga agwat ng panahon ng silent mode

1. Pindutin ang volume key hanggang sa lumabas ang ⃠ sa status bar.
2. Tapikin ang ⚙.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Araw** at markahan ang mga checkbox para sa mga nauugnay na araw, pagkatapos ay tapikin ang **Tapos na**.
4. Upang i-adjust ang simulang oras, tapikin ang **Oras ng pagsisimula** at pumili ng value, pagkatapos ay tapikin ang **OK**.
5. Upang i-adjust ang oras ng tapos, tapikin ang **Oras ng pagtatapos** at pumili ng value, pagkatapos ay tapikin ang **OK**. Nananatili sa silent mode ang iyong device sa napiling agwat ng panahon.

## Pagse-set ng mga pagbubukod para sa silent mode

Maaari mong piliin kung aling mga uri ng notification ang pinapayagang tumunog sa silent mode at maaari kang mag-filter ng mag pagbubukod batay sa kung kanino nanggagaling ang mga notification. Kasama sa mga pinakakaraniwang uri ng mga pagbubukod ang:

- Mga kaganapan at paalala
- Mga Tawag
- Mga Mensahe
- Mga Alarm

### Upang payagan ang mga pagbubukod na tumunog sa silent mode

1. Pindutin ang volume key hanggang sa lumabas ang ⃠ sa status bar.
2. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Payagan ang mga pagbubukod**.

### Upang mag-set ng mga notification bilang mga pagbubukod sa silent mode

1. Pindutin ang volume key hanggang sa lumabas ang ⃠ sa status bar.
2. Tapikin ang ⚙.
3. Sa ilalim ng **Mga exception sa silent mode**, i-drag ang mga nauugnay na slider pakanan.

### Upang mag-ugnay ng mga pagbubukod sa mga partikular na uri ng contact

1. Pindutin ang volume key hanggang sa lumabas ang ⃠ sa status bar.
2. Tapikin ang ⚙.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga tawag/mensahe mula kay**.
4. Pumili ng opsyon.

### Upang payagan ang mga alarm na tumunog sa silent mode

1. Pindutin ang volume key hanggang sa lumabas ang ⃠ sa status bar.
2. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Payagan ang alarm**.

### Upang payagan ang mga pagbubukod na tumunog sa isang naka-preset na agwat ng panahon ng silent mode

1. Pindutin ang volume key hanggang sa lumabas ang ⃠ sa status bar.
2. Tapikin ang ⚙.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Mga Pagbubukod**.

### Upang i-adjust ang lakas ng volume

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tunog & notification**.
3. I-drag ang mga volume slider patungo sa mga gustong posisyon.

! Maaari mo ring pindutin ang volume key pataas o pababa at pagkatapos ay tapikin ang ☰ upang i-adjust ang lakas ng volume ng ringtone, media playback o alarm nang hiwa-hiwalay.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang i-set ang iyong device na mag-vibrate para sa mga papasok na tawag

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tunog & notification**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Mag-vibrate din para sa mga tawag**.

### Upang mag-set ang ringtone

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tunog & notification** > **Ringtone ng telepono**.
3. Pumili ng opsyon mula sa listahan o tapikin ang ♫ at pumili ng music file na naka-save sa iyong device.
4. Upang kumpirmahin, tapikin ang **Tapos na**.

### Upang pumili ng tunog ng notification

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tunog & notification** > **Tunog notification**.
3. Pumili ng opsyon mula sa listahan o tapikin ang ♫ at pumili ng music file na naka-save sa iyong device.
4. Upang kumpirmahin, tapikin ang **Tapos na**.

Ang ilang application ay may sariling partikular na tunog ng notification na maaari mong piliin sa mga setting ng application.

### Upang paganahin ang mga touch tone

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tunog & notification** > **Iba pang mga tunog**.
3. I-drag pakanan ang mga slider sa tabi ng **Mga tone ng dialpad** at **Mga tunog sa pagpindot**.

## Proteksyon sa SIM card

Maaari mong i-lock at i-unlock ang bawat SIM card na ginagamit mo sa iyong device gamit ang isang PIN (Personal Identity Number). Kapag na-lock ang isang SIM card, poprotektahan laban sa maling paggamit ang subscription na naka-link sa card, nangangahulugan na kailangan mong magpasok ng PIN sa tuwing bubuksan mo ang iyong device.

Kung ipinasok mo nang mali ang PIN nang mas maraming beses kaysa sa maximum na bilang ng mga pagsubok na pinapayagan, maba-block ang iyong SIM card. Pagkatapos ay kailangan mong ipasok ang iyong PUK (Personal Unblocking Key) at isang bagong PIN. Ibinibigay ng iyong operator ng network ang iyong PIN at PUK.

### Upang mag-set up ng SIM card lock

1. Mula sa Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-set up ang lock ng SIM card**.
3. Markahan ang checkbox na **I-lock ang SIM card**.
4. Ipasok ang PIN ng SIM card at tapikin ang **OK**. Ang SIM card lock ay aktibo na ngayon at ipo-prompt kang ipasok ang lock na ito sa bawat pagkakataong ire-restart mo ang device.

### Upang alisin ang isang SIM card lock

1. Mula sa Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-set up ang lock ng SIM card**.
3. Alisan ng marka ang checkbox na **I-lock ang SIM card**.
4. Ipasok ang PIN ng SIM card at tapikin ang **OK**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang baguhin ang PIN ng SIM card

1. Mula sa Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-set up ang lock ng SIM card**.
3. Tapikin ang **Baguhin ang SIM PIN**.
4. Ipasok ang lumang PIN ng SIM card at tapikin ang **OK**.
5. Ipasok ang bagong PIN ng SIM card at tapikin ang **OK**.
6. I-type muli ang bagong PIN ng SIM card at tapikin ang **OK**.

### Upang i-unlock ang isang na-block na SIM card gamit ang PUK code

1. Ipasok ang PUK code at tapikin ang ✓.
2. Magpasok ng bagong PIN code at tapikin ang ✓.
3. Muling ipasok ang bagong PIN code at tapikin ang ✓.

! Kung nagpasok ka ng maling PUK nang maraming beses, kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong network operator upang makakuha ng bagong SIM card.

## Mga setting ng screen

### Upang i-adjust ang liwanag ng screen

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Display** > **Antas ng brightness**.
3. I-drag ang slider upang i-adjust ang liwanag.

Pinapahusay ng pagbababa ng antas ng liwanag ang pagganap ng baterya.

### Upang i-set ang screen na mag-vibrate kapag na-touch

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tunog & notification** > **Iba pang mga tunog**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Mag-vibrate sa pagpindot**. Magba-vibrate ngayon ang screen kapag iyong tinapik ang mga soft key at ilang application.

### Upang ayusin ang idle time bago mag-off ang screen

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Display** > **Sleep**.
3. Pumili ng opsyon.

Upang mabilis na i-off ang screen, pindutin nang sandali ang power key ⏻.

## Pagpi-pin sa screen

Gamitin ang pagpi-pin sa screen upang itakda ang iyong device na magpakita lang ng s creem para sa partikular na application. Halimbawa, kung naglalaro ka at aksidente mong napindot ang key ng Home navgation, pipigilan ng tampok na pagpi-pin sa screen ang pagmi-minimize ng screen ng aktibong app ng laro. Maaari mo ring gamitin ang tampok na ito kapag ipinahiram mo ang iyong device sa ibang tao upang gawing mas mahirap para sa kanila ang pag-access ng higit sa isang application. Halimbawa, maaari mong ipahiram ang iyong device sa isang tao upang kumuha ng litrato at i-pin ang screen sa application ng Camera nang sa gayon ay hindi magagawang madaling gamitin ng taong iyon ang iba pang apps tulad ng Email.

! Hindi isang tampok na panseguridad ang pagpi-pin sa screen at hindi tuluyang pumipigil sa ibang user sa pag-a-unpin ng isang screen at pag-a-access sa iyong device. Upang protektahan ang iyong data, dapat mong itakda ang iyong device na humiling ng isang PIN, password o pattern ng lock ng screen bago maaaring i-unpin ng isang tao ang screen.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang isaaktibo ang pagpi-pin ng screen

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Pag-pin ng screen**.
3. I-drag pakanan ang slider.
4. Kung hindi ka pa nagse-set up ng pattern, PIN o password na lock ng screen sa iyong device, i-drag ang slider sa tabi ng **I-lock ang device kapag nag-a-unpin** patungo sa kanan at pagkatapos ay pumili ng opsyon. Kung naka-enable na sa iyo ang lock ng screen, i-drag ang slider upang isaaktibo ang nauugnay na opsyong panseguridad pagkatapos mong iaktibo ang pag-pin sa screen.

Hindi kailangan ang isang pattern, PIN o password para gumana ang pagpi-pin sa screen.

### Upang i-pin ang isang screen

1. Tiyaking nakaaktibo ang pagpi-pin ng screen sa iyong device.
2. Magbukas ng app at pumunta sa screen na gusto mong i-pin.
3. Tapikin ang .
4. Upang ipakita ang icon ng pagpi-pin sa screen , mag-swipe pataas.
5. Tapikin ang .
6. Sa lalabas na popup window, tapikin ang **Nakuha ko**.

### Upang alisin sa pagkaka-pin ang isang screen

1. Sa naka-pin na screen, i-touch at tagalan ang  at  nang sabay.
2. I-release ang parehas na pindutan.

Kung napili mo ang opsyon sa seguridad noong na-activate mo ang function ng pagpi-pin sa 1screen, kailangan mong ipasok ang iyong pattern, PIN o password upang i-unlock ang device bago maalis sa pagkaka-pin ang screen.

## Daydream

Ang Daydream ay isang interactive screen saver na awtomatikong nagpapakita ng mga kulay, larawan o slideshow habang naka-dock o tina-charge ang iyong device at naka-off ang screen.

### Upang isaaktibo ang Daydream screen saver

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang  .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Display** > **Daydream**.
3. I-drag pakanan ang slider.

### Upang pumili ng nilalaman para sa Daydream screen saver

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang  .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Display** > **Daydream**.
3. I-drag pakanan ang slider.
4. Piliin kung anong gusto mong ipakita kapag aktibo ang screen saver.

### Upang i-set kung kailan magsisimula ang Daydream screen saver

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang  .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Display** > **Daydream**.
3. I-drag pakanan ang slider.
4. Upang agad na i-aktibo ang Daydream screen saver, tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Magsimula ngayon**.
5. Upang mag-set ng awtomatikong opsyon sa pag-aktibo, tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Kailan magde-daydream** at piliin ang opsyon.

## Lock ng screen

Maraming paraan upang i-lock ang screen. Ang antas ng seguridad ng bawat uri ng lock ay nakalista sa ibaba sa ayos ng pinakamahina hanggang pinakamatatag:

- Mag-swipe – walang proteksyon, ngunit mayroon kang mabilis na access sa Home screen



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

- Pattern – gumuhit ng simpleng pattern gamit ang iyong daliri upang i-unlock ang iyong device
- PIN – magpasok ng numerong PIN na hindi bababa sa apat na digit upang i-unlock ang iyong device
- Password – magpasok ng alpha-numeric na password upang i-unlock ang iyong device

! Napakahalaga na naaalala mo ang pattern sa pag-unlock ng screen, PIN o password. Kapag nalimutan mo ang impormasyong ito, maaaring hindi na posible na maibalik ang mahalagang data gaya ng mga contact at mga mensahe.

! Kung nag-set up ka ng Microsoft® Exchange ActiveSync® (EAS) account sa iyong Xperia™ device, maaaring limitahan ng mga setting ng seguridad ng EAS ang uri ng screen ng lock sa iisang PIN o password lang. Nagaganap ito kapag tinutukoy ng iyong network administrator ang isang partikular na screen ng lock para sa lahat ng EAS account para sa mga dahilang panseguridad ng enterprise. Makipag-contact sa network administrator ng iyong kumpanya o organisasyon upang i-check kung anong mga patakarang panseguridad sa network ang ipinapatupad para sa mga mobile device.

### Upang baguhin ang uri ng lock ng screen

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ⊕ .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-screen lock**.
3. Sundin ang mga tagubilin sa iyong device at pumili ng isa pang uri ng lock ng screen.

### Upang gumawa ng pattern sa pag-lock ng screen

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ⊕ .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-screen lock** > **Pattern**.
3. Sundin ang mga tagubilin sa iyong device.

! Kung tinanggihan ang iyong pattern sa pag-lock nang limang beses na sunud-sunod kapag sinusubukan mong i-unlock ang iyong device, dapat kang maghintay ng 30 segundo pagkatapos ay subukang muli.

### Upang palitan ang pattern sa pag-lock ng screen

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ⊕ .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-screen lock**.
3. Iguhit ang iyong pattern sa pag-unlock ng screen.
4. Tapikin ang **Pattern** at sundin ang mga tagubilin sa iyong device.

### Upang gumawa ng PIN sa pag-lock ng screen

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕ .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-screen lock** > **PIN**.
3. Maglagay ng numeric na PIN at tapikin ang **Magpatuloy**.
4. Ilagay muli at kumpirmahin ang iyong PIN, pagkatapos ay tapikin ang **OK**.
5. Sundin ang mga tagubilin sa iyong device.

### Upang gumawa ng password para sa screen lock

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-screen lock** > **Password**.
3. Maglagay ng isang password, pagkatapos ay tapikin ang **Magpatuloy**.
4. Ilagay muli at kumpirmahin ang iyong password, pagkatapos ay tapikin ang **OK**.
5. Sundin ang mga tagubilin sa iyong device.

### Upang isaaktibo ang pagpapaganang Swipe unlock

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **I-screen lock**.
3. Iguhit ang iyong pattern sa pag-unlock ng screen, o ipasok ang iyong PIN o password kung pinapagana ang isa sa mga uri ng lock ng screen na ito.
4. Tapikin ang **I-swipe**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

## Awtomatikong ina-unlock ang iyong device

Pinapadali ng feature ng Smart Lock ang pag-unlock sa iyong device sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa iyong i-set ito na awtomatikong mag-unlock sa ilang partikular na sitwasyon. Maaari mong panatilihing naka-unlock ang iyong device, halimbawa, kapag nakakonekta ito sa isang Bluetooth® device o kung dala mo ito.

Upang ihanda ang iyong device na awtomatikong mag-unlock, kailangan mo munang isagawa ang mga sumusunod na hakbang sa pagkakasunod na ibinigay:

- Tiyaking mayroon kang aktibong koneksyon sa Internet, mas maganda kung isang koneksyon sa Wi-Fi® upang limitahan ang mga singil sa trapiko ng data.
- Tiyaking naka-update ang lahat ng iyong app gamit ang Play Store™ application upang matiyak na naka-update ang Google Play™ services app. Tinitiyak ng pagkakaroon ng naka-update na Google Play™ services app na maaari mo nang gamitin ang mga pinakabagong feature ng Smart Lock.
- I-enable ang Smart Lock.
- I-set kung kailan mo gustong awtomatikong i-unlock ang iyong device.

! Ang feature ng Smart Lock ay dine-develop ng Google™ at ang eksaktong functionality ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon dahil sa mga update mula sa Google™.

! Maaaring hindi available ang feature ng Smart Lock sa bawat, bansa o rehiyon.

### Upang i-enable ang Smart Lock

1. Tiyaking nag-set ka ng pattern, PIN o password para sa iyong lock ng screen.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Mga trust agent**.
4. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Smart Lock (Google)**.
5. Tapikin ang arrow na bumalik sa tabi ng **Mga trust agent**.
6. Hanapin at tapikin ang **Smart Lock**.
7. Ipasok ang iyong pattern, PIN o password. Kailangan mong ipasok ang lock ng screen na ito anumang oras na gusto mong baguhin ang iyong mga setting ng Smart Lock.
8. Pumili ng uri ng Smart Lock.

## Pag-set sa kung kailan papanatilihing awtomatikong naka-unlock ang device

Maaari mong i-set ang Smart Lock na panatilihing naka-unlock ang iyong device gamit ang mga sumusunod na setting:

- **Mga pinagkakatiwalaang device** — Panatilihing naka-unlock ang iyong device kapag may pinagkakatiwalaang Bluetooth® device na nakakonekta.
- **Mga pinagkakatiwalaang lugar** — Panatilihing naka-unlock ang iyong device kapag ikaw ay nasa isang pinagkakatiwalaang lokasyon.
- **On-body na pag-detect** — Panatilihing naka-unlock ang iyong device kapag ikaw ay nasa isang pinagkakatiwalaang lokasyon.

Kailangan mong manu-manong i-unlock ang iyong device kapag hindi mo ito ginamit nang 4 na oras at pagkatapos mo itong i-restart.

## Pagkonekta sa mga pinagkakatiwalaang Bluetooth® device

Maaari mong italaga ang isang nakakonektang Bluetooth® device bilang isang "pinagkakatiwalaang" device at panatilihing naka-unlock ang iyong Xperia™ device kapag nakakonekta ito rito. Kaya, kung mayroon kang mga Bluetooth® device na regular mong ikinokonekta, halimbawa, isang car speaker o home entertainment system, isang Bluetooth® watch o isang fitness tracker, maaari mong idagdag ang mga iyon bilang mga pinagkakatiwalaang device at i-bypass ang karagdagang seguridad ng isang lockscreen para makatipid ng oras. Naaangkop ang feature na ito kung ikaw ay normal na nasa isang secure na lugar kapag ginagamit mo ang mga device na ito. Sa ilang



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

pagkakataon, maaaring kailangan mo pa ring manu-manong i-unlock ang iyong device bago makonekta ang isang pinagkakatiwalaang device.

! Hindi inirerekomendang magdagdag ng mga device na palaging nakakonekta sa iyong device bilang mga pinagkakatiwalaang device, halimbawa, mga Bluetooth® keyboard o case.

Sa sandaling na-off na ang pinagkakatiwalaang Bluetooth® device, o wala na ito sa range, nagla-lock ang iyong screen at kailangan mo ang iyong PIN, pattern o password para ma-unlock ito.

### Upang magdagdag ng pinagkakatiwalaang Bluetooth® device

1. Tiyaking nakapares at nakakonekta ang iyong device sa Bluetooth® device na gusto mong idagdag bilang isang pinagkakatiwalaang device.
2. Sa menu ng Smart Lock, tapikin ang **Mga pinagkakatiwalaang device**.
3. Tapikin ang **Magdagdag ng pinagkakatiwalaang device** > **Bluetooth**.
4. Tapikin ang pangalan ng isang device upang piliin ito mula sa listahan ng mga nakakonektang device. Mga nakapares na device lang ang lumalabas sa listahang ito.
5. Depende sa seguridad ng iyong koneksyon, maaaring kailanganin mong manu-manong i-unlock ang iyong device bago mapanatili itong naka-unlock ng pinagkakatiwalaang device.

### Upang mag-alis ng pinagkakatiwalaang Bluetooth® device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** > **Mga pinagkakatiwalaang device**.
3. Tapikin ang device na nais mong alisin.
4. Tapikin ang **Mag-alis ng pinagkakatiwalaang device**.

## Siguraduhing secure ka kapag gumagamit ng mga pinagkakatiwalaang device

Sinusuportahan ng iba't ibang Bluetooth® device ang iba't ibang standard ng Bluetooth® at kakayahang panseguridad. May posibilidad na maaaring panatilihin ng isang tao na naka-unlock ang iyong Xperia™ device sa pamamagitan ng paggaya sa iyong koneksyon sa Bluetooth®, kahit na wala na sa paligid ang iyong pinagkakatiwalaang device. Hindi palaging natutukoy ng iyong device kung secure ang iyong koneksyon laban sa pagsubok ng isang tao na gayahin ito.

Kapag hindi matukoy ng iyong device na gumagamit ka ng secure na koneksyon, makakakuha ka ng notification sa iyong Xperia™ device at maaaring kailangan mo itong manu-manong i-unlock bago ito mapapanatiling naka-unlock ng pinagkakatiwalaang device.

Maaaring mag-iba-iba ang range ng pagkakakonekta sa Bluetooth® depende sa mga salik tulad ng modelo ng iyong device, ng nakakonektang Bluetooth® device, at ng iyong kapaligiran. Depende sa mga salik na ito, maaaring gumana ang mga koneksyon sa Bluetooth® nang hanggang 100 metro ang layo. Kung kukunin ng isang tao ang iyong Xperia™ device habang malapit ito sa isang pinagkakatiwalaang device, maaari nilang ma-access ang iyong Xperia™ device kung na-unlock ito ng pinagkakatiwalaang device.

## Pagkonekta sa mga pinagkakatiwalaang lugar

Kapag naka-set up ang feature ng Mga pinagkakatiwalaang lugar, dini-disable ang seguridad ng lock screen sa iyong Xperia™ device kapag ikaw ay nasa isang itinalagang pinagkakatiwalaang lokasyon. Upang gumana ang feature na ito, dapat ay mayroon kang koneksyon sa Internet (mas maganda kung Wi-Fi®) at dapat mong payagan ang iyong device na gamitin ang kasalukuyan mong lokasyon.

Upang mag-set up ng mga pinagkakatiwalaang lugar, tiyakin munang naka-enable ang high accuracy location mode o battery-saving location mode sa iyong device bago ka magdagdag ng lokasyon ng bahay o mga custom na lokasyon.

! Ang mga eksaktong dimensyon ng isang pinagkakatiwalaang lokasyon ay isang pagtatantiya at maaaring lumagpas sa mga pisikal na pader ng iyong bahay o ng iba pang lugar na



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

idinagdag mo bilang isang pinagkakakatiwalaang lokasyon. Maaaring panatilihin ng feature na ito na naka-unlock ang iyong device sa loob ng radius na hanggang 80 metro. Gayundin, alalahanin na maaaring gayahin o manipulahin ang mga signal ng lokasyon. Ang iyong device ay maaaring i-unlock ng isang taong may access sa espesyal na kagamitan.

### Upang idagdag ang lokasyon ng iyong bahay

1. Tiyaking naka-on ang location mode at ginagamit mo ang setting na **Napakatumpak** o **Pagtitipid ng baterya**.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** >**Mga pinagkakatiwalaang lugar** > **Home**.
4. Tapikin ang **I-on ang lokasyong ito**.

### Upang i-edit ang lokasyon ng iyong bahay

1. Tiyaking naka-on ang location mode at ginagamit mo ang setting na **Napakatumpak** o **Pagtitipid ng baterya**.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** > **Mga pinagkakatiwalaang lugar**.
4. Piliin ang lokasyon ng iyong bahay.
5. Tapikin ang **I-edit**.
6. Sa bar ng paghahanap, ipasok ang lokasyong gusto mong gamitin bilang lokasyon ng iyong bahay.

Kung ang iyong bahay ay may maraming gusali na may parehong address, ang pinagkakatiwalaang lugar na gusto mong idagdag ay maaari maiba sa aktwal na address. Upang paigtingin ang katumpakan ng lokasyon, maaari mong idagdag ang aktwal na lokasyon ng iyong bahay sa loob ng building complex bilang isang custom na lugar.

### Upang alisin ang lokasyon ng iyong bahay

1. Tiyaking naka-on ang location mode at ginagamit mo ang setting na **Napakatumpak** o **Pagtitipid ng baterya**.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** >**Mga pinagkakatiwalaang lugar** > **Home**.
4. Tapikin ang **I-off ang lokasyong ito**.

## Paggamit ng mga custom na lokasyon

Maaari kang magdagdag ng anumang lokasyon bilang pinagkakatiwalaang custom na lugar kung saan mananatiling naka-unlock ang iyong device.

### Upang magdagdag ng custom na lugar

1. Tiyaking naka-on ang location mode at ginagamit mo ang setting na **Napakatumpak** o **Pagtitipid ng baterya**.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** > **Mga pinagkakatiwalaang lugar**.
4. Tapikin ang **Magdagdag ng pinagkakatiwalaang lugar**.
5. Upang gamitin ang kasalukuyan mong lokasyon bilang isang pinagkakatiwalaang custom na lugar, tapikin ang **Piliin ang lokasyong ito**.
6. Bilang alternatibo, upang magpasok ng ibang lokasyon, tapikin ang icon ng magnifying glass at i-type ang address. Hinahanap ng iyong device ang napasok na lokasyon. Upang gamitin ang mga iminumungkahing address, tapikin ang address.
7. Upang pinuhin ang lokasyon, tapikin ang arrow na pabalik sa tabi ng address, pagkatapos ay i-drag ang pin ng lokasyon patungo sa ninanais na lokasyon, at tapikin ang **Piliin ang lokasyong ito**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang mag-edit ng custom na lugar

1. Tiyaking naka-on ang location mode at ginagamit mo ang setting na **Napakatumpak** o **Pagtitipid ng baterya**.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** > **Mga pinagkakatiwalaang lugar**.
4. Piliin ang lugar na gusto mong i-edit.
5. Tapikin ang **I-edit ang address**.
6. Upang magpasok ng ibang lokasyon, tapikin ang icon ng magnifying glass at i-type ang address. Hinahanap ng iyong device ang napasok na lokasyon. Upang gamitin ang mga iminumungkahing address, tapikin ang address.
7. Upang pinuhin ang lokasyon, tapikin ang arrow na pabalik sa tabi ng address, pagkatapos ay i-drag ang pin ng lokasyon patungo sa ninanais na lokasyon, at tapikin ang **Piliin ang lokasyong ito**.

### Upang mag-alis ng custom na lugar

1. Tiyaking naka-on ang location mode at ginagamit mo ang setting na **Napakatumpak** o **Pagtitipid ng baterya**.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** > **Mga pinagkakatiwalaang lugar**.
4. Piliin ang lugar na gusto mong alisin.
5. Tapikin ang **Tanggalin**.

## Pagpapanatiling naka-unlock ang iyong device habang dala mo ito

Gamit ang feature ng On-body na pag-detect, maaari mong panatilihing naka-unlock ang iyong device kapag dala mo ito, halimbawa, kung hawak mo ito, o kung nasa bulsa o bag mo ito. Pinapanatili ng accelerometer sa iyong device na naka-unlock ang iyong device kapag nararamdaman nitong binibitbit ito. Nagla-lock ang device kapag nade-detect ng accelerometer na ibinaba na ang device.

! Hindi malalaman ng On-body na pag-detect kung kaninong katawan ang nakakonekta. Kung ipapahiram mo ang iyong device sa ibang tao habang naka-unlock ito gamit ang On-body na pag-detect, maaaring manatiling naka-unlock ang iyong device para sa kanya. Tandaan na ang On-body na pag-detect bilang isang feature na panseguridad ay hindi kasing secure ng isang pattern, PIN o password.

### Upang i-enable ang On-body na pag-detect

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** > **On-body na pag-detect**.
3. I-drag ang slider pakanan sa tabi ng **Naka-off**, at tapikin ang **OK**.

## Paggamit sa On-body na pag-detect

Kapag ginagamit mo ang feature ng On-body na pag-detect, kailangan mong alalahanin ang mga sumusunod na pagkilos:

- Kapag nararamdaman ng iyong device na nakalagay ito sa iyong katawan, mananatili itong naka-unlock pagkatapos mo itong i-unlock.
- Anumang oras na ibababa mo ang iyong device at mararamdaman nitong hindi na ito nakalagay sa iyong katawan, awtomatikong nagla-lock ang iyong device.
- Pagkatapos mong ibaba ang iyong device, halimbawa, kung ilalagay mo ito sa isang mesa, maaaring magtagal nang hanggang isang minuto bago mag-lock.
- Pagkatapos mong sumakay sa isang kotse, bus, tren o iba pang mga sasakyang panlupa, maaaring magtagal nang 5 hanggang 10 minuto bago mag-lock ang iyong device.
- Tandaan na kapag sumakay ka sa isang eroplano o isang barko (o iba pang mga sasakyang hindi panlupa), maaaring hindi awtomatikong mag-lock ang iyong device, kaya tiyaking i-lock ito manu-mano kung kinakailangan.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

- Kapag pinulot mo ulit ang iyong device o lumabas ka sa sasakyan, i-unlock lang ito nang isang beses at mananatiling naka-unlock ang iyong device nang kasing tagal na dala mo ito.

### Upang i-off ang On-body na pag-detect

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Smart Lock** > **On-body na pag-detect**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Naka-on**.

## Mga setting ng wika

Maaari kang pumili ng default na wika para sa iyong device at baguhin itong muli sa ibang pagkakataon. Mababago mo rin ang wika sa pagsusulat para sa pag-input ng teksto. Tingnan ang *Pag-personalize sa on-screen keyboard* sa pahinang 56 .

### Upang baguhin ang wika

1. Mula sa Home screen, i-tap ang .
2. Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Wika at input** > **Wika**.
3. Pumili ng isang opsyon.
4. Tapikin ang **OK**.

! Kung pinili mo ang maling wika at hindi mabasa ang mga text ng menu, hanapin at tapikin ang . Pagkatapos ay piliin ang text sa tabi ng , at piliin ang unang entry sa bubukas na menu. Maaari mo nang piliin pagkatapos ang wika na nais mo.

## Petsa at oras

Mababago mo ang petsa at oras sa iyong device.

### Upang manu-manong i-set ang petsa

1. Mula sa Home screen, tapikin ang  .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Petsa at oras**.
3. I-drag ang slider pakaliwa sa tabi ng **Automatic petsa at oras**.
4. Tapikin ang **Magtakda ng petsa**.
5. Mag-scroll pataas at pababa upang piliin ang gustong petsa.
6. Tapikin ang **OK**.

### Upang manu-manong i-set ang oras

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang  .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Petsa at oras**.
3. I-drag ang slider pakaliwa sa tabi ng **Automatic petsa at oras**.
4. Tapikin ang **Magtakda ng oras**.
5. Piliin ang mga nauugnay na value para sa oras at minuto.
6. Tapikin ang **OK**.

### Upang i-set ang time zone

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Petsa at oras**.
3. I-drag ang slider pakaliwa sa tabi ng **Awtomatikong time zone**.
4. Tapikin ang **Pumili ng time zone**.
5. Pumili ng opsyon.

## Pagpapaganda sa tunog

Maaari mong pagandahin ang tunog ng iyong device sa pamamagitan ng manu-manong pagpapagana sa mga indibidwal na setting ng tunog gaya ng Equalizer at Surround sound. Maaari mo ring paganahin ang Dynamic normalizer upang paliitin ang pagkakaiba ng volume sa pagitan ng mga kanta o mga video.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang manu-manong pagandahin ang output ng tunog

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tunog & notification** > **Mga setting ng audio**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **ClearAudio+**.

### Upang manu-manong i-adjust ang mga setting ng tunog

1. Mula sa Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tunog & notification** > **Mga setting ng audio**.
3. I-drag ang slider pakaliwa sa tabi ng **ClearAudio+**.
4. Tapikin ang **Mga sound effect** > **Equalizer**.
5. Baguhin ang mga setting ng tunog sa pamamagitan ng pag-drag ng mga button ng frequency band pataas o pababa.

Walang epekto ang manu-manong pag-a-adjust sa mga setting ng output ng tunog sa mga application na voice communication. Halimbawa, walang pagbabago sa kalidad ng tunog ng voice call.

### Upang mabawasan ang mga pagkakaiba sa volume gamit ang Dynamic normaliser

1. Mula sa Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tunog & notification** > **Mga setting ng audio**.
3. I-drag ang slider pakanan sa tabi ng **Dynamic na normalizer**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Pag-type ng teksto

## On-screen keyboard

Maaari kang magpasok ng teksto sa on-screen QWERTY keyboard sa pamamagitan ng paisa-isang pagtapik sa bawat titik, o maaari mong gamitin ang feature na Pag-input ng gesture at i-slide ang iyong daliri mula sa isang titik patungo sa isa pa para bumuo ng mga salita. Kung mas gusto mong gumamit ng mas maliit na bersyon ng on-screen keyboard at mag-input ng teksto gamit ang isang kamay lang, maaari mong i-aktibo ang isang-kamay na keyboard sa halip.

Maaari kang pumili ng hanggang tatlong wika para sa pag-input ng teksto. Dine-detect ng feature na Smart language detection ang wikang ginagamit mo at hinuhulaan ang mga salita para sa wikang iyon habang nagta-type ka. Awtomatikong binubuksan ng ilang application ang on-screen keyboard, halimbawa, mga application ng email at text messaging.




1 Magtanggal ng character bago ang cursor.

2 Magpasok ng carriage return o kumpirmahin ang pag-input ng teskto.

3 Magpasok ng espasyo.

4 I-personalize ang iyong keyboard. Mawawala ang key na ito pagkatapos ma-personalize ang keyboard.

5 Ipakita ang mga numero at simbolo. Para sa mas marami pang simbolo, tapikin ang +=$.

6 Magpalipat-lipat sa pagitan ng lower-case, upper-case at caps. Para sa ilang wika, ginagamit ang key na ito upang mag-access ng mga dagdag na character sa wika.

### Upang ipakit aang nasa screen na keyboard upang magpasok ng teksto

- I-tap ang field ng text entry.

### Upang gamitin ang on-screen keyboard sa landscape na orientation

- Kapag ipinapakita ang on-screen keyboard, itagilid ang device.

! Maaaring kailangan mong ayusin ang mga setting sa ilang application upang paganahin ang landscape na orientation.

### Upang magpasok ng teksto ayon sa character

1. Upang magpasok ng character na nakikita sa keyboard, tapikin ang character.
2. Upang magpasok ng variant ng character, i-touch nang matagal ang karaniwang character sa keyboard upang makakuha ng listahan ng mga available na opsyon, pagkatapos ay pumili mula sa listahan. Halimbawa, upang ipasok ang "é," i-touch nang matagal ang "e" hanggang sa lumabas ang iba pang mga opsyon, pagkatapos, habang patuloy na nakadiin ang iyong daliri sa keyboard, i-drag patungo sa at piliin ang "é."

### Upang magpasok ng tuldok

- Pagkatapos mong magpasok ng isang salita, tapikin nang dalawang beses ang space bar.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magpasok ng teksto gamit ang function na Gesture na pag-input

1. Kapag ipinapakita ang on-screen keyboard, i-slide ang iyong daliri mula sa bawat titik upang i-trace ang salitang gusto mong isulat.
2. Pagkatapos mong magpasok ng salita, ibitaw ang iyong daliri. Lilitaw ang isang iminumungkahing salita batay sa mga titik na na-trace mo na.
3. Kung hindi lalabas ang salitang gusto mo, tapikin ang upang makakita ng iba pang mga opsyon at pumili ayon dito. Kung hindi lalabas ang ninanais na opsyon, tanggalin ang buong salita at i-trace ito ulit, o ipasok ang salita sa pamamagitan ng pag-tap sa mga indibidwal na titik.

### Upang palitan ang mga setting ng input ng Gesture

1. Kapag ipinakita ang on-screen keyboard, tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting ng keyboard**.
3. Upang i-aktibo o ideaktibo ang Smart na function ng pagkilala ng wika, i-drag ang slider sa tabi ng **Pag-input ng gesture** patungo sa posisyong naka-on o naka-off.


### Upang gamitin ang isang kamay na keyboard

1. Buksan ang on-screen keyboard sa portrait na mode, pagkatapos ay tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Isang kamay na keyboard**.
3. Upang ilipat ang isang kamay na keyboard sa kaliwa o kanang bahagi ng screen, tapikin ang < o > nang naaayon.

Upang bumalik gamit ang buong on-screen keyboard, tapikin ang .

## Phonepad

Pareho ang Phonepad sa karaniwang 12-key na keypad ng telepono. Binibigyan ka ng mapanghulang teksto at multi-tap na input na pagpipilian. Maaari mong isaaktibo ang paraan ng pag-input ng teksto ng Phonepad sa pamamagitan ng mga setting ng keyboard. Available ang Phonepad sa patayong oryentasyon.




1. Pumili ng opsyon sa pag-input ng teksto. Maaari mong tapikin ang bawat karakter nang isang beses at gumamit ng mga mungkahing salita, o magpatuloy sa pagtapik sa key hanggang sa mapili ang nais na karakter.
2. Magtanggal ng character bago ang cursor.
3. Magpasok ng carriage return o kumpirmahin ang pag-input ng teskto.
4. Magpasok ng espasyo.
5. Ipakita ang mga simbolo at smiley.
6. Ipakita ang mga numero.
7. Palitan ang character case at i-on ang caps lock.

### Para buksan ang Phonepad sa unang pagkakataon

1. Tapikin ang isang text entry field, pagkatapos ay tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting ng keyboard**.
3. Tapikin ang **Portrait na keyboard**, pagkatapos ay piliin ang opsyong **Phonepad**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magpasok ng teksto gamit ang Phonepad

- Kapag lumabas ang sa Phonepad, tapikin ang bawat character key nang isang beses lang, kahit na ang titik na gusto mo ay hindi ang unang titik sa key. Tapikin ang salitang lalabas o tapikin ang upang tingnan ang higit pang mga mungkahi ng salita at pumili ng salita mula sa listahan.
- Kapag lumabas ang sa Phonepad, tapikin ang nasa screen na key para sa character na gusto mong ipasok. Tapikin nang tapikin ang button na ito hanggang sa mapili ang gustong character. Pagkatapos ay gawin din ito para sa susunod na character na gusto mong ipasok, at higit pa.

### Upang magpasok ng mga numero gamit ang Phonepad

- Kapag ipinakita ang Phonepad, tapikin ang 123. Lalabas ang isang Phonepad na may mga numero.

### Upang magpasok ng mga simbolo at smiley gamit ang Phonepad

1. Kapag ipinakita ang Phonepad, tapikin ang &☺. Lilitaw ang isang grid na may mga simbolo at smiley.
2. Mag-scroll pataas o pababa upang tumingin ng higit pang mga opsyon. Tapikin ang isang simbolo o smiley upang piliin ito.

## Pagpapasok ng teksto gamit ang voice input

Kapag nagpasok ka ng teksto, maaari mong gamitin ang function na voice input sa halip na i-type ang mga salita. Sabihin lang ang mga salitang gusto mong ipasok. Ang voice input ay isang pang-eksperimentong teknolohiya mula sa Google™, at available ito para sa ilang wika at rehiyon.

### Upang paganahin ang voice input

1. Kapag ipinakita ang on-screen keyboard, tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting ng keyboard**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Key pag-type ng Google™ voice**.
4. Tapikin ang para i-save ang iyong mga setting. May lalabas na icon na mikropono ngayon sa iyong on-screen keyboard.

### Upang magpasok ng teksto gamit ang voice input


1. Buksan ang on-screen keyboard.
2. Tapikin ang . Kapag lumabas ang , magsalita upang magpasok ng teksto.
3. Kapag tapos ka na, tapiking muli ang . Lalabas ang iminumungkahing teksto.
4. Manu-manong i-edit ang teksto kung kinakailangan.

Upang palitawin ang keyboard at manu-manong magpasok ng teksto, tapikin ang .

## Pag-edit ng text

Maaari kang pumili, mag-cut, kumopya at mag-paste ng text habang nagsusulat ka. Maaari mong i-access ang mga tool sa pag-edit sa pamamagitan ng pagtapik nang dalawang beses sa ipinasok na text. Pagkatapos ay magiging available ang mga tool sa pag-edit sa pamamagitan ng isang application bar.

### Application bar




| | |
|---|---|
| 1 | Isara ang application bar |
| 2 | Piliin ang lahat ng teksto |
| 3 | I-cut ang teksto |



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

| | |
|---|---|
| 4 | Kopyahin ang teksto |
| 5 | I-paste ang teksto |

! Lumalabas lang ang 📋 kapag mayroon kang tekstong naka-save sa clipboard.

### Upang pumili ng teksto

1. Magpasok ng ilang teksto, pagkatapos ay tapikin ang teksto nang dalawang beses. Ang salitang iyong tinatapik ay naha-highlight ayon sa mga tab sa parehong mga gilid.
2. I-drag ang mga tab pakaliwa o pakanan upang pumili ng higit pang teksto.

### Para mag-edit ng teksto

1. Magpasok ng ilang teksto, pagkatapos ay tapikin nang dalawang beses ang ipinasok na teksto para palabasin ang application bar.
2. Piliin ang tekstong gusto mong i-edit, pagkatapos ay gamitin ang mga tool sa application bar para gawin ang gusto mong mga pagbabago.

### Upang gamitin ang magnifier

- Kapag nagpapasok ka ng teksto, tapikin at i-hold ang field ng teksto upang tingnan ang teksto na pinalaki at upang ilagay ang cursor kung saan mo ninanais sa loob ng field ng teksto.

## Pag-personalize sa on-screen keyboard

Kapag nagpapasok ng text gamit ang on-screen keyboard, maa-access mo ang mga setting ng isang keyboard at iba pang mga setting ng pag-input ng text na tumutulong sa iyong, halimbawa, mag-set ng mga opsyon para sa mga wika sa pagsusulat, paghuhula ng text at pagwawasto. Maaari kang makakuha ng mga iminungkahing salita para sa isang wika nang paisa-isa sa pamamagitan ng pagde-deactivate sa tampok na Smart language detection.

Maaaring gamtin ng keyboard ng text na isinulat mo sa pagmemensahe at iba pang mga application para malaman ang iyong istilo ng pagsusulat. Mayroon ding Gabay sa pag-personalize na magpapaliwanag sa iyo ng mga pinakapangunahing setting para makapagsimula ka kaagad. Maaari mong piliing gamitin ang iba pang mga keyboard at magpalit-palit ng mga keyboard. Halimbawa, maaari mong piliin ang Xperia™ Chinese keyboard o ang Xperia™ Japanese keyboard.

### Para i-access ang mga setting ng on-screen keyboard

1. Kapag nagpasok ka ng teksto gamit ang on-screen keyboard, tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang ⚙, pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting ng keyboard**, at baguhin ang mga setting ayon sa gusto mo.
3. Upang magdagdag ng wika sa pagsusulat para sa pag-input ng teksto, tapikin ang **Pagsusulat ng mga wika** at markahan ang mga may kaugnayang checkbox.
4. Tapikin ang **OK** upang kumpirmahin.

### Upang baguhin ang mga setting ng pagmungkahi ng salita

1. Kapag nagpasok ka ng teksto gamit ang on-screen keyboard, tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang ⚙, pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting ng keyboard** > **Mga suhestiyon ng salita**.
3. Pumili ng opsyon.

### Upang pumili ng keyboard

1. Kapag naglagay ka ng text gamit ang on-screen na keyboard, tapikin ang ⌨ sa kanang bahagi ng screen sa ibaba.
2. Pumili ng opsyon.

💡 Upang magpagana ng higit pang opsyon ng keyboard, tapikin ang **Pumili ng mga keyboard**, pagkatapos ay i-drag ang mga naaangkop na slider pakanan.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang baguhin ang wika sa pagsusulat gamit ang nasa screen na keyboard

- kapag naglakay ka ng text gamit ang on-screen na keyboard, tapikin ang icon ng wika sa pagsusulat upang magpalit-palit ng mga napiling wika sa pagsusulat. Halimbawa, tapikin ang EN hanggang sa lumabas ang gustong wika sa pagsusulat.

! Magagamit lang ang tampok na ito kung nagdagdag ka ng higit sa isang wika sa pag-input.

### Upang gamitin ang iyong istilo ng pagsusulat

1. Kapag nagpasok ka ng teksto gamit ang on-screen keyboard, tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang ⚙, pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting ng keyboard** > **Gamitin ang aking writing style** at pumili ng pinagmulan.

### Upang baguhin ang mga setting ng Mahusay na pagtukoy ng wika

! Maaaring hindi magagamit sa lahat ng wika sa pagsusulat ang Mahusay na pagtukoy ng wika.

1. Kapag ipinakita ang on-screen keyboard, tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang ⚙, pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting ng keyboard**.
3. Upang i-aktibo o ideaktibo ang Smart na function ng pagkilala ng wika, i-drag ang slider sa tabi ng **Smart na pagkilala ng wika** patungo sa posisyong naka-on o naka-off.

### Upang pumili ng uri ng layout ng keyboard

! Maaaring hindi available ang iba't ibang uri ng layout para sa on-screen keyboard para sa lahat ng wika ng pagsusulat. Maaari kang pumili ng ibang layout ng keyboard para sa bawat wika ng pagsusulat.

1. Kapag nagpasok ka ng teksto gamit ang on-screen keyboard, tapikin ang 12!?.
2. Tapikin ang ⚙, pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting ng keyboard**.
3. Tapikin ang **Pagsusulat ng mga wika**, at pagkatapos ay tapikin ang ⌨ sa tabi ng isang wika ng pagsusulat.
4. Pumili ng uri ng layout ng keyboard
5. Tapikin ang **OK** upang kumpirmahin.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Pagtawag

## Pagtawag

Maaari kang tumawag sa pamamagitan ng manu-manong pag-dial sa numero ng telepono, sa pamamagitan ng pagtapik sa numerong naka-save sa listahan ng iyong mga contact, o sa pamamagitan ng pagtapik sa numero ng telepono sa iyong view ng talaan ng tawag. Maaari mo ring gamitin ang function ng smart dial upang mabilis na maghanap ng mga numero mula sa iyong listahan ng mga contact at mga talaan ng tawag sa pamamagitan ng pagpapasok ng bahagi ng numero o pangalan ng isang contact at pagpili sa mga suhestiyong lalabas. Upang gumawa ng video call, maaari mong gamitin ang application na instant messaging at video chat ng Hangouts™ sa iyong device. Tingnan ang *Instant messaging at video chat* sa pahina ng 75 .




| | |
|---|---|
| 1 | Tumingin ng higit pang mga opsyon |
| 2 | Tanggalin ang numero |
| 3 | Dialpad |
| 4 | Button na Tumawag |

### Upang buksan ang dialpad

1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2 Hanapin at tapikin ang ✆.
3 Kung hindi lalabas ang dialpad, tapikin ang ⊕.

### Upang mag-dial ng numero ng telepono

1 Buksan ang dialpad.
2 Ipasok ang numero ng telepono, pagkatapos ay tapikin ang ✆.

Upang magtanggal ng numerong ipinasok nang hindi sadya, tapikin ang ⌫.

### Upang tumawag gamit ang function ng smart dial

1 Buksan ang dialpad.
2 Ipasok ang mga titik o numero na kumakatawan sa contact na gusto mong tawagan. Habang ipinapasok mo ang bawat titik o bilang, lumilitaw ang isang listahan ng mga posibleng tugma.
3 Tapikin ang contact na gusto mong tawagan.

### Upang magsagawa ng international na tawag

1 Buksan ang dialpad.
2 I-touch at tagalan ang 0 hanggang sa lumitaw ang simbolong “+”.
3 Ipasok ang country code, area code (hindi kasama ang mga unang zero) at numero ng telepono, pagkatapos ay tapikin ang ✆.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magdagdag ng direktang dial number sa iyong Home screen

1. I-touch at tagalan ang isang bakanteng bahagi sa iyong Home screen hanggang sa mag-vibrate ang device at lumabas ang menu sa pag-customize.
2. Sa menu ng pag-customize, tapikin ang **Mga Widget at Apps** > **Shortcuts**.
3. Mag-scroll sa listahan ng mga application at piliin ang **Direct Dial**.
4. Piliin ang contact at ang numero na gusto mong gamitin bilang direktang dial number.

## Pagpapakita o pagtatago sa iyong numero ng telepono

Maaari mong piliin kung ipapakita o itatago ang iyong numero ng telepono sa mga device ng tatanggap ng tawag kapag tinatawagan mo sila.

### Upang ipakita o itago ang numero ng iyong telepono

1. Mula sa Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tawag** > **Mga karagdagang setting** > **Caller ID**.

# Pagtanggap ng mga tawag

Kung nakatanggap ka ng isang papasok na tawag kapag ang device ay naka-sleep mode o naka-lock ang screen, bubukas ang application ng telepono sa fullscreen na format. Kung nakatanggap ka ng isang papasok na tawag kapag ang aktibo ang screen, ipapakita ang papasok na tawag bilang isang floating na pagpapaalam sa isang naka-minimize na window na lumalabas sa itaas ng anumang screen na bukas. Kapag ang nasabing pagpapaalam ay dumating, maaari mong piliing sagutin ang tawag at buksan ang screen ng application ng telepono, o maaari mong tanggihan ang tawag at manatili sa kasalukuyang screen.

### Upang sumagot ng papasok na tawag kapag hindi aktibo ang screen

- I-drag ang pakanan.

### Upang sumagot ng papasok na tawag kapag aktibo ang screen

- Sa floating notification na lalabas sa itaas ng screen, tapikin ang **SAGUTIN**.

Sa halip na sagutin ang tawag, maaari kang pumunta sa pangunahing screen ng application ng telepono sa pamamagitan ng pagtapik sa itaas na bahagi ng floating na window ng notification. Gamit ang paraang ito, magkakaroon ka ng mas maraming opsyong pamahalaan ang tawag. Halimbawa, maaari mong pagpasyahang tanggihan ang tawag sa pamamagitan ng isang mensahe o i-forward ang tawag sa answering machine.

### Upang tanggihan ang isang papasok na tawag kapag hindi aktibo ang screen

- I-drag ang patungo sa kanan.

### Upang tanggihan ang isang papasok na tawag kapag aktibo ang screen

- Sa floating notification na lalabas sa itaas ng screen, tapikin ang **TANGGIHAN**.

Sa halip na tanggihan ang tawag, maaari kang pumunta sa pangunahing screen ng application ng telepono sa pamamagitan ng pagtapik sa itaas na bahagi ng floating na window ng notification. Gamit ang paraang ito, magkakaroon ka ng mas maraming opsyong pamahalaan ang tawag. Halimbawa, maaari mong pagpasyahang tanggihan ang tawag sa pamamagitan ng isang mensahe o i-forward ang tawag sa answering machine.

### Upang i-mute ang ringtone para sa isang papasok na tawag

- Kapag natanggap mo ang tawag, pindutin ang volume key.

## Paggamit sa answering machine

Maaari mong gamitin ang application na answering machine sa iyong device upang sumagot ng mga tawag kapag abala ka o may hindi ka nasagot na tawag. Maaari mong paganahin ang function ng awtomatikong pagsagot at tukuyin kung ilang segundo



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

maghihintay bago awtomatikong masagot ang mga tawag. Maaari ka ring manu-manong magruta ng mga tawag sa answering machine kapag masyado kang abala upang sagutin ang mga ito. At direkta mong maa-access sa iyong device ang mga mensaheng iniwan sa iyong answering machine.

! Bago gamitin ang answering machine, dapat kang magrekord ng mensahe ng pagbati.

### Upang magrekord ng mensahe ng pagbati para sa answering machine

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Xperia™ Answering Machine** > **Mga Pagbati**.
3. Tapikin ang **Mag-record ng bagong pagbati** at sundin ang mga tagubilin sa screen.

### Upang paganahin ang awtomatikong pagsagot

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Xperia™ Answering Machine**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Answering Machine**.

Kung hindi ka magse-set ng agwat ng panahon para sa awtomatikong pagsagot ng mga tawag, gagamitin ang default na halaga.

### Upang mag-set ng agwat ng panahon para sa awtomatikong pagsagot

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Xperia™ Answering Machine**.
3. Tapikin ang **Sagutin pagkatapos ng**.
4. I-adjust ang oras sa pamamagitan ng pag-scroll pataas at pababa.
5. Tapikin ang **Tapos na**.

### Upang magpasa ng paparating na tawag sa answering machine.

- Kapag may dumating na tawag, i-drag ang **Mga pagpipilian ng tugon** pataas, pagkatapos ay piliin ang **Tanggi gamit Answering Machine**.

Kapag may dumating na tawag, maaari mo ring hintaying lumipas ang preset na time delay para awtomatikong kunin ang tawag.

### Upang pakinggan ang mga mensahe sa answering machine

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Xperia™ Answering Machine** > **Mga Mensahe**.
3. Piliin ang voice message na gusto mong pakinggan.

Magagawa mo ring pakinggan ang mga mensahe sa answering machine nang direkta mula sa talaan ng tawag sa pamamagitan ng pagtapik sa ▷.

## Pagtanggi sa isang tawag gamit ang isang text message

Maaari mong tanggihan ang isang tawag gamit ang isang text message. Kapag tinanggihan mo ang isang tawag gamit ang naturang mensahe, awtomatikong ipapadala ang mensahe sa tumatawag at iimbak sa pag-uusap sa contact sa Pagmemensahe.

Makakapili ka sa ilang paunang tinukoy na mensaheng available sa iyong device, o maaari kang gumawa ng bagong mensahe. Maaari ka ring gumawa ng sarili mong mga naka-personalize na mensahe sa pamamagitan ng pag-edit sa mga paunang tinukoy na mensahe.

### Upang tanggihan ang isang tawag gamit ang isang text message

1. Kapag may dumating na papasok na tawag, i-drag ang **Mga pagpipilian ng tugon** pataas, pagkatapos ay tapikin ang **Tanggihan gamit ang isang mensahe**.
2. Pumili ng paunang tinukoy na mensahe o tapikin ang ✎ at magsulat ng bagong mensahe.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Iimbag lang para sa personal na gamit.


### Upang tanggihan ang isang pangalawang tawag gamit ang isang text message

1. Kapag nakarinig ka ng paulit-ulit na mga beep habang nasa tawag, i-drag ang **Tanggihan gamit ang isang mensahe** pataas.
2. Pumili ng paunang tinukoy na mensahe o tapikin ang ✎ at magsulat ng bagong mensahe.

### Upang i-edit ang text message na ginagamit upang tanggihan ang isang tawag

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Tanggihan ang tawag gamit ang isang mensahe**.
3. Tapikin ang mensaheng gusto mong i-edit, pagkatapos ay gawin ang mga kinakailangang pagbabago.
4. Tapikin ang **OK**.

## Mga ongoing call




| | |
|---|---|
| 1 | Magpasok ng mga numero habang tumatawag |
| 2 | I-on ang loudspeaker habang tumatawag |
| 3 | I-hold ang kasalukuyang tawag o balikan ang tawag na naka-hold |
| 4 | Gumawa ng pangalawang tawag |
| 5 | I-mute ang mikropono habang tumatawag |
| 6 | Tapusin ang isang tawag |

### Upang baguhin ang volume ng ear speaker sa habang tumatawag

- Pindutin ang volume key nang pataas o pababa.

### Para isaaktibo ang screen habang may tawag

- Dagliang pindutin ang ⏻.

## Paggamit sa talaan ng tawag

Sa talaan ng tawag, maaari mong tingnan ang mga hindi nasagot na tawag, mga natanggap na tawag ↙ at mga na-dial na tawag ↗.

### Upang buksan ang talaan ng tawag

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang .
3. Kung hindi lalabas ang talaan ng tawag, tapikin ang ◁.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang tingnan ang iyong mga nakaligtaang tawag

1. Kapag mayroon kang nakaligtaang tawag, lilitaw ang  sa status bar. I-drag pababa ang status bar.
2. Tapikin ang **Hindi nasagot na tawag**.

### Upang tawagan ang numero mula sa iyong log ng tawag

- Tapikin ang numero.

Upang i-edit ang numero bago tumawag, i-touch at tagalan ang numero sa talaan ng tawag, pagkatapos ay tapikin ang **I-edit numero bago tawagan**.

### Upang magdagdag ng numero mula sa log ng tawag sa iyong mga contact

1. I-touch at tagalan ang isang numerong ipinapakita sa log ng tawag, pagkatapos ay tapikin ang **Idagdag sa Mga Contact**.
2. Pumili ng umiiral nang contact kung kanino mo gustong idagdagang numero, o tapikin ang **Gawa ng bagong contact**.
3. I-edit ang mga detalye ng contact, pagkatapos ay tapikin ang **I-SAVE**.

### Upang tingnan ang mga opsyon ng talaan ng tawag

- Kapag nakabukas ang talaan ng tawag, tapikin ang ⋮.

Maaari mo rin i-access ang mga setting ng pangkalahatang tawag gamit ang tagubilin sa itaas.

## Pagpapasa ng mga tawag

Maaari kang magpasa ng mga tawag sa ibang tatanggap, halimbawa, sa ibang numero, ibang device o answering service.

### Upang mag-forward ng mga tawag

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag**.
3. Tapikin ang **Pagpapasa ng tawag** at pumili ng opsyon.
4. Ipasok ang numerong gusto mong i-forward ang mga tawag, pagkatapos ay tapikin ang **Paganahin**.

### Upang i-off ang pagpapasa ng tawag

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Pagpapasa ng tawag**.
3. Pumili ng opsyon, pagkatapos ay tapikin ang **Huwag Paganahin**.

## Pagbabawal sa mga tawag

Maaari mong i-block ang lahat o ilang kategorya ng mga papasok at palabas na tawag. Kung nakatanggap ka ng PIN2 code mula sa iyong service provider, maaari ka ring gumamit ng listahan ng mga Fixed Dialling Number (mga FDN) upang pagbawalan ang mga palabas na tawag. Kung kasama sa iyong subscription ang serbisyo sa voicemail, maaari mong ipadala ang lahat ng papasok na tawag mula sa isang partikular na contact nang direkta sa voicemail. Kung gusto mong mag-block ng partikular na numero, maaari kang pumunta sa Google Play™ at mag-download ng mga application na sumusuporta sa function na ito.

Hindi sinusuportahan ng lahat ng network operator ang FDN. Makipag-ugnayan sa iyong network operator upang i-verify kung sinusuportahan ng iyong SIM card o network service ang feature na ito.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang i-block ang mga papasok o papalabas na tawag

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag**.
3. Tapikin ang **Call Barring**, pagkatapos ay pumili ng opsyon.
4. Ipasok ang password at tapikin ang **Paganahin**.

! Kapag na-set up mo ang pag-block ng tawag sa unang pagkakataon, kailangan mong magpasok ng password upang i-aktibo ang function ng pag-block ng tawag. Dapat mong gamitin ang mismong password na ito sa ibang pagkakataon kung gusto mong i-edit ang setting ng pag-block ng tawag.

### Upang paganahin o huwag paganahin ang fixed dialling

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Mga fixed dialing number**.
3. Tapikin ang **I-activate fixed dialling** o ang **Deactivate fixed dialling**.
4. Ipasok ang iyong PIN2 at tapikin ang **OK**.

### Upang i-access ang listahan ng mga tinanggap na tatanggap ng tawag

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Mga fixed dialing number** > **Mga fixed dialing number**.

### Upang baguhin ang PIN2 ng SIM card

1. Mula sa Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tawag**.
3. Tapikin ang **Mga fixed dialing number** > **Palitan ang PIN2**.
4. Ipasok ang lumang PIN2 ng SIM card at tapikin ang **OK**.
5. Ipasok ang bagong PIN2 ng SIM card at tapikin ang **OK**.
6. Kumpirmahin ang bagong PIN2 at tapikin ang **OK**.

### Upang magpadala ng mga papasok na tawag mula sa isang partikular na contact direkta sa voicemail

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang 👤.
3. Piliin ang contact na may mga papasok na tawag na gusto mong awtomatikong idirekta sa voicemail.
4. Tapikin ang ✎ > ⋮.
5. Markahan ang checkbox sa tabi ng Lahat ng tawag sa voicemail.
6. Tapikin ang I-SAVE.

## Maramihang pagtawag

Kung isinaaktibo mo ang call waiting, maaari kang mangasiwa ng maramihang pagtawag nang sabay-sabay. Kapag aktibo ito, bibigyang abiso ka sa pamamagitan ng beep kung nakatanggap ng isa pang tawag.

### Upang i-aktibo o i-deaktibo ang call waiting

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Mga karagdagang setting**.
3. Upang i-aktibo o i-deaktibo ang call waiting, tapikin ang **Call waiting**.

### Upang sumagot ng pangalawang tawag at i-hold ang kasalukuyang tawag

- Kapag nakarinig ka ng mga paulit-ulit na beep habang tumatawag, i-drag ang 📞 patungo sa kanan.

### Upang tanggihan ang pangalawang tawag

- Kapag nakarinig ka ng umuulit na pag-beep habang nasa isang tawag, i-drag ang 📞 pakaliwa.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Para magsagawa ng pangalawang tawag

1. Habang nasa kasalukuyang tawag, tapikin ang . Ipinapakita ang talaan ng tawag.
2. Tapikin ang para ipakita ang dialpad.
3. Ipasok ang numero ng tagatanggap at tapikin ang . Ang unang tawag ay iho-hold.

### Upang sumagot ng pangatlong tawag at wakasan ang kasalukuyang tawag

- Kapag pumasok na ang pangatlong tawag, tapikin ang **Tapusin tawag at sagutin**.

### Upang tanggihan ang pangatlong tawag

- Kapag pumasok na ang pangatlong tawag, tapikin ang **Tanggi sa tawag**.

### Upang lumipat sa pagitan ng maraming tawag

- Upang lumipat sa isa pang tawag at i-hold ang kasalukuyang tawag, tapikin ang **Lumipat sa tawag na ito**.

## Mga kumperensiya na tawag

Sa kumperensiya o pangmaramihang partidong tawag, maaari kang magkaroon ng magkasabay na pakikipag-usap sa dalawa o higit pang mga tao.

! Para sa mga detalye tungkol sa bilang ng mga kalahok na maaari mong idagdag sa isang kumperensiya na tawag, makipag-ugnay sa iyong network operator.

### Upang magsagawa ng conference call

1. Habang nasa kasalukuyang tawag, tapikin ang . Lalabas ang talaan ng tawag.
2. Upang ipakita ang dialpad, tapikin ang .
3. I-dial ang numero ng iyong ikalawang participant at tapikin ang . Ang unang participant ay iho-hold pansamantala.
4. Upang idagdag ang ikalawang participant sa tawag at simulan ang conference, tapikin ang .
5. Upang magdagdag ng marami pang kalahok sa tawag, ulitin ang mga nauugnay na hakbang gaya ng inilalarawan sa itaas.

### Upang magkaroon ng pribadong pag-uusap sa isang kalahok ng kumperensyang tawag

1. Habang nasa kasalukuyang kumperensiyang tawag, tapikin ang **Pamahalaan ang conference**.
2. Tapikin ang numero ng telepono ng kalahok na gusto mong makausap nang pribado.
3. Upang wakasan ang pribadong pag-uusap at bumalik sa kumperensyang tawag, tapikin ang .

### Upang paalisin ang isang kalahok mula sa kumperensyang tawag

1. Habang nasa kasalukuyang kumperensiyang tawag, tapikin ang **Pamahalaan ang conference**.
2. Tapikin ang sa tabi ng kalahok na gusto mong paalisin.

### Upang tapusin ang kumperensyang tawag

- Habang nasa tawag, i-tap ang .

## Voicemail

Kung kasama sa iyong subscription ang serbisyo sa voicemail, maaaring mag-iwan ang mga mensaheng boses ang mga tumatawag para sa iyo kapag hindi ka maaaring sumagot ng mga tawag. Normal na isine-save ang iyong numero sa serbisyo ng voicemail sa iyong SIM card. Kung hindi, makukuha mo ang numero mula sa iyong service provider at ipasok ito nang manu-mano.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang ipasok ang iyong numero ng voicemail

1. Mula sa Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **Voicemail** >**Mga setting ng voicemail** > **Numero ng voicemail**.
3. Ipasok ang numero ng iyong voicemail.
4. Tapikin ang **OK**.

### Upang tumawag sa iyong serbisyong voicemail

1. Buksan ang dialpad.
2. Pindutin at tagalan ang 1 hanggang sa ma-dial ang iyong voicemail number.

Sa unang pagkakataon mong tawagan ang iyong voicemail number, normal na pino-prompt ka ng voicemail system ng iyong network operator na i-set up ang iyong voicemail. Halimbawa, maaaring hilingin sa iyong magrekord ng pagbati at mag-set ng password.

## Mga emergency na tawag

Sinusuportahan ng iyong device ang mga international na emergency na numero, halimbawa, ang 112 o 911. Karaniwang maaari mong magamit ang mga numerong ito upang magsagawa ng mga emergency na tawag sa anumang bansa, kahit may nakapasok na SIM card o wala basta't nasa saklaw ka ng isang network.

### Upang magsagawa ng emergency na pagtawag

1. Buksan ang dialpad.
2. Ipasok ang emergency number, pagkatapos ay tapikin ang .

Maaari kang gumawa ng mga tawag na pang-emergency kahit na walang nakapasok na SIM card o kapag hinahadlangan ang lahat ng papalabas na tawag.

### Upang magsagawa ng isang emergency na tawag habang naka-lock ang SIM card
**!** Kapag binuksan mo ang FM radio, awtomatikong lilitaw ang mga available na channel. Kung mayroong impormasyong RDS ang isang channel, lilitaw ito ilang segundo pagkatapos mong magsimulang makinig sa channel.

### Upang magpalipat-lipat sa mga channel ng radyo

- I-drag ang frequency band pakaliwa o pakanan.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magsimula ng bagong paghahanap para sa mga channel ng radyo

1. Kapag bukas ang radyo, pindutin ang ⋮.
2. Tapikin ang **Mghnap ng mga channel**. Ii-scan ng radyo ang buong frequency band, at ipapakita ang lahat ng mga magagamit na channel.

### Upang ilipat ang tunog ng radyo sa speaker ng device

1. Kapag bukas ang radyo, pindutin ang ⋮.
2. Tapikin ang **I-play sa speaker**.

Upang ibalik ang tunog sa wired headset o headphone, pindutin ang ⋮ at tapikin ang **I-play sa headphones**.

### Upang tumukoy ng isang kanta sa FM radio gamit ang TrackID™

1. Habang nagpe-play ang kanta sa FM radio ng iyong device, tapikin ang ⋮, pagkatapos ay piliin ang **TrackID™**.
2. Lumilitaw ang isang tagasaad ng pag-usad habang ginagawan ng application na TrackID™ ng sample ang kanta. Kung matagumpay ang pagkilala, ipapakita sa iyo ang isang resulta o listahan ng posibleng mga resulta.
3. Upang bumalik sa FM Radio, tapikin ang ◁.

Ang application na TrackID™ at ang serbisyo ng TrackID™ ay hindi sinusuportahan sa lahat ng bansa/rehiyon, o ng lahat ng network at/o service provider sa lahat ng lugar.

## Mga paboritong channel sa radyo

### Para mag-save ng channel bilang isang paborito

1. Kapag nakabukas ang radyo, mag-navigate sa channel na gusto mong i-save bilang isang paborito.
2. Tapikin ang ☆.
3. Magpasok ng pangalan at pumili ng kulay para sa channel, pagkatapos ay pindutin ang **I-save**.

### Upang makinig sa isang paboritong channel ng radyo

1. Tapikin ang ★≡.
2. Pumili ng opsyon.

### Para mag-alis ng channel bilang isang paborito

1. Kapag nakabukas ang radyo, mag-navigate sa channel na gusto mong alisin.
2. Tapikin ang ★, pagkatapos ay tapikin ang **Tanggalin**.

## Mga setting ng tunog

### Upang lumipat sa pagitan ng mode ng mono at stereo sound

1. Kapag bukas ang radyo, pindutin ang ⋮.
2. Tapikin ang **Gana tunog ng stereo**.
3. Upang makinig sa radio sa mode ng mono muli, pindutin ang ⋮ at tapikin ang **Force mono sound**.

### Upang piliin ang rehiyon ng radyo

1. Kapag bukas ang radyo, pindutin ang ⋮.
2. Tapikin ang **I-set rehiyon ng radyo**.
3. Pumili ng isang opsyon.

### Upang i-adjust ang Visualizer


1. Kapag bukas ang radyo, tapikin ang ⋮.
2. Tapikin ang **Visualizer**.
3. Pumili ng opsyon.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Camera

## Pagkuha ng mga larawan at pagrerekord ng mga video




| | |
|---|---|
| 1 | Mag-zoom in o out |
| 2 | Screen ng pangunahing camera |
| 3 | Key ng camera – I-aktibo ang camera/Kumuha ng mga larawan/Magrekord ng mga video |
| 4 | Tumingin ng mga larawan at video |
| 5 | Kumuha ng mga larawan o magrekord ng mga video clip |
| 6 | Bumalik ng isang hakbang o lumabas sa camera |
| 7 | Icon ng mga setting ng mode sa pagkuha |
| 8 | Icon ng mga setting ng camera at mga icon ng shortcut |
| 9 | Lens ng camera sa harap |

### Upang kumuha ng larawan sa screen ng lock

1. Upang i-aktibo ang screen, pindutin sandali ang power key.
2. Upang i-aktibo ang camera, i-touch nang matagal ang icon ng camera, pagkatapos ay i-drag ito pakaliwa.
3. Pagkatapos bumukas ng camera, tapikin ang .

### Upang kumuha ng litrato gamit ang camera key

1. Isaaktibo ang camera.
2. Pindutin nang ganap ang pindutan ng camera.

### Upang kumuha ng larawan sa pamamagitan ng pagtapik sa on-screen na pindutan ng camera

1. Isaaktibo ang camera.
2. Itutok ang camera patungo sa paksa.
3. Tapikin ang on-screen na pindutan ng camera . Kukuha kaagad ng larawan sa sandaling alisin mo ang iyong daliri.

### Upang kumuha ng self-portrait gamit ang camera sa harap

1. I-aktibo ang camera.
2. Tapikin ang .
3. Upang kumuha ng larawan, pindutin ang key ng camera. Kukuha kaagad ng larawan sa sandaling alisin mo ang iyong daliri.

### Upang gamitin ang flash ng still camera

1. Kapag nakabukas ang camera, tapikin ang .
2. Piliin ang iyong nais na setting ng flash.
3. Kumuha ng litrato.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang gamitin ang zoom function

- Kapag nakabukas ang camera, pindutin ang volume key up o down.
- Kapag nakabukas ang camera, mag-pinch in o mag-pinch out sa screen ng camera.

#### Upang mag-record ng video gamit ang camera key

1. I-aktibo ang camera.
2. Tapikin ang , at piliin ang .
3. Kung hindi napili ang video camera, tapikin ang .
4. Upang simulan ang pag-record ng video, pindutin ang camera key.
5. Upang itigil ang recording, pindutin ang camera key ulit.

#### Upang mag-record ng video

1. I-aktibo ang camera.
2. Itutok ang camera patungo sa paksa.
3. Upang simulan ang pagrerekord, tapikin ang .
4. Upang mag-pause habang nagrerekord ng video, tapikin ang. Upang ituloy ang pagrerekord, tapikin ang .
5. Upang simulan ang pagrerekord, tapikin ang .

#### Upang kumuha ng litrato kapag nagrerekord ng video

- Upang kumuha ng litrato kapag nagrerekord ng video, tapikin ang . Kukuha kaagad ng larawan sa sandaling alisin mo ang iyong daliri.

#### Upang tingnan ang iyong mga larawan at video

1. I-aktibo ang camera, pagkatapos ay mag-tap ng thumbnail upang magbukas ng larawan o video.
2. Mag-flick pakaliwa o pakanan upang tingnan ang iyong mga larawan at video.

#### Upang magtanggal ng larawan o narekord na video

1. Mag-browse patungo sa larawan o video na gusto mong tanggalin.
2. Tapikin ang screen upang palabasin ang .
3. Tapikin ang .
4. Tapikin ang **Tanggalin** upang kumpirmahin.

## Face detection

Maaari mong gamitin ang face detection upang ma-focus ang off-centre. Awtomatikong nade-detect ng camera ang hanggang limang mga mukha, na ipinapahiwatig ng mga puting frame. Ipinapakita ng may kulay na frame kung aling mukha ang napili para sa focus. Naka-set ang focus sa mukha na pinakamalapit sa camera. Maaari mo ring tapikin ang isa sa mga frame upang pumili kung aling mukha ang dapat naka-focus.

#### Upang i-on ang face detection

1. I-aktibo ang camera.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay piliin ang .
3. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang .
4. Tapikin ang **Mode ng pag-focus** > **Deteksyon ng mukha**.

#### Upang kumuha ng litrato gamit ang face detection

1. Kapag nakabukas ang camera at naka-on ang **Deteksyon ng mukha**, itutok ang camera sa iyong kukunan. Hanggang limang mukha ang maaaring ma-detect, at naka-frame ang bawat na-detect na mukha.
2. Pindutin ang camera key nang bahagya. Ipinapakita ng may kulay na frame kung aling mukha ang naka-focus.
3. Upang kunan ng litrato, ganap na pindutin ang camera key.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

## Paggamit ng Smile Shutter™ upang kumuha ng mga nakangiting mukha

Gamitin ang teknolohiya ng Smile Shutter™ upang kunan ang isang mukha sa pagngiti nito. Nakaka-detect ang camera ng hanggang limang mukha at pumipili ng isang mukha para sa pag-detect ng ngiti at auto focus. Kapag ngumiti ang napiling mukha, awtomatikong kukuha ng larawan ang camera.

### Upang i-on ang Smile Shutter™

1. I-aktibo ang camera.
2. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang 📷.
3. Tapikin ang **Smile Shutter** at pumili ng antas ng ngiti.

### Upang kumuha ng litrato gamit ang Smile Shutter™

1. Kapag nakabukas ang camera at naka-on ang Smile Shutter™, itutok ang camera sa kinukunan mo. Pipiliin ng camera kung aling mukha ang tututukan.
2. Lilitaw ang mukhang pinili sa loob ng isang may kulay na frame at awtomatikong kukunan ang litrato.
3. Kung walang na-detect na ngiti, pindutin ang key ng camera upang manu-manong kumuha ng larawan.

## Pagdagdag ng heyograpikong posisyon sa iyong mga larawan

I-on ang geotagging para idagdag ang tinatayang heyograpikong lokasyon (isang geotag) sa mga larawan kapag kinuha mo ang mga ito. Natutukoy ang heyograpikong lokasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga wireless network o teknolohiyang GPS.

Kapag lumabas sa screen ng camera ang , naka-on ang geotagging ngunit hindi nahanap ang heyograpikong posisyon. Kapag lumabas ang , naka-on ang geotagging at available ang heyograpikong lokasyon, kaya maaaring ma-geotag ang iyong larawan. Kapag wala sa dalawang simbolong ito ang lumabas, naka-off ang geotagging.

### Upang i-on ang geotagging

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Tapikin ang **Mga setting** > **Lokasyon**.
3. Tapikin ang switch na on-off.
4. I-aktibo ang camera.
5. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang .
6. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Geotagging**.

## Mga pangkalahatang setting ng camera

### Pangkalahatang-ideya ng mga setting ng mode ng pagkuha

**Superior na auto**
I-optimize ang iyong mga setting upang umakma sa anumang eksena.

**Manu-mano**
Manu-manong i-adjust ang mga setting ng camera.

**AR effect**
Kumuha ng mga litrato o video na may mga virtual na eksena at character.

**Effect ng larawan**
Maglapat ng mga effect sa mga larawan o video.

**Timeshift burst**
Hanapin ang pinakamagandang larawan mula sa isang burst ng mga imahe.

**I-sweep nang Panorama**
Kumuha ng mga wide-angle at panoramic na litrato.

**Pag-retouch sa larawan**
Kumuha ng mga litrato gamit ang mga real-time na istilo ng portrait.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

## Superior auto

Inaalam ng Superior auto mode ang mga kundisyon sa paligid habang kumukuha ka ng larawan at awtomatiko nitong ina-adjust ang mga setting upang matiyak na makukuha mo ang pinakamagandang larawan na posible.

## Mode na manu-mano

Gamitin ang Mode na manu-mano kapag gusto mong manu-manong i-adjust ang mga setting ng iyong camera para sa pagkuha ng mga larawan at video.

## AR effect

Maaari kang maglapat ng mga AR (augmented reality) effect sa iyong mga larawan o video at gawing mas kasiya-siya ang mga iyon. Kapag ginagamit ang camera, hinahayaan ka ng setting na ito na magsama ng mga 3D na eksena sa iyong mga larawan o video. Piliin lang ang eksenang gusto mo at i-adjust ang posisyon nito sa viewfinder.

## Picture effect

Maaari kang maglapat ng iba't ibang effect sa iyong mga larawan. Halimbawa, makakapagdagdag ka ng Nostalgic effect upang magmukhang mas luma ang mga larawan o isang Sketch effect para sa mas nakakatuwang imahe.

## Sweep Panorama

Maaari kang kumuha ng mga wide-angle at panoramic na larawan mula sa pahalang o patayong direksyon sa isang madaling press-and-sweep na paggalaw.

### Para kumuha ng panoramic na larawan

1. I-aktibo ang camera.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay piliin ang .
3. Para pumili ng direksyon sa pagkuha, tapikin ang .
4. Pindutin ang key ng camera at dahan-dahan at naka-steady na galawin ang camera sa direksyon ng paggalaw na ipinapakita sa screen.

## Timeshift burst

Kukuha ang camera ng burst ng 31 larawan sa loob ng dalawang segundo – isang segundo bago at pagkatapos mong pindutin ang camera key. Upang makabalik ka at mahanap ang perpektong larawan.

### Upang gamitin ang Timeshift burst

1. Isaaktibo ang camera.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay piliin ang .
3. Upang kumuha ng mga litrato, pindutin ang key ng camera nang madiin at pagkatapos ay i-release ito. Ang mga larawang kinunan ay lalabas sa view ng thumbnail.
4. Mag-scroll sa mga thumbnail at piliin ang larawan na gusto mong i-save, pagkatapos ay tapikin ang .

## Pag-retouch ng portrait

Maaari mong gamitin ang feature ng Portrait retouch upang maglapat ng mga touch-up effect sa mga portrait na larawan habang kinukunan mo ang mga iyon upang siguraduhin ang pinakamaiinam na resulta. Maaari mo ring gamitin ang setting ng **Magic beam** upang paputiin at pakinisin ang kutis ng subject habang nagdadagdag ng spotlight pattern para sa mga mata.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang gamitin ang feature na Pag-retouch ng portrait

1. I-aktibo ang camera.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang .
3. Upang ipakita ang selector ng estilo, mag-swipe pataas sa screen, pagkatapos ay pumili ng estilo ng portrait para sa iyong mga larawan.
4. Upang itago ang selector ng estilo, tapikin ang screen o mag-swipe pababa.
5. Upang ipakita ang frame selector, mag-swipe patungo sa kaliwa, pagkatapos ay pumili ng frame na pandekorasyon.
6. Upang itago ang frame selector, tapikin ang screen ng camera o mag-swipe patungo sa kanan.

### Upang gamitin ang feature na Magic beam

1. I-aktibo ang camera.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang .
3. Upang paganahin ang feature na Magic beam, tapikin ang , pagkatapos ay i-drag ang slider sa tabi ng **Magic beam** patungo sa kanan.
4. Upang maglapat ng inside eye spotlight effect, pumili ng naka-customize na pattern.

## Pag-download ng mga camera application

Maaari kang mag-download ng mga libre o binabayarang camera application mula sa Google Play™ o iba pang mga pinagmumulan. Bago mo simulan ang pag-download, siguraduhing mayroon kang gumaganang koneksyon sa Internet, mas maiging sa pamamagitan ng Wi-Fi® upang limitahan ang mga singil sa trapiko ng data.

### Upang makapag-download ng mga camera application

1. Buksan ang camera application.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **NADA-DOWNLOAD**.
3. Piliin ang application na gusto mong i-download at sundin ang mga tagubilin upang kumpletuhin ang pag-install.

## Mabilis na paglunsad

Gamitin ang mga setting ng Mabilis na paglunsad para ilunsad ang camera kapag naka-lock ang screen.

**Ilunsad lamang**
Kapag nakasaaktibo ang setting na ito, maaari mong ilunsad ang camera kapag naka-lock ang screen sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa camera key.

**Ilunsad at kuhanan**
Kapag nakasaaktibo ang setting na ito, maaari mong ilunsad ang camera at awtomatikong kumuha ng larawan kapag naka-lock ang screen sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa camera key.

**Ilunsad at i-record ang video**
Kapag nakasaaktibo ang setting na ito, maaari mong ilunsad ang camera at magsimulang kumuha ng video kapag naka-lock ang screen sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa camera key.

**I-off**

## Geotagging

I-tag ang mga larawan gamit ang mga detalye ng kung saan mo kinunan ang mga ito.

## Pagkuha sa pamamagitan ng pagpindot

Tukuyin ang partikular na lugar ng focus, at pagkatapos ay i-touch ang screen ng camera gamit ang iyong daliri. Kukuha kaagad ng larawan sa sandaling alisin mo ang iyong daliri.

## Tunog

Piliing i-on o i-off ang shutter sound.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Imbakan ng data

Maaari mong piliing i-save ang iyong data maaaring sa isang naaalis na SD card man o sa internal storage ng iyong device.

**Panloob na storage**
Sine-save ang mga litrato o video sa memory ng device.

**SD card**
Sine-save ang mga litrato o video sa SD card.

### White balance

Ang setting na ito, na available lang sa **Manu-mano** capturing mode, ay nag-a-adjust sa balanse ng kulay ayon sa mga kundisyon ng liwanag. Pinapayagan ka rin nitong i-adjust ang exposure nang manu-mano sa range na -2.0 EV hanggang +2.0 EV. Halimbawa, maaari mong dagdagan ang liwanag ng imahe o bawasan ang kabuuang exposure sa pamamagitan ng pagtapik sa kontrol na plus o minus kapag ipinapakita ang icon ng setting ng white balance.

**Auto**
Awtomatikong ina-adjust ang balanse ng kulay upang umakma sa mga kundisyon ng liwanag.

**Incandescent**
Ina-adjust ang balanse ng kulay para sa mga warm lighting na kundisyon, gaya ng sa ilalim ng mga light bulb.

**Fluorescent**
Ina-adjust ang balanse ng kulay para sa liwanag ng fluorescent.

**Maaraw**
Ina-adjust ang balanse ng kulay para sa maaraw na mga kundisyon sa labas.

**Maulap**
Ina-adjust ang balanse ng kulay para sa maulap na kalangitan.

## Mga setting ng still na camera

#### Upang i-adjust ang mga setting ng still camera

1. I-aktibo ang camera.
2. Upang ipakita ang lahat ng setting, tapikin ang .
3. Piliin ang setting na gusto mong i-adjust, pagkatapos ay mag-edit hangga't nais.

### Pangkalahatang-ideya ng mga setting ng still camera

### Resolution

Pagpilian ang ilang resolution at aspect ratio bago kumuha ng larawan. Ang isang larawang may mas mataas na resolution ay nangangailangan ng mas malaking memory.

**8MP**
**3264×2448(4:3)**
8 megapixel na resolution na may 4:3 na aspect ratio. Naaangkop sa mga larawan na gusto mong tingnan sa mga hindi widescreen na display o i-print sa mataas na resolution.

**5MP**
**3104×1746(16:9)**
5 megapixel na laki ng larawan na may 16:9 na aspect ratio. Naaangkop para sa mga larawang gusto mong tingnan sa mga hindi widescreen na display o i-print sa mataas na resolution.

**2MP**
**1920×1080(16:9)**
2 megapixel na resolution na may 16:9 na aspect ratio. Naaangkop sa mga larawan na gusto mong tingnan sa mga widescreen na display.

**2MP**
**1632×1224(4:3)**



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

2 megapixel na resolution na may 4:3 na aspect ratio. Naaangkop sa mga larawan na gusto mong tingnan sa mga hindi widescreen na display o i-print sa mataas na resolution.

Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode ng pagkuha.

## Self-timer

Gamit ang self-timer, maaari kang kumuha ng larawan nang hindi hahawakan ang device. Gamitin ang function na ito upang kumuha ng mga self-portrait, o panggrupong larawan kung saan maaaring nasa larawan ang lahat. Magagamit mo rin ang self-timer upang maiwasan ang pag-alog ng camera kapag kumukuha ng mga litrato.

**Naka-on (10 segundo)**
Magtakda ng 10-segundong pagkaantala simula sa pagtapik mo sa screen ng camera hanggang sa makuha ang larawan.

**Naka-on (2 segundo)**
Magtakda ng 2-segundong pagkaantala simula sa pagtapik mo sa screen ng camera hanggang sa makuha ang larawan.

**Naka-on (0.5 segundo)**
Mag-set ng kalahating segundong delay simula sa pagtapik mo sa screen ng camera hanggang sa makuha ang litrato.

**I-off**
Agad na makukuha ang larawan sa sandaling tatapikin mo ang screen ng camera.

## Smile Shutter™

Gamitin ang function na Smile Shutter™ bago kumuha ng larawan upang matukoy kung sa anong uri ng ngiti gagana ang camera.

## Mode ng pag-focus

Kinokontrol ng function na focus kung aling bahagi ng larawan ang dapat na malinaw. Kapag naka-on ang continuous autofocus, patuloy na ina-adjust ng camera ang focus upang manatiling malinaw ang bahaging nasa focus frame.

**Isang autofocus**
Awtomatikong nagfo-focus ang camera sa piniling paksa. Naka-on ang continuous autofocus. I-touch nang matagal ang screen ng camera hanggang sa magbago ng kulay ang focus frame, na nagpapahiwatig na naka-set na ang focus. Kukuha ng larawan kapag inangat mo ang iyong daliri.

**Deteksyon ng mukha**
Awtomatikong nakakatukoy ang camera ng hanggang limang mukha ng tao, na ipinapahiwatig ng mga frame sa screen. Awtomatikong nagfo-focus ang camera sa pinakamalapit na mukha. Maaari mo ring piliin kung sa aling mukha magfo-focus sa pamamagitan ng pagtapik dito sa screen. Kapag tinapik mo ang screen ng camera, ipapakita ng isang may kulay na frame kung aling mukha ang pinili at fino-focus. Hindi magagamit ang pag-detect ng mukha para sa lahat ng uri ng eksena. Naka-on ang continuous autofocus.

**Touch focus**
I-touch ang isang partikular na bahagi sa screen ng camera upang i-set ang bahaging ifo-focus. Naka-off ang continuous autofocus. I-touch nang matagal ang screen ng camera hanggang sa magbago ng kulay ang focus frame, na nagpapahiwatig na naka-set na ang focus. Kukuha ng larawan kapag inangat mo ang iyong daliri.

**Pagsubaybay sa object**
Kapag pinili mo ang isang bagay sa pamamagitan ng pag-touch dito sa viewfinder, ita-track ito ng camera para sa iyo.

Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode ng pagkuha.

## HDR

Gamitin ang setting ng HDR (High Dynamic Range) upang kumuha ng larawan sa matinding back light o sa mga kundisyon kung saan sharp ang contrast. Tinutumbasan ng HDR ang nawawalang detalye at nagbibigay ng litratong kinatawan ng parehong madilim at maliwanag na mga lugar.

Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode sa pagkuha.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

## ISO

Mababawasan mo ang paglabo ng imahe na sanhi ng mga madilim na kundisyon o gumagalaw na paksa sa pamamagitan ng pagdaragdag sa sensitivity ng ISO. Gayundin, kung gusto mong kumuha ng maliwanag na litrato kahit na madilim ang paligid, maaari mong i-set ang ISO sensitivity sa mas mataas na value.

**Auto**
Awtomatikong itinatakda ang sensitivity ng ISO.

**100**
Itinatakda ang sensitivity ng ISO sa 100.

**200**
Itinatakda ang sensitivity ng ISO sa 200.

**400**
Itinatakda ang sensitivity ng ISO sa 400.

**800**
Itinatakda ang sensitivity ng ISO sa 800.

**1600**
Itinatakda ang sensitivity ng ISO sa 1600.

! Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode ng pagkuha.

## Metering

Awtomatikong tinutukoy ng pagganang ito ang mahusay na nabalanseng exposure sa pamamagitan ng pagsukat sa dami ng liwanag na tumatama sa imaheng gusto mong kunan.

**Gitna**
Ina-adjust ang exposure sa gitna ng imahe.

**Katamtaman**
Kinakalkula ang exposure batay sa dami ng ilaw na tumatama sa buong imahe.

**Spot**
Ina-adjust ang exposure sa napakaliit na bahagi ng imahe na gusto mong kunan.

! Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode sa pagkuha.

## Image stabilizer

Kapag kumukuha ng larawan, maaaring mahirap hawakan ang device nang nakapirmi. Tumutulong sa iyo ang stabilizer sa pamamagitan ng pag-compensate para sa mga kaunting paggalaw ng kamay.

! Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode sa pagkuha.

## Preview

Maaari mong piliing i-preview ang mga larawan o video pagkatapos mong kunan ang mga iyon.

**Walang limitasyon**
Lalabas ang preview ng larawan o video pagkatapos mo itong makunan.

**5 segundo**
Lalabas ang preview ng larawan o video ng 5 segundo pagkatapos mo itong makunan.

**3 segundo**
Lalabas ang preview ng larawan o video ng 3 segundo pagkatapos mo itong makunan.

**I-edit**
Magbubukas ang larawan o video para sa pag-edit pagkatapos mo itong makunan.

**I-off**



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

Mase-save ang larawan o video pagkatapos mo itong makunan, at walang lalabas na preview.

## Pagkilala ng mukha

Maaari kang magrehistro ng mga mukha sa Camera application nang sa gayon ay awtomatikong mag-focus ang camera sa mga mukha kapag lumalabas ang mga ito sa viewfinder.

## Flash

Gamitin ang flash upang kumuha ng mga larawan kapag hindi maganda ang mga kundisyon ng ilaw o kapag mayroong backlight. Available ang mga sumusunod na opsyon kapag tinapik mo ang icon ng flash sa screen ng camera:

**Auto**
Awtomatikong tinutukoy ng camera kung nangangailangan ng paggamit ng flash ang mga kundisyon ng ilaw.

**Fill flash**
Gamitin ang setting na ito kapag mas maliwanag ang background kaysa sa subject. Tinatanggal ng setting na ito ang mga hindi kanais-nais na madidilim na anino.

**Pambawas ng red-eye**
Binabawasan ang mapulang kulay ng mata kapag kumukuha ng litrato.

**I-off**
Nakasara ang flash. Minsan, maaaring mas maganda ang kalidad ng larawan kapag walang flash, kahit na madilim. Kailangang hindi gumagalaw ang kamay kung kukuha ng litrato nang hindi gumagamit ng flash. Gamitin ang self-timer upang iwasan ang malalabong larawan.

**Torch**
Mag-o-on ang flash light kapag kumuha ka ng mga litrato.

## Pagpili ng eksena

Gamitin ang feature na Pagpili ng eksena upang ma-set up nang mabilis ang camera para sa mga karaniwang sitwasyon gamit ang mga paunang na-program na eksena. Tumutukoy ang camera ng ilang setting para sa iyo upang umangkop sa napiling eksena, kaya matitiyak ang pinakamagandang video na posible.

SCN **I-off**
Naka-off ang feature na Pagpili ng eksena at makakakuha ka ng mga larawan nang manu-mano.

**Soft skin**
Kumuha ng mga larawan ng mga mukha gamit ang isang pinahusay na beauty effect.

**Soft snap**
Gamitin para sa pagkuha ng mga larawan sa soft na background.

**Anti motion blur**
Gamitin upang mabawasan ang pag-alog ng camera habang kinukunan ang isang medyo madilim na eksena.

**Landscape**
Gamitin para sa mga landscape na larawan. Nagpo-focus sa malalayong bagay ang camera.

**pagwawasto sa backlight na HDR**
Gamitin upang pahusayin ang mga detalye sa mga kuhang may mataas na contrast. Sinusuri ng naka-built in na pagwawasto ng backlight ang imahe at awtomatikong ina-adjust ito upang mabigyan ka ng kuha na tamang-tama ang ilaw.

**Portrait sa gabi**
Gamitin para sa mga portrait na larawan na kinuha sa gabi o sa mga kapaligirang madilim. Dahil sa matagal na oras ng exposure, dapat hawakan nang mabuti ang camera o ipatong sa nakapirming lugar.

**Eskena sa gabi**
Gamitin kapag kumukuha ng mga larawan sa gabi o sa mga kapaligirang madilim. Dahil sa matagal na oras ng exposure, dapat hawakan nang mabuti ang camera o ipatong sa nakapirming lugar.

**Hand-held twilight**
Gamitin para sa pagkuha ng mga larawan gamit ang kamay at sa madilim na lugar nang mas kaunti ang noise at blur.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

**Mataas na sensitivity**
Gamitin para sa pagkuha ng mga larawan nang walang flash kapag madilim. Binabawasan ang blur.

**Gourmet**
Gamitin para sa pagkuha ng makukulay na pagkain na nakaayos.

**Alaga**
Gamitin para sa pagkuha ng mga larawan ng iyong alaga. Binabawasan ang blur at mga red eye.

**Beach**
Gamitin para sa pagkuha ng mga larawan ng mga eksena sa tabing-dagat o tabing-lawa.

**Nyebe**
Gamitin sa mga kapaligirang maliwanag para maiwasan ang mga overexposed na larawan.

**Party**
Gamitin para sa mga panloob na larawan sa madidilim na lugar. Nakakakuha ang eksenang ito ng panloob na ilaw sa background o ilaw ng kandila. Dahil sa matagal na oras ng exposure, dapat hawakan nang mabuti ang camera o ipatong sa nakapirming lugar.

**Pampalakasan**
Ginagamit para sa pagkuha ng larawan ng mga bagay na mabilis na gumagalaw. Binabawasan ng maikling oras ng exposure ang pag-blur dahil sa pagkilos.

**Dokumento**
Gamitin para sa mga larawan ng teksto o mga guhit. Nagbibigay sa larawan ng mas mataas at mas sharp na contrast.

**Fireworks**
Gamitin para sa pagkuha ng mga detalyadong larawan ng paputok.

! Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode ng pagkuha.

## Mga setting ng video camera

### Para i-adjust ang mga setting ng video camera

1. I-aktibo ang camera.
2. Tapikin ang , pagkatapos ay piliin ang .
3. Kung hindi napili ang video camera, tapikin ang .
4. Upang ipakita ang lahat ng setting, tapikin ang .
5. Piliin ang setting na gusto mong i-adjust, pagkatapos ay gawin ang iyong mga pagbabago.

### Pangkalahatang-ideya sa mga setting ng video camera

### Resolution ng video

I-adjust ang resolution ng video para sa iba't ibang format.

**Full HD**
**1920×1080(16:9)**
Full HD (Full High Definition) na format na may 16:9 na aspect ratio.

**HD**
**1280×720(16:9)**
HD (High Definition) na format na may 16:9 na aspect ratio.

**VGA**
**640×480(4:3)**
VGA format na may 4:3 na aspect ratio.

**MMS**
Magrekord ng mga video na naaangkop na ipadala bilang mga multimedia message. Ang tagal ng pagrekord ng format ng video na ito ay limitado upang magkasya ang mga video file sa isang multimedia message.

! Ang mga setting na ito ay available lang sa **Manu-mano** capturing mode.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

## Self-timer

Gamit ang self-timer, maaari kang mag-record ng video nang hindi hahawakan ang device. Gamitin ito upang mag-record ng mga panggrupong video kung saan makakasama sa video ang lahat. Magagamit mo rin ang self-timer upang maiwasan ang pag-alog ng camera kapag nagrerekord ng mga video.

**Naka-on (10 segundo)**
Mag-set ng 10 segundong delay simula sa pagtapik mo sa screen ng camera hanggang sa magsimulang marekord ang video.

**Naka-on (2 segundo)**
Mag-set ng 2 segundong delay simula sa pagtapik mo sa screen ng camera hanggang sa magsimulang marekord ang video.

**Naka-on (0.5 segundo)**
Mag-set kalahating segundong delay simula sa pagtapik mo sa screen ng camera hanggang sa magsimulang marekord ang video.

**I-off**
Agad na magsisimulang ma-record ang video sa sandaling tatapikin mo ang screen ng camera.

## Smile Shutter™(video)

Gamitin ang paggana ng Smile Shutter™ upang tukuyin kung sa anong uri ng ngiti gagana ang camera bago magrekord ng video.

## Mode ng pag-focus

Kinokontrol ng setting ng focus kung aling bahagi ng video ang dapat na maging sharp. Kapag naka-on ang continous autofocus, patuloy na nag-a-adjust ang focus ng camera kaya ang lugar na nasa loob ng puting photo frame ay nananatiling matalas.

**Isang autofocus**
Awtomatikong nagfo-focus ang camera sa napiling paksa. Naka-on ang tuluy-tuloy na autofocus.

**Deteksyon ng mukha**
Awtomatikong nakikita ng camera ang hanggang sa limang mukha ng tao, na ipinapahiwatig ng mga frame sa screen. Awtomatikong nagpo-focus ang kamera sa pinakamalapit na mukha. Maaari ka ring pumili kung sa aling mukha magpo-focus sa pagtapik nito sa screen. Kapag tinapiko mo ang screen ng camera, ipapakita ng isang dilaw na frame kung aling mukha ang nakapili at fino-focus. Hindi magagamit ang deteksyon ng mukha para sa lahat ng mga uri ng eksena. Naka-on ang tuluy-tuloy na autofocus.

**Pagsubaybay sa object**
Kapag pinili mo ang isang bagay sa pamamagitan ng pag-touch dito sa viewfinder, susundan ito ng camera para sa iyo.

! Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode sa pagkuha.

## HDR na video

Gamitin ang setting na HDR (High-Dynamic Range) ng video upang mag-record ng video laban sa sobrang maliwanag na back light o sa mga kundisyon kung saan sharp ang contrast. Nagko-compensate ang Video HDR para sa pagkawlaa ng detalye at gumagawa ng larawan na kumakatawan sa parehong madilim at maliwanag na lugar.

! Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode sa pagkuha.

## Metering

Awtomatikong tinutukoy ng pagganang ito ang mahusay na nabalanseng exposure sa pamamagitan ng pagsukat sa dami ng liwanag na tumatama sa imaheng gusto mong kunan.

**Gitna**
Ina-adjust ang exposure sa gitna ng imahe.

**Katamtaman**
Kinakalkula ang exposure batay sa dami ng ilaw na tumatama sa buong imahe.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

**Spot**
Ina-adjust ang exposure sa napakaliit na bahagi ng imahe na gusto mong kunan.

! Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode sa pagkuha.

## SteadyShot™

Kapag nagrerekord ng video, maaaring mahirap hawakan ang device nang nakapirmi. Tumutulong sa iyo ang stabilizer sa pamamagitan ng pag-compensate para sa mga kaunting paggalaw ng kamay.

## Mikropono

Pilin kung kukunin ang mga tunog sa paligid kapag nagre-record ng mga video.

## Preview

Mapipili mong mag-preview ng mga video pagkatapos mo mismong kunan ang mga ito.

**I-on**
Lalabas ang preview ng video pagkatapos mo itong kunan.

**I-edit**
Bubukas ang video para sa pag-edit pagkatapos mo itong kunan.

**I-off**
Mase-save ang video pagkatapos mo itong kunan, at walang lalabas na preview.

## Flashlight

Gamitin ang ilaw ng flash upang magrekord ng mga video kapag hindi mainam ang mga kundisyon ng liwanag o kapag may backlight. Available lang sa screen ng video camera ang icon ng flash ng video na . Tandaan na maaaring mas mainam minsan ang kalidad ng video nang walang liwanag kahit na hindi mainam ang mga kundisyon ng liwanag.

| | |
|---|---|
| | I-on |
| | I-off |

## Pagpili ng eksena

Nakakatulong sa iyo ang feature na Pagpili ng eksena na ma-set up nang mabilis ang camera para sa mga karaniwang sitwasyon gamit ang mga paunang na-program na mga eksena ng video. Tumutukoy ang camera ng ilang setting para sa iyo upang umangkop sa napiling eksena, kaya matitiyak ang pinakamagandang video na posible.

SCN **I-off**
Naka-off ang feature na Pagpili ng eksena at makakakuha ka ng mga video nang manu-mano.

**Soft snap**
Gamitin para sa pagkuha ng mga video na may mga soft na background.

**Landscape**
Ginagamit para sa mga video ng mga landscape. Nagpo-focus sa malalayong bagay ang camera.

**Gabi**
Kapag naka-on, tumataas ang light sensitivity. Gamitin sa mga kapaligiran na madilim. Maaaring maging malabo ang mga video ng mga bagay na mabilis na gumagalaw. Huwag igalaw ang iyong kamay, o gumamit ng suporta. I-off ang night mode kapag tama lang ang liwanag, upang mapataas ang kalidad ng video.

**Beach**
Gamitin para sa mga video ng mga eksena sa tabing-dagat o tabing-lawa.

**Nyebe**
Gamitin sa maliliwanag na kapaligiran upang maiwasan ang mga overexposed na video.

**Pampalakasan**



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

Ginagamit para sa pagkuha ng mga video ng mga bagay na mabilis na gumagalaw. Binabawasan ng maikling oras ng exposure ang pag-blur dahil sa pagkilos.

**Party**
Ginagamit para sa mga video sa loob sa hindi gaanong maliwanag na mga kapaligiran. Nakakakuha ang eksenang ito ng panloob na ilaw sa background o ilaw ng kandila. Maaaring maging malabo ang mga video ng mga bagay na mabilis na gumagalaw. Huwag igalaw ang iyong kamay, o gumamit ng suporta.

! Available lang ang setting na ito sa **Manu-mano** na mode ng pagkuha.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Mga larawan at video sa Album

## Pagtingin ng mga larawan at video

Gamitin ang application na Album upang tumingin ng mga larawan at mag-play ng mga video na kinunan mo gamit ang iyong camera, o upang tumingin ng katulad na nilalaman na na-save mo sa iyong device. Ipinapakita sa isang grid na nakaayos ayon sa petsa ang lahat ng larawan at video.




| | |
|---|---|
| 1 | Tapikin ang icon upang buksan ang menu ng home screen ng Album |
| 2 | Tumingin ng slideshow ng lahat ng imahe o ng mga idinagdag mo lang sa iyong mga paborito |
| 3 | I-drag pakanan ang kaliwang gilid ng screen upang buksan ang menu ng home screen ng Album |
| 4 | Ang sakop na petsa ng mga item sa kasalukuyang grupo |
| 5 | Tapikin ang isang larawan o video upang buksan ito sa view na full screen |
| 6 | Mag-scroll pataas o pababa para tingnan ang nilalaman |

### Upang tingnan ang mga larawan at video

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Album**.
3. Tapikin ang isang larawan o video na gusto mong tingnan. Kung na-prompt, tapikin ang ⊙ > **Video** > **ISANG BESES LANG**.
4. Mag-flick pakaliwa upang matingnan ang susunod na larawan o video. Mag-flick pakanan upang tingnan ang naunang larawan o video.

! Kung gusto mong baguhin ang isang application na pinili mo bilang default na palaging magbukas ng mga video, tapikin ang **Mga Setting** > **Apps** at mag-swipe patungo sa tab na **Lahat**, pagkatapos ay piliin ang application at tapikin ang **I-CLEAR ANG MGA DEFAULT** sa ilalim ng **Ilunsad bilang default**.

Kung hindi awtomatikong nagbago ang oryentasyon ng screen kapag inikot mo patagilid ang iyong device, tapikin ang **Ikutin ang mga nilalaman ng screen** sa ilalim ng **Mga Setting** > **Display** > **Kapag inikot ang device**.

### Upang baguhin ang laki ng mga thumbnail

- Kapag tumitingin ng mga thumbnail ng mga larawan at video sa Album, paghiwalayin ang dalawang daliri upang mag-zoom in, o i-pinch ang dalawang daliri upang mag-zoom out.

### Upang mag-zoom sa isang larawan

- Kapag tumitingin ka ng isang larawan, paghiwalayin ang dalawang daliri upang mag-zoom in, o pagtagpuin ang dalawang daliri upang mag-zoom out.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang manood ng slidesho ng iyong mga litrato

1. Kapag may tinitingnan kang larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang ⋮ > **Slideshow** upang simulang i-play ang lahat ng larawan sa isang album.
2. Tapikin ang litrato upang wakasan ang slideshow.

### Para mag-play ng video

1. Sa Album, hanapin at tapikin ang video na gusto mong i-play.
2. Tapikin ang ⊙, pagkatapos ay tapikin ang **Video** > **ISANG BESES LANG**.
3. Kung hindi ipinapakita ang mga kontrol sa pag-playback, tapikin ang screen para ipakita ang mga ito. Para itago ang mga kontrol, tapiking muli ang screen.

### Upang i-pause ang video

1. Kapag nagpe-play ang video, tapikin ang screen upang ipakita ang mga control.
2. Tapikin ang ⏸.

### Upang i-fast forward at i-rewind ang video

1. Kapag nagpe-play ang video, tapikin ang screen upang ipakita ang mga control.
2. I-drag ang progress bar marker sa kaliwa upang mag-rewind, o pakanan upang mag-fast foward.

### Upang i-adjust ang volume ng video

- Pindutin ang volume key.

## Pagbabahagi at pamamahala sa mga larawan at video

Makakapagbahagi ka ng mga larawan at video na na-save mo sa iyong device. Mapapamahalaan mo rin ang mga ito sa iba't ibang paraan. Halimbawa, maaari kang gumawa sa mga larawan nang pangkatan, magtanggal ng mga larawan at i-link ang mga ito sa mga contact. Kung marami kang naka-save na larawan sa iyong device, mainam na regular na ilipat ang mga ito sa computer o sa isang panlabas na storage device upang maiwasan ang hindi inaasahang pagkawala ng data. Kapag ginawa mo ito, makakapagbakante ka rin ng mas maraming espasyo sa iyong device. Basahin ang *Pamamahala ng mga file gamit ang isang computer* sa pahina ng 138 .

! Maaaring hindi ka makakopya, makapagpadala o makapaglipat ng mga item na protektado ng copyright. Gayundin, hindi maaaring ipadala ang ilang item kung masyadong malaki ang file.

### Upang magbahagi ng larawan o video

1. Sa Album, hanapin at tapikin ang larawan o video na gusto mong ibahagi.
2. Tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang <.
3. Tapikin ang application na gusto mong gamitin upang ibahagi ang larawan, pagkatapos ay sundin ang mga hakbang upang ipadala ito.

### Upang gumamit ng larawan bilang litrato ng contact

1. Kapag tinitingnan mo ang isang larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang ⋮ > **Gamitin bilang** > **Litrato ng contact**.
2. Pumili ng contact, pagkatapos ay i-edit ayon sa iyong gusto.
3. Tapikin ang **Tapos na**.

### Upang gumamit ng photo bilang wallpaper

1. Kapag tinitingnan mo ang isang larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang ⋮ > **Gamitin bilang** > **Wallpaper**.
2. Sundin ang mga tagubilin sa screen.

### Upang ipaikot ang litrato

1. Kapag tumitingin ka ng larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang ⋮.
2. Piliin ang **I-rotate**. Na-save ang litrato sa bagong oryentasyon.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magtanggal ng larawan o video

1. Kapag tumitingin ka ng larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang .
2. Tapikin ang **Magtanggal**.

### Upang gumawa ng pagkilos sa mga pangkat ng mga larawan o video sa Album

1. Kapag tinitingnan ang mga thumbnail ng mga larawan at video sa Album, hawakan at tagalan ang isang item hanggang sa ma-highlight ito.
2. Tapikin ang iba pang mga item na gusto mong gamitin upang piliin ang mga ito. Kung gusto mong piliin ang lahat ng item, tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Piliin lahat**.
3. Gamitin ang mga tool sa toolbar upang gamitin ang mga napili mong item.

## Pagsusuri sa mga larawang may mga mukha sa Album

Maaari mong suriin ang anumang mga larawan sa iyong device na nagtatampok ng mga mukha ng mga tao. Sa sandaling naisaaktibo na, mananatiling naka-on ang feature na pagsusuri ng larawan, at susuriin ang mga bagong larawan habang idinaragdag ang mga ito. Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri, magagawa mo nang pagsama-samahin ang lahat ng larawan ng parehong tao sa iisang folder.

### Upang i-on ang feature na pagsusuri ng larawan

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Album**.
3. I-drag ang kaliwang gilid ng home screen ng Album pakanan, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Mukha**. Susuriin at igugrupo ang lahat ng larawan sa iyong device sa folder na Walang pangalang mga mukha.

### Upang pangalanan ang isang mukha

1. Sa tile na **Mga Mukha**, tapikin ang folder na **Mga hindi pinangalanang mukha**, pagkatapos ay mag-browse papunta sa folder na **Iba pang mga mukha** at piliin ang mukhang gusto mong pangalanan.
2. Tapikin ang **Magdagdag ng pangalan**.
3. Mag-type ng pangalan, pagkatapos ay tapikin ang **Tapos na** > **Idagdag na bagong tao**.

### Upang mag-edit ng pangalan ng mukha

1. Kapag tumitingin ka ng larawan sa buong view ng screen, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang  > **I-edit ang tag ng pangalan**.
2. Tapikin ang **OK**.
3. Tapikin ang pangalan ng mukhang gusto mong i-edit.
4. I-edit ang pangalan, pagkatapos ay tapikin ang **Tapos na** >**Idagdag na bagong tao**.

## Pag-edit sa mga larawan gamit ang application na Editor ng litrato

Maaari kang mag-edit o maglapat ng mga effect sa mga orihinal na larawang kinunan mo gamit ang iyong camera. Halimbawa, mababago mo ang mga effect ng liwanag. Pagkatapos mong ma-save ang na-edit na larawan, mananatili sa iyong device ang orihinal na hindi binagong bersyon ng larawan.

### Upang mag-edit ng larawan

- Kapag tumitingin ka ng larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang .



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang i-crop ang isang larawan

1. Kapag tumitingin ka ng larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang .
2. Kung na-prompt, piliin ang **Editor ng litrato**.
3. Tapikin ang > **I-crop**.
4. Pumili ng opsyon.
5. Upang ma-adjust ang crop frame, pindutin nang matagal ang gilid ng crop frame. Kapag nawala ang mga parisukat sa mga gilid, mag-drag papasok o papalabas upang baguhin ang laki ng frame.
6. Upang baguhin ang laki ng lahat ng gilid ng crop frame nang sabay-sabay, i-touch at tagalan ang isa sa apat na sulok upang mawala ang mga parisukat sa mga gilid, pagkatapos ay i-drag nang naaayon ang sulok.
7. Upang ilipat ang frame ng pag-crop sa isa pang lugar sa litrato, pindutin nang matagal ang loob ng frame, pagkatapos ay i-drag ito sa gustong posisyon.
8. Tapikin ang **Ilapat**.
9. Upang mag-save ng kopya ng larawan habang kina-crop mo ito, tapikin ang **I-save**.

### Upang maglapat ng mga espesyal na effect sa isang larawan

1. Kapag tumitingin ka ng larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang .
2. Kung na-prompt, piliin ang **Editor ng litrato**.
3. Tapikin ang , at pagkatapos ay pumili ng opsyon.
4. I-edit ang larawan ayon sa gusto, pagkatapos ay tapikin ang **I-save**.

## Pag-edit ng mga video gamit ang application na Movie Creator

Maaari kang mag-edit ng mga video na kinunan mo gamit ang iyong camera. Halimbawa, maaari mong i-trim ang isang video sa ninanais mong haba o baguhin ang bilis ng isang video. Pagkatapos mong ma-save ang na-edit na video, mananatili sa iyong device ang orihinal na hindi binagong bersyon ng video.

### Upang mag-trim ng video

1. Sa Album, hanapin at tapikin ang video na gusto mong i-play.
2. Tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang > **I-trim**.
3. Upang ilipat ang trim frame sa ibang bahagi ng timeline, i-touch at tagalan ang gilid ng trim frame at i-drag ito sa ninanais na posisyon, pagkatapos ay tapikin ang **Ilapat**.
4. Upang mag-save ng kopya ng na-trim na video, tapikin ang **I-save**.

### Upang i-adjust ang bilis ng video

1. Sa Album, hanapin at tapikin ang video na gusto mong i-play.
2. Tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang > **Bilis**.
3. Pumili ng opsyon, pagkatapos ay i-touch at tagalan ang gilid ng timeline at i-drag ito patungo sa ninanais na posisyon at tapikin ang **Ilapat**.
4. Upang mag-save ng kopya ng na-edit na video, tapikin ang **I-save**.

## Pagtatago ng mga larawan at video

Maaari kang magtago ng anumang mga larawan at video sa home screen ng Album. Sa sandaling nakatago na ang mga larawan at video sa home screen ng Album, maaari lang makita ang mga ito sa folder ng Nakatago.

### Upang magtago ng larawan o video

1. Sa Album, hanapin at tapikin ang larawan o video na gusto mong itago.
2. Tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang .
3. Tapikin ang **Itago** > **OK**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang tingnan ang iyong mga nakatagong larawan at video


1. Sa Album, i-drag ang kaliwang gilid ng home screen ng Album patungo sa kanan, pagkatapos ay tapikin ang **Nakatago**.
2. Tapikin ang isang larawan o video upang tingnan ito.
3. Mag-flick pakaliwa upang matingnan ang susunod na larawan o video. Mag-flick pakanan upang tingnan ang nakaraang larawan o video.

### Upang alisin sa pagkakatago ang isang larawan o video

1. Sa Album, i-drag ang kaliwang gilid ng home screen ng Album patungo sa kanan, pagkatapos ay tapikin ang **Nakatago**.
2. Tapikin ang isang larawan o video na gusto mong alisin sa pagkakatago.
3. Tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar, pagkatapos ay tapikin ang ⋮.
4. Tapikin ang **Huwag itago**.

## Menu ng home screen ng Album

Sa pamamagitan ng menu ng home screen ng Album, maba-browse mo ang lahat ng iyong album ng larawan, kasama na ang mga larawan at video na kinunan ng camera ng iyong device gamit ang mga special effect, pati na rin ang nilalaman na ibinabahagi mo online sa pamamagitan ng mga serbisyong gaya ng PlayMemories Online, Picasa™ at Facebook. Kapag naka-log in ka na sa ganoong mga serbisyo, magagawa mong mamahala ng nilalaman at tumingin ng mga online na imahe. Mula sa application na Album, maaari ka ring magdagdag ng mga geotag sa mga larawan, magsagawa ng mga karaniwang gawain sa pag-edit at gumamit ng mga paraan gaya ng Bluetooth® wireless technology at email para magbahagi ng nilalaman.




| | |
|---|---|
| 1 | Tumingin ng mga larawan at video gamit ang serbisyo ng PlayMemories Online |
| 2 | Bumalik sa home screen ng application na Album upang tingnan ang lahat ng nilalaman |
| 3 | Tingnan ang iyong mga paboritong larawan at video |
| 4 | Tingnan ang lahat ng video na naka-save sa iyong device |
| 5 | Tingnan ang iyong mga larawan sa isang mapa o sa Globe view |
| 6 | Tingnan ang iyong mga larawan at video na nakatago |
| 7 | Tingnan ang lahat ng larawan at video na kinunan ng camera ng iyong device gamit ang mga special effect |
| 8 | Tingnan ang lahat ng larawan at video na naka-save sa iyong device sa iba't ibang folder |
| 9 | Tingnan ang lahat ng larawang may mga mukha |
| 10 | Tumingin ng mga larawan at video sa mga device sa iisang network |
| 11 | Buksan ang menu ng mga setting para sa Album application |
| 12 | Mag-scroll pataas o pababa para tingnan ang nilalaman |



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

| | |
|---|---|
| 13 | Tumingin ng mga larawan at video sa Facebook™ |

Hindi available sa lahat ng bansa o rehiyon ang serbisyo ng PlayMemories Online.

### Upang tumingin ng mga larawan mula sa mga online na serbisyo sa Album

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Album**, pagkatapos ay i-drag ang kaliwang gilid ng home screen ng Album pakanan.
3. Tapikin ang gustong online na serbisyo, pagkatapos ay sundin ang mga tagubilin sa screen upang masimulang gamitin ito. Ipapakita ang lahat ng available na album sa online na in-upload mo sa serbisyo.
4. Tapikin ang anumang album upang tingnan ang nilalaman nito, pagkatapos ay tapikin ang isang larawan sa album.
5. Mag-flick pakaliwa upang matingnan ang susunod na larawan o video. Mag-flick pakanan upang tingnan ang nakaraang larawan o video.

## Pagtingin sa iyong mga larawan sa isang mapa

Tinatawag na pag-geotag ang pagdaragdag ng impormasyon ng lokasyon sa mga larawan. Maaari mong tingnan at i-tag ang iyong mga larawan sa isang mapa at ipakita sa mga kaibigan at kapamilya kung nasaan ka noong kumuha ka ng isang partikular na larawan. Tingnan ang *Pagdagdag ng heyograpikong posisyon sa iyong mga larawan* sa pahinang 91 para sa higit pang impormasyon.

Kung na-on mo ang pag-detect ng lokasyon at isinaaktibo sa camera ang pag-geotag, maaari mong direktang i-tag ang iyong mga larawan para matingnan sa mapa sa ibang pagkakataon.




| | |
|---|---|
| 1 | Tingnan ang mga larawang na-geotag sa Globe view |
| 2 | Maghanap ng lokasyon sa mapa |
| 3 | Tingnan ang mga opsyon sa menu |
| 4 | Tapikin nang dalawang beses upang mag-zoom in. Mag-pinch upang mag-zoom out. I-drag upang tingnan ang iba't ibang bahagi ng mapa |
| 5 | Isang grupo ng mga larawan at/o video na na-geotag sa parehong lokasyon |
| 6 | Mga thumbnail ng piniling grupo ng mga larawan at/o video. Tapikin ang isang item upang tingnan ito sa buong screen |

Kung ang ilang larawan ay nakunan sa kaparehong lokasyon, isa lamang sa mga ito ang lalabas sa mapa. Lumalabas ang kabuuang bilang ng mga larawan sa kanang sulok sa tuktok, halimbawa, . Upang tingnan ang lahat ng larawan sa grupo, tapikin ang cover na larawan at pagkatapos ay tapikin ang isa sa mga thumbnail sa ibaba ng screen.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magdagdag ng geotag sa isang larawan

1. Kapag tumitingin ka ng larawan, tapikin ang screen upang ipakita ang mga toolbar.
2. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Magdagdag ng geotag** upang buksan ang screen ng mapa.
3. Tumapik sa mapa upang i-set ang lokasyon para sa larawan.
4. Upang i-reset ang lokasyon para sa larawan, tapikin ang bagong lokasyon sa mapa.
5. Kapag tapos ka na, tapikin ang **OK**.

### Upang tingnan ang mga na-geotag na larawan sa isang mapa

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Album**.
3. I-drag ang kaliwang gilid ng home screen ng Album pakanan, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Lugar**.
4. Tapikin ang larawan na gusto mong tingnan sa isang mapa.

### Upang tingnan ang mga na-geotag na larawan sa isang globe

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Album**.
3. I-drag ang kaliwang gilid ng home screen ng Album pakanan, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Lugar** > 🌐.
4. Tapikin ang larawan na gusto mong tingnan sa isang globe.

### Upang baguhin ang geotag ng isang larawan

1. Kapag tumitingin ng larawan sa mapa sa Album, i-touch nang matagal ang larawan hanggang sa maging kulay asul ang frame nito, pagkatapos ay tapikin ang gustong lokasyon sa mapa.
2. Tapikin ang **OK**.

### Upang baguhin ang view ng mapa

- Kapag tinitingnan ang mapa sa Album, pindutin ang ⋮, pagkatapos ay piliin ang **Classic view** o **Satellite view**.




Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Mga Video

## Panonood ng mga video sa application na Video

Gamitin ang application na Video para mag-play ng mga pelikula at iba pang nilalamang video na na-save o na-download mo sa iyong device. Nakakatulong din sa iyo ang application na Video na makakuha ng poster art, mga buod ng plot, impormasyon sa genre at mga detalye tungkol sa direktor para sa bawat pelikula. Mape-play mo rin ang iyong mga pelikula sa iba pang mga device na nakakonekta sa parehong network.

! Maaaring hindi nape-play ang ilang video file sa application na Video.




| | | |
|---|---|---|
| 1 | Tingnan ang mga opsyon sa menu | |
| 2 | Ipakita ang pinakakamakailang na-play na video | |
| 3 | I-drag ang kaliwang gilid ng screen patungo sa kanan upang i-browse ang lahat ng na-download at na-save na video | |
| 4 | I-tap para ma-play ang mga naka-save o na-download na video file | |
| 5 | Mag-scroll pataas o pababa upang tingnan ang nilalaman | |

### Para mag-play ng video sa Video

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Video**.
2. Hanapin at tapikin ang video na gusto mong i-play. Kung hindi ipinapakita sa screen ang video, i-drag ang kaliwang gilid ng screen pakanan para buksan ang menu ng home screen ng Video, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang video na gusto mong i-play.
3. Para ipakita o itago ang mga kontrol, tapikin ang screen.
4. Para i-pause ang pag-play, tapikin ang ⏸. Para ipagpatuloy ang pag-play, tapikin ang ▶.
5. Para mag-rewind, i-drag pakaliwa ang marker ng bar ng progreso. Para mag-fast forward, i-drag pakanan ang marker ng bar ng progreso.

### Upang mag-play ng video sa panlabas na device

1. Kapag nagpe-play ang video, tapikin ang screen upang ipakita ang lahat ng kontrol.
2. Tapikin ang ⋮ > **Throw**.
3. Pumili ng panlabas na device kung saan ipe-play ang video. Kung walang available na panlabas na device, sundin ang mga tagubilin sa screen upang magdagdag ng isa.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Para baguhin ang mga setting sa Video

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Video**.
2. Tapikin ang  > **Mga setting**, pagkatapos ay baguhin ang mga setting ayon sa kagustuhan.

### Upang baguhin ang mga setting ng tunog habang nagpe-play ang isang video

1. Habang nagpe-play ang video, tapikin ang screen upang ipakita ang mga control.
2. Tapikin ang  > **Mga setting ng audio**, pagkatapos ay baguhin ang mga setting ayon sa kagustuhan.
3. Kapag tapos ka na, tapikin ang **OK**.

### Para magbahagi ng video

1. Kapag nagpe-play ang isang video, pindutin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Ibahagi**.
2. Tapikin ang application na gusto mong gamitin para ibahagi ang piniling video, pagkatapos ay sundin ang mga nauugnay na hakbang para ipadala ito.

## Paglilipat ng nilalamang video sa iyong device

Bago mo simulang gamitin ang application na Mga Pelikula, magandang ideya na maglipat ng mga pelikula, palabas sa TV at iba pang nilalamang video sa iyong device mula sa iba pang mga device, gaya ng isang computer. May ilang paraan upang ilipat ang iyong nilalaman:

- Para sa Windows® lang: Ikonekta ang iyong device sa isang computer gamit ang isang USB cable at i-drag at i-drop ang mga video file nang direkta gamit ang application na file manager sa computer. Tingnan ang *Pamamahala ng mga file gamit ang isang computer* sa page na 138 .
- Kung mayroon kang PC o Apple® Mac® computer, gamitin ang Xperia™ Companion upang magsaayos ng nilalaman at maglipat ng mga video file sa iyong device.

## Pamamahala sa nilalamang video

### Para manu-manong makakuha ng impormasyon tungkol sa pelikula

1. Tiyaking may aktibong koneksyon sa data ang iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Video**.
3. I-drag ang kaliwang gilid ng screen pakanan para buksan ang menu ng home screen ng Video, pagkatapos ay mag-browse sa iba't ibang kategorya at sa video file na gusto mong kunan ng impormasyon.
4. I-touch nang matagal ang thumbnail para sa video, pagkatapos ay tapikin ang **Maghanap ng impo**.
5. Sa field ng paghahanap, magpasok ng mga keyword para sa video, pagkatapos ay tapikin ang key na kumpirmahin sa keyboard. Ipapakita sa isang listahan ang lahat ng tutugma.
6. Pumili ng isang resulta ng paghahanap, pagkatapos ay tapikin ang **Tapos na**. Magsisimula ang pag-download ng impormasyon.

! Awtomatiko kang makakakuha ng impormasyon tungkol sa mga bagong dagdag na video sa tuwing bubukas ang application na Video kung mamarkahan mo ang checkbox na **Kunin detalye ng video** sa ilalim ng Mga Setting.

Kung hindi tama ang na-download na impormasyon, maghanap muli gamit ang ibang mga keyword.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Para mag-clear ng impormasyon tungkol sa isang video

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Video**.
2. I-drag ang kaliwang gilid ng screen pakanan para buksan ang menu ng home screen ng Video, pagkatapos ay mag-browse sa iba't ibang kategorya at sa video file na gusto mong i-edit.
3. I-touch nang matagal ang thumbnail ng video, pagkatapos ay tapikin ang **I-clear ang impo**.

### Para magtanggal ng video

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Video**.
2. I-drag ang kaliwang gilid ng screen pakanan para buksan ang menu ng home screen ng Video, pagkatapos ay mag-browse sa iba't ibang kategorya at sa video file na gusto mong tanggalin.
3. I-touch nang matagal ang thumbnail ng video, pagkatapos ay tapikin ang **Tanggalin** mula sa listahang lalabas.
4. Tapiking muli ang **Tanggalin** para kumpirmahin.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Connectivity

## Pag-mirror ng screen ng iyong device nang wireless sa isang TV

Gamitin ang feature na Pag-mirror ng screen upang ipakita ang screen ng iyong device sa isang TV o iba pang malaking display nang hindi gumagamit ng koneksyon ng kable. Ang teknolohiyang Wi-Fi Direct™ ay gumagawa ng wireless na koneksyon sa pagitan ng dalawang device, upang magawa mong mag-relax at tingnan ang iyong mga paboritong larawan habang nakaupo sa iyong sofa. Magagamit mo rin ang feature na ito upang makinig sa musika mula sa iyong device sa pamamagitan ng speakers ng TV.

! Dapat ay sinusuportahan ng iyong TV ang pag-mirror ng screen batay sa Miracast™ na NA-CERTIFY ng Wi-Fi upang gumana ang functionality na inilalarawan sa itaas. Kung hindi sinusuportahan ng iyong TV ang pag-mirror ng screen, maaaring kailangan mong bumili ng wireless display adapter.

! Kapag gumagamit ng pag-mirror ng screen, paminsan-minsan ay maaaring mabawasan ang kalidad ng imahe kung mayroong interference mula sa iba pang mga Wi-Fi® network.

### Upang i-mirror ang screen ng iyong device sa isang TV screen

1 TV: Sundin ang mga tagubilin sa User guide ng iyong TV upang i-on ang function na pag-mirror ng screen.
2 Iyong device: Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Pag-mirror ng screen**.
4 Tapikin ang **Simulan**.
5 Tapikin ang **OK** at pumili ng device.

! Kapag gumagamit ng pag-mirror ng screen, huwag takpan ang lugar ng antenna ng Wi-Fi ng iyong device.

! Dapat ay sinusuportahan ng iyong TV ang pag-mirror ng screen batay sa Wi-Fi CERTIFIED Miracast™ upang gumana ang functionality na inilalarawan sa itaas.

### Upang ihinto ang screen mirroring sa pagitan ng mga device

1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Pag-mirror ng screen**.
3 Tapikin ang **Idiskonekta**, pagkatapos ay tapikin ang **OK**.

## Pagbabahagi ng nilalaman sa mga DLNA Certified™ na device

Maaari kang tumingin o mag-play ng nilalamang media na naka-save sa iyong device o sa iba pang mga device gaya ng TV o computer. Ang mga device ay dapat na nasa iisang wireless network at maaaring mga Sony TV o speaker, o mga produktong DLNA Certified™ ng Digital Living Network Alliance. Maaari mo ring tingnan o i-play ang nilalaman mula sa iba pang mga DLNA Certified™ na device sa iyong device.

Pagkatapos mong i-set up ang pagbabahagi ng media sa pagitan ng mga device, maaari kang, halimbawa, makinig sa mga music file na nakaimbak sa iyong computer sa bahay mula sa iyong device, o tumingin ng mga larawang kinunan gamit ang camera ng iyong device sa isang TV na malaki ang screen.

## Pag-play ng mga file mula sa DLNA Certified™ na mga device sa iyong device

Kapag nagpe-play ng mga file mula sa isa pang DLNA Certified™ na device sa iyong device, nagsisilbing isang server ang isa pang device na ito. Sa madaling salita, nagbabahagi ito ng nilalaman sa isang network. Dapat na pinagana ang function ng pagbabahagi ng nilalaman ng service na device at magbigay ng pahintulot ng access sa iyong device. Konektado rin dapat ito sa parehong Wi-Fi® network gaya ng iyong device.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Para mag-play ng nakabahaging track ng musika sa iyong device

1. Tiyaking nakakonekta ang mga device na gusto mong bahagian ng mga file sa parehong Wi-Fi® network tulad ng iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang ♫.
3. I-drag ang kaliwang gilid ng home screen ng Musika pakanan, pagkatapos ay tapikin ang **Home network**.
4. Pumili ng device mula sa listahan ng mga nakakonektang device.
5. I-browse ang mga folder ng nakakonektang device at piliin ang track na gusto mong i-play. Sa sandaling mapili, awtomatikong magsisimulang mag-play ang track.

### Upang mag-play ng nakabahaging video sa iyong device

1. Tiyaking nakakonekta ang mga device na gusto mong bahagian ng mga file sa parehong Wi-Fi® network tulad ng iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Video**.
3. I-drag ang kaliwang gilid ng home screen ng Video pakanan, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Device**.
4. Pumili ng device mula sa listahan ng mga nakakonektang device.
5. I-browse ang mga folder ng konektadong device at piliin ang video na gusto mong i-play.

### Para tumingin ng nakabahaging larawan sa iyong device

1. Siguraduhin na ang mga device kung saan gusto mong magbahagi ng mga file ay nakakonekta sa parehong Wi-Fi® network gaya ng iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Album**.
3. I-drag ang kaliwang dulo ng home screen ng Album pakanan, at tapikin ang **Mga Device**.
4. Pumili ng device mula sa listahan ng mga nakakonektang device.
5. I-browse ang mga folder ng nakakonektang device at pumili ng larawan para tingnan ito.

## Pag-play ng mga file na mula sa iyong device sa DLNA Certified™ na mga device

Bago mo matingnan o ma-play ang mga media file mula sa iyong device sa ibang mga DLNA Certified™ na device, dapat mong i-set up ang pagbabahagi ng file sa iyong device. Ang mga device na pinagbabahagian mo ng nilalaman ay tinatawag na mga device ng client. Halimbawa, ang isang TV, computer o tablet ay maaaring magsilbing mga device ng client. Gumagana ang iyong device bilang isang server ng media kapag ginagawa nitong available ang nilalaman sa mga device ng client. Kapag nag-set up ka ng pagbabahagi ng file sa iyong device, kailangan mo ring magbigay ng permiso sa access sa mga device ng client. Pagkatapos mong gawin ito, ang naturang mga device ay lalabas bilang mga nakarehistrong device. Ang mga device na naghihintay para sa permiso sa access ay nakalista bilang mga nakabinbing device.

### Upang mag-set up ng pagbabahagi ng file sa iba pang mga DLNA Certified™ na device

1. Ikonekta ang iyong device sa isang Wi-Fi® network.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Media server**.
3. I-drag ang slider sa tabi ng **Ibahagi ang media** pakanan.
4. Gamitin ang iyong computer o ibang mga DLNA™ client na device sa parehong Wi-Fi® network upang ikonekta sa iyong device.
5. May lalabas na notification sa status bar ng iyong device. Buksan ang notification at mag-set up ng mga pahintulot ng access para sa bawat client na device na sumusubok na kumonekta sa iyong device.

! Ang mga hakbang para sa pag-access ng media sa iyong device gamit ang isang DLNA™ client ay naiiba sa pagitan ng mga client na device. Sumangguni sa User guide ng iyong client



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

device para sa higit pang impormasyon. Kung hindi na-a-access ang iyong device ng isang client sa network, i-check kung gumagana ang iyong Wi-Fi® network.

Maaari mo ring i-access ang **Media server** na menu sa application na Musika sa pamamagitan ng pag-drag sa kaliwang gilid ng home screen ng Musika patungo sa kanan, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Setting** > **Media server**.

### Upang itigil ang pagbabahagi ng mga file sa iba pang mga DLNA Certified™ na device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Media server**.
3. I-drag ang slider pakaliwa sa tabi ng **Ibahagi ang media**.

### Upang mag-set ng mga pahintulot sa pag-access para sa isang nakabinbing client device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Media server**.
3. Pumili ng isang device mula sa listahan ng **Mga nakabinbing device**.
4. Pumili ng antas ng pahintulot sa pag-access.

### Upang baguhin ang pangalan ng isang nakarehistrong device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Media server**.
3. Pumili ng device mula sa listahan ng **Mga nakarehistrong device**, at pagkatapos ay piliin ang **Baguhin ang pangalan**.
4. Magpasok ng bagong pangalan para sa device.

### Upang baguhin ang antas ng pag-access ng isang nakarehistrong device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Media server**.
3. Pumili ng isang device mula sa listahan ng **Mga nakarehistrong device**.
4. Tapikin ang **Baguhin ang access level** at pumili ng opsyon.

### Upang humingi ng tulong tungkol sa pagbabahagi ng nilalaman sa iba pang mga DLNA Certified™ na device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Media server**.
3. Tapikin ang ⋮ at pagkatapos ay tapikin **Tulong**.

## Pag-play ng mga file sa ibang device gamit ang Throw

Gamit ang teknolohiya ng DLNA™, maaari kang mag-push o mag-“Throw” ng nilalamang media mula sa iyong device sa ibang device na nakakonekta sa parehong Wi-Fi® network. Ang tumatanggap na device ay dapat na gumana bilang isang Digital Media Renderer (DMR) device at makapag-play ng nilalaman na natatanggap mula sa iyong device. Ang isang TV na sumusuporta sa DLNA™ o isang PC na nagpapatakbo ng Windows® 7 o mas bago ay mga halimbawa ng mga DMR device.

Ang mga hakbang para sa pag-play ng nakabahaging media ay maaaring mag-iba depende sa client na device. Sumangguni sa user guide ng DMR device para sa higit pang impormasyon.

Hindi maaaring ma-play ang nilalaman na na-secure gamit ang Digital Rights Management (DRM) sa isang Digital Media Renderer na device gamit ang teknolohiyang DLNA™.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang mag-play ng mga larawan o video sa isang client na device gamit ang Throw

1. Siguraduhing na-set up mo nang tama ang DMR o DLNA™ client device at na nakakonekta ito sa parehong Wi-Fi® network gaya ng iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
3. Hanapin at tapikin ang **Album**.
4. I-browse at buksan ang mga larawan o video na gusto mong tingnan.
5. Tapikin ang screen para ipakita ang toolbar, pagkatapos ay tapikin ang at piliin ang device kung saan gusto mong ibahagi ang iyong nilalaman.
6. Upang itigil ang pagbabahagi ng larawan o video sa isang client na device, tapikin ang at piliin ang **Idiskonekta**.

Maaari ka ring magbahagi ng video mula sa application na Mga Video sa iyong device sa pamamagitan ng pagtapik sa video at pagkatapos ay pagtapik sa .

### Upang mag-play ng track ng musika sa isang client na device gamit ang Throw

1. Siguraduhing na-set up mo nang tama ang DMR o DLNA™ client device at na nakakonekta ito sa parehong Wi-Fi® network gaya ng iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , pagkatapos ay hanapin at tapikin ang .
3. Pumili ng kategorya ng musika at mag-browse sa track na gusto mong ibahagi, pagkatapos ay tapikin ang track.
4. Tapikin ang at pumili ng client na device kung saan ibabahagi ang iyong nilalaman. Magsisimulang mag-play ang track sa device na napili mo.
5. Para madiskonekta sa client na device, tapikin ang .

## Pagkonekta sa iyong device sa mga USB accessory

Maaari kang gumamit ng USB Host adapter upang ikonekta ang iyong device sa mga USB accessory gaya ng mga USB mass storage device, game controller, USB keyboard at USB mouse. Kung ang USB accessory ay may micro USB connector, hindi na kailangan ang USB Host adapter.

Ibinebenta nang hiwalay ang mga USB Host adapter. Hindi ginagarantiya ng Sony na ang lahat ng USB accessory ay sinusuportahan ng iyong device.

### Upang magkonekta ng USB accessory gamit ang isang USB host adapter

- Ikabit ang USB Host adapter sa iyong device, pagkatapos ay ikonekta ang adapter sa USB accessory.

Maaaring mangailangan ng mga karagdagang hakbang o software upang mag-set up ng mga game controller, USB audio at USB Ethernet accessory. Hindi ginagarantiya ng Sony na ang lahat ng USB accessory ay sinusuportahan ng iyong device.

### Upang mag-access ng nilalaman sa isang USB mass storage device gamit ang isang USB Host adapter

1. Ikabit ang USB Host adapter sa iyong device, pagkatapos ay ikonekta ang adapter sa USB mass storage device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Connectivity sa USB** > **Maghanap ng USB device**.
4. Upang i-access ang mga file at folder sa USB storage device, gumamit ng file manager app gaya ng File Commander.

Maaari mo ring buksan ang nauugnay na media application sa iyong device upang tumingin ng nilalaman nang direkta. Halimbawa, maaari mong buksan ang Album application upang tumingin ng mga larawang nakalagay sa mga USB mass storage device.

### Upang magdiskonekta ng isang USB mass storage device

1. Upang buksan ang Notification Panel, i-drag ang status bar pababa, pagkatapos ay tapikin ang **Nakakonekta ang USB storage**.
2. Tapikin ang **OK**.
3. Alisin ang USB Host adapter mula sa iyong device.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magkonekta ng USB accessory gamit ang isang micro USB connector

- Ikabit ang micro USB connector ng USB accessory sa iyong device.

! Hindi ginagarantiya ng Sony na ang lahat ng USB accessory na may micro USB connector ay sinusuportahan ng iyong device.

## Pagkokonekta sa iyong device sa isang DUALSHOCK™ series na wireless na controller

Maaari kang maglaro ng nakaimbak sa iyong device gamit ang isang DUALSHOCK™ series na wireless na controller. Maaari mo ring i-mirror ang iyong device sa isang TV o iba pang display. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pagmi-mirror ng screen, sumangguni sa may-kaugnayang seksyon sa User guide.

### Upang mag-set up ng koneksyon sa isang DUALSHOCK™3 wireless controller

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **DUALSHOCK™3 wireless controller**.
3. Tapikin ang **Ipares ang controller** at sundin ang mga tagubilin sa screen.

## NFC

Gamitin ang Near Field Communications (NFC) upang magbahagi ng data sa iba pang mga device, gaya ng video, larawan, address ng web page, file ng musika o contact. Magagamit mo rin ang NFC upang mag-scan ng mga tag na nagbibigay sa iyo ng higit na impormasyon tungkol sa produkto o serbisyo gayundin ng mga tag na nagsasaaktibo ng ilang partikular na function sa iyong device.

Ang NFC ay wireless na teknolohiyang may pinakamataas na sakop na isang sentimetro, kaya dapat ay hawakan nang malapit sa isa't isa ang mga device na nagbabahagi ng data. Bago mo magamit ang NFC, dapat mo munang i-on ang function na NFC, at aktibo dapat ang screen ng iyong device.

! Maaaring hindi available ang NFC sa lahat ng bansa at/o rehiyon.

### Upang i-on ang function ng NFC

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Higit pa**.
3. Tapikin ang switch na on-off sa tabi ng **NFC**.

### Upang magbahagi ng contact sa isa pang device gamit ang NFC

1. Tiyaking naka-on ang function na NFC sa dalawang device, at aktibo ang dalawang screen.
2. Upang tingnan ang mga contact, pumunta sa iyong Home screen, tapikin ⊞ , pagkatapos ay tapikin 👤 .
3. I-tap ang contact na gusto mong ibahagi.
4. Hawakan nang magkatalikod ang iyong device at ang tatanggap na device upang magdikit ang mga lugar ng pag-detect ng NFC ng bawat device. Kapag nagkonekta ang mga device, may lalabas na thumbnail ng contact.
5. Tapikin ang thumbnail upang simulan ang paglilipat.
6. Kapag tapos na ang paglilipat, ipapakita ang impormasyon ng contact sa screen ng tatanggap na device at mase-save rin sa tatanggap na device.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magbahagi ng file ng musika sa isa pang device gamit ang NFC

1. Tiyaking parehong naka-on ang function na NFC sa iyong device at ng tatanggap na device at aktibo ang parehong screen.
2. Upang buksan ang application na Musika, tapikin ang , pagkatapos ay hanapin at tapikin ang .
3. Pumili ng kategorya ng musika at mag-browse sa track na gusto mong ibahagi.
4. Tapikin ang track upang i-play ito. Matatapik mo ang  upang ihinto ang track. Gagana ang paglilipat kahit pine-play o naka-pause ang track.
5. Hawakan nang magkatalikod ang iyong device at ang tatanggap na device upang magdikit ang mga bahagi na pang-detect ng NFC ng bawat device. Kapag nagkonekta ang mga device, may lalabas na thumbnail ng track.
6. Tapikin ang thumbnail upang simulan ang paglilipat.
7. Kapag tapos na ang paglilipat, magpe-play kaagad ang file ng musika sa tatanggap na device. Kasabay nito, mase-save ang file sa tatanggap na device.

### Upang magbahagi ng larawan o video sa isa pang device gamit ang NFC

1. Tiyaking naka-on ang function na NFC sa dalawang device, at aktibo ang dalawang screen.
2. Upang tingnan ang mga larawan at video sa iyong device, pumunta sa iyong Home screen, tapikin  , pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Album**.
3. Tapikin ang larawan o video na gusto mong ibahagi.
4. Hawakan nang magkatalikod ang iyong device at ang tatanggap na device upang magdikit ang mga lugar ng pag-detect ng NFC ng bawat device. Kapag nagkonekta ang mga device, may lalabas na thumbnail ng track.
5. Tapikin ang thumbnail upang simulan ang paglilipat.
6. Kapag tapos na ang paglilipat, ipapakita ang larawan o video sa screen ng tatanggap na device. Kasabay nito, mase-save ang item sa tatanggap na device.

### Upang magbahagi ng web address sa isa pang device gamit ang NFC

1. Tiyaking naka-on ang function na NFC sa dalawang device, at aktibo ang dalawang screen.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang  .
3. Upang buksan ang web browser, hanapin at tapikin ang  .
4. I-load ang web page na gusto mong ibahagi.
5. Hawakan nang magkatalikod ang iyong device at ang tatanggap na device upang magdikit ang mga bahagi na pang-detect ng NFC ng bawat device. Kapag nagkonekta ang mga device, may lalabas na thumbnail.
6. Tapikin ang thumbnail upang simulan ang paglilipat.
7. Kapag tapos na ang paglilipat, ipapakita ang web page sa screen ng tatanggap na device.

## Pag-scan ng mga tag ng NFC

Maaaring mag-scan ng iba't ibang uri ng mga tag ng NFC ang iyong device. Halimbawa, maaari itong mag-scan ng mga naka-embed na tag sa isang poster, sa isang billboard advertisement, o sa tabi ng isang produkto sa isang retail store. Maaari kang makatanggap ng karagdagang impormasyon, gaya ng web address.

### Upang mag-scan ng NFC tag

1. Tiyaking naka-on ang function na NFC ng iyong device at aktibo ang screen.
2. Itapat ang iyong device sa ibabaw ng tag upang dumikit dito ang lugar ng pag-detect ng NFC. Isa-scan ng iyong device ang tag at ipapakita ang nakuhang nilalaman. Tapikin ang nilalaman ng tag upang buksan ito.

## Pagkonekta sa isang device na tumutugma sa NFC

Maaari mong ikonekta ang iyong device sa iba pang mga device na tumutugma sa NFC na ginagawa ng Sony, gaya ng isang speaker o headphone. Kapag nagtataguyod ng



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

ganitong uri ng koneksyon, sumangguni sa User guide ng tumutugmang device para sa higit pang impormasyon.

! Maaaring kailanganin mong i-aktibo ang Wi-Fi® o Bluetooth® sa dalawang device upang gumana ang koneksyon.

## Bluetooth® wireless technology

Gamitin ang function ng Bluetooth® para magpadala ng mga file sa iba pang mga device na tugma sa Bluetooth®, o para kumonekta sa mga handsfree accessory. Mas mahusay na gumagana ang mga koneksyon sa Bluetooth® sa loob ng 10 metro (33 talampakan), na walang mga solid na bagay sa pagitan. Sa ilang pagkakataon, kailangan mong manu-manong ipares ang iyong device sa iba pang mga Bluetooth® device.

! Maaaring magkakaiba ang interoperability at pagiging tugma sa mga Bluetooth® device.

#### Upang i-on ang function na Bluetooth®

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Bluetooth.**
3. Tapikin ang switch na on-off sa tabi ng **Bluetooth** upang ma-on ang function na Bluetooth®. Makikita na ngayon ang iyong device sa mga kalapit na device at lalabas ang isang listahan ng mga available na device ng Bluetooth®.

### Pagpapangalan sa iyong device

Maaari mong pangalanan ang iyong device. Ipapakita sa iba pang mga device ang pangalang ito pagkatapos mong i-on ang function ng Bluetooth® at nakatakda sa nakikita ang iyong device.

#### Upang pangalanan ang iyong device

1. Tiyaking naka-on ang function ng Bluetooth®.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Bluetooth**.
4. Tapikin ang ⋮ > **Palitan ang pangalan ng device**.
5. Magpasok ng pangalan para sa iyong device.
6. Tapikin ang **Palitan ang pangalan**.

### Pagpares sa isa pang Bluetooth® device

Kapag ipinares mo ang iyong device sa isa pang device, halimbawa, maaari mong ikonekta ang iyong device sa isang Bluetooth® headset o Bluetooth® car kit at gamitin ang iba pang mga device na ito upang magbahagi ng musika.

Sa sandaling naipares mo na ang iyong device sa isa pang Bluetooth® device, tatandaan ng iyong device ang pagpapares na ito. Kapag ipinapares ang iyong device sa isang Bluetooth® device, maaaring kailanganin mong magpasok ng passcode. Awtomatikong susubukan ng iyong device ang generic passcode na 0000. Kung hindi ito gumana, sumangguni sa user guide upang makuha ng iyong Bluetooth® device ang passcode ng device. Hindi mo kailangang ipasok muli ang passcode sa susunod na pagkakataong kumonekta ka sa dating naipares na Bluetooth® device.

! Inaatasan ka ng ilang Bluetooth® device, halimbawa, ng karamihan ng Bluetooth® headset, na parehong magpares at kumonekta sa isa pang device.

! Maaari mong ipares ang iyong device sa ilang Bluetooth® device, ngunit maaari ka lang kumonekta sa isang Bluetooth® profile sa isang pagkakataon.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang ipares ang iyong device sa isa pang Bluetooth® device

1. Tiyaking isinaaktibo ang function ng Bluetooth® sa device kung saan mo gustong magpares at nakikita ito ng iba pang mga Bluetooth® device.
2. Mula sa Home screen ng iyong device, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Bluetooth** .
4. I-drag ang slider sa tabi ng **Bluetooth** upang i-on ang Bluetooth® . Lalabas ang isang listahan ng mga available na Bluetooth® device.
5. Tapikin ang Bluetooth® device kung saan mo gustong magpares.
6. Magpasok ng passcode, kung kinakailangan, o kumpirmahin ang parehong passcode sa dalawang device.

### Upang ikonekta ang iyong device sa isa pang Bluetooth® device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Bluetooth**.
3. Tapikin ang Bluetooth® device kung saan mo gustong kumonekta.

### Upang alisin sa pagkakapares ang isang Bluetooth® device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Bluetooth**.
3. Sa ilalim ng **Mga ipinares na device**, tapikin ang ⚙ sa tabi ng pangalan ng device na gusto mong alisin sa pagkakapares.
4. Tapikin ang **Klimutan**.

## Pagpapadala at pagtanggap ng mga item gamit ang teknolohiyang Bluetooth®

Gamitin ang teknolohiyang Bluetooth® para magbahagi ng mga item sa iba pang mga device na tugma sa Bluetooth® tulad ng mga telepono o computer. Maaari mong ipadala at matanggap ang mga sumusunod na uri ng mga item:

- Mga larawan at video
- Musika at ibang mga audio file
- Mga web page

### Upang magpadala ng mga item gamit ang Bluetooth®

1. Tatanggap na device: Tiyaking naka-on ang function ng Bluetooth® at nakikita ang device sa iba pang mga Bluetooth® device.
2. Nagpapadalang device: Buksan ang application na naglalaman ng item na gusto mong ipadala, at mag-scroll sa item.
3. Depende sa application at sa item na gusto mong i-send, maaaring kailanganin mong i-touch at tagalan ang item, buksan ang item, at pindutin ang <, halimbawa. Maaaring may ibang paraan upang magpadala ng item.
4. Pumili ng **Bluetooth**.
5. I-on ang Bluetooth®, kung hinihiling sa iyong gawin iyon.
6. Tapikin ang pangalan ng tatanggap na device.
7. Tatanggap na device: Kung hilingin, tanggapin ang koneksyon.
8. Nagpapadalang device: Kung hiniling, kumpirmahin ang paglipat sa tumatanggap na device.
9. Tatanggap na device: Tanggapin ang papasok na item.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang tumanggap ng mga item gamit ang Bluetooth®

1. Tiyaking naka-on ang function ng Bluetooth® at nakikita sa iba pang mga Bluetooth® device.
2. Sinisimulan na ngayon ng nagpapadalang device ang pagpapadala ng data sa iyong device.
3. Kung na-prompt, ipasok ang parehong passcode sa dalawang device, o kumpirmahin ang iminungkahing passcode.
4. Kapag inabisuhan ka tungkol sa isang papasok na file sa iyong device, i-drag ang status bar pababa at tapikin ang notification upang tanggapin ang paglipat ng file.
5. Tapikin ang **Tanggapin** upang simulan ang paglipat ng file.
6. Upang tingnan ang kasalukuyang katayuan ng paglipat, i-drag ang status bar pababa.
7. Upang buksan ang natanggap na item, i-drag ang status bar pababa at tapikin ang may-katuturang notification.

### Upang tingnan ang mga file na natanggap mo gamit ang Bluetooth®

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Bluetooth**.
3. Pindutin ang ⋮ at piliin ang **Ipakita mga natanggap file**.

## Isang pindot na setup

Maaari mong gamitin ang function na Isang pindot na setup upang awtomatikong ilunsad ang pag-set up ng maraming feature na gumagana nang wireless sa pagitan ng dalawang Xperia® device. Halimbawa, maaari mong gamitin ang Setup sa isang pindot upang ilunsad ang configuration ng mga pangunahing setting para sa Pag-mirror ng screen at Xperia Link™. Sa sandaling makumpleto mo ang setup, kakailanganin mo na lang ng isang pindot sa bawat pagkakataon upang ilunsad ang mga feature na ito.

Ang function na Setup ng isang touch ay isinaaktibo gamit ang NFC. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pag-setup ng Pagmi-mirror ng screen, Server ng Media, NFC at Bluetooth®, sumangguni sa mga may-kaugnayang seksyon ng User guide.

### Upang simulan ang Isang touch na pag-setup sa iyong device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Isang pindot na setup**. Awtomatikong na-o-on ang function na NFC.
3. Siguraduhing naka-on ang function na NFC sa iba pang Xperia™ device.
4. Siguraduhing naka-unlock at aktibo ang mga screen ng parehong mga device.
5. Hawakan ang dalawang device nang magkatalikod upang magkadikit ang mga lugar ng pag-detect ng NFC ng bawat device. Awtomatikong nalulunsad ang function na isang touch na pag-setup.

! Dapat suportahan ng parehong device ang function na Isang touch na pag-setup.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Mga smart app at feature na makakatipid sa iyo ng oras


## Pagkontrol ng mga aksesorya at setting gamit ang Smart Connect™

Gamitin ang application na Smart Connect™ upang i-set kung ano ang mangyayari sa iyong device kapag ikinonekta o idiniskonekta mo ang isang aksesorya. Halimbawa, maaari kang magpasya na palaging buksan ang application na FM radio kapag nagkonekta ka ng headset.

Maaari mo ring i-set ang Smart Connect™ upang basahin ang mga papasok na text message. O kaya, maaari mong gamitin ang application na upang mag-set ng partikular na pagkilos o grupo ng mga pagkilos na ilulunsad sa iyong device sa ilang partikular na oras ng araw. Halimbawa, kapag ikinonekta mo ang iyong headset sa pagitan ng 7am at 9am, maaari kang magpasya na:

- Magsisimula ang FM radio application.
- Bubukas ang iyong paboritong social networking app, halimbawa, Facebook.
- Mase-set sa vibrate ang volume ng pag-ring.

Gamit ang Smart Connect™, mapapamahalaan mo rin ang mga accessory gaya ng Xperia™ SmartTags o isang relos mula sa Sony SmartWatch series. Sumangguni sa User guide ng partikular na aksesorya para sa higit pang impormasyon.




| | |
|---|---|
| 1 | Tapikin upang ipakita ang lahat ng idinagdag na device |
| 2 | Magdagdag ng device o kaganapan |
| 3 | Tingnan ang mga opsyon sa menu ng view |
| 4 | Tapikin upang ipakita ang lahat ng idinagdag na kaganapan |
| 5 | Tapikin upang i-aktibo ang isang kaganapan |
| 6 | Tapikin upang ipakita ang mga detalye ng isang kaganapan |



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang gumawa ng kaganapan sa Smart Connect

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang .
2. Kung bubuksan mo ang Smart Connect sa unang pagkakataon, tapikin ang **OK** upang isara ang screen ng introduksyon.
3. Sa tab na **Event**, tapikin ang +.
4. Kung gagawa ka ng kaganapan sa unang pagkakataon, tapikin muli ang **OK** upang isara ang screen ng introduksyon.
5. Magdagdag ng mga kundisyon na gusto mong mag-trigger sa kaganapan. Ang isang kundisyon ay maaaring ang koneksyon sa isang aksesorya, o isang partikular na agwat ng panahon, o pareho.
6. Tapikin ang → upang magpatuloy.
7. Idagdag ang gusto mong mangyari kapag nagkonekta ka ng aksesorya, at i-set ang iba pang mga setting ayon sa kagustuhan.
8. Tapikin ang → upang magpatuloy.
9. Mag-set ng pangalan ng kaganapan, pagkatapos ay tapikin ang **Tapos**.

Upang magdagdag ng Bluetooth® na aksesorya, kailangan mo muna itong ipares sa iyong device.

### Upang mag-edit ng kaganapang Smart Connect

1. Simulan ang application na Smart Connect.
2. Sa tab na **Event**, tapikin ang isang kaganapan.
3. Kung naka-off ang kaganapan, i-drag ang slider pakanan upang i-on ito.
4. Tapikin ang **I-edit**, pagkatapos ay i-adjust ang mga setting ayon sa kagustuhan.

### Upang magtanggal ng kaganapan

1. Simulan ang application na Smart Connect.
2. Sa tab na **Event**, i-touch at tagalan ang kaganapang gusto mong tanggalin, pagkatapos ay tapikin ang **Tanggalin ang kaganapan**.
3. Tapikin ang **Tanggalin** upang kumpirmahin.

Maaari mo ring buksan ang kaganapang gusto mong tanggalin, pagkatapos ay tapikin ang ⋮ > **Tanggalin ang kaganapan** > **Tanggalin**.

### Upang i-set ang Smart Connect na magbasa ng mga papasok na text message

1. Simulan ang application na Smart Connect.
2. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Mga setting**.
3. Markahan ang checkbox sa tabi ng **Text to speech**, pagkatapos ay kumpirmahin ang pagsasaaktibo kung kinakailangan.

Kung naka-on ang feature na ito, binabasa nang malakas ang lahat ng papasok na mensahe. Upang protektahan ang iyong privacy, maaaring kailangan mong i-off ang feature na ito kung ginagamit mo ang iyong device sa isang pampublikong lugar o sa trabaho, halimbawa.

## Pamamahala ng mga accessory

Gamitin ang application na Smart Connect™ upang pamahalaan ang isang hanay ng mga smart accessory na maaari mong ikonekta sa iyong device, kasama ang Xperia™ SmartTags, isang SmartWatch series watch o isang wireless headset mula sa Sony. Dina-download ng Smart Connect™ ang anumang mga kinakailangang application at naghahanap din ito ng mga third-party na application kapag available. Lumalabas sa isang listahan ang mga dating nakakonektang accessory na nagbibigay-daan sa iyong kumuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga feature ng bawat accessory.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang magpares at magkonekta ng aksesorya

1. Simulan ang application na Smart Connect. Kung bubuksan mo ang Smart Connect sa unang pagkakataon, tapikin ang **OK** upang isara ang screen ng introduksyon.
2. Tapikin ang **Mga Device**, pagkatapos ay tapikin ang +.
3. Buksan ang Bluetooth® function kung hindi pa ito naka-on, pagkatapos ay tapikin ang pangalan ng device na gusto mong ipares at makakonekta.
4. Kung kailangan, ipasok ang passcode, o ikumpirma ang parehong password sa iyong device at sa aksesorya

### Upang i-adjust ang mga setting para sa isang nakakonektang aksesorya

1. Ipares at ikonekta ang aksesorya sa iyong device.
2. Simulan ang application na Smart Connect.
3. Tapikin ang **Accessories**, pagkatapos ay tapikin ang pangalan ng nakakonektang aksesorya.
4. I-adjust ang mga gustong setting.

## Ang paggamit ng iyong device bilang isang fitness hub gamit ang ANT+™

Maaari mong gamitin ang iyong device gamit ang mga produktong pangkalusugan at fitness na sumusuporta rin sa teknolohiya ng ANT+™. Halimbawa, kung gumagamit ka ng isang heart rate monitor at isang foot pod na tumutugma sa ANT+™ (upang sukatin ang bilis at layo), maaari mong kolektahin ang lahat ng data mula sa pagtakbo sa iyong device. Pagkatapos, maaari mong suriin ang iyong performance at tingnan kung paano ka pa huhusay.

Maaari kang mag-download ng iba't ibang application mula sa Google Play™ na sumusuporta sa mga ANT+™ na device para sa sport, fitness at kalusugan. Para sa impormasyon tungkol sa mga produktong tumutugma sa ANT+™, pumunta sa www.thisisant.com/directory.

## Paggamit sa iyong device bilang wallet

Gamitin ang iyong device bilang isang wallet upang makapagbayad para sa mga produkto nang hindi inaabot ang totoo mong wallet. Pinagsasama-sama ang lahat ng iyong naka-install na serbisyo para sa pagbabayad upang matingnan at mapamahalaan ang mga iyon. Tandaan na kapag nagbabayad, dapat mo munang i-on ang NFC function bago ma-touch ng iyong device ang isang card reader. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa NFC, tingnan ang *NFC* sa pahina 116 .

! Maaaring hindi pa available sa lahat ng rehiyon ang mga serbisyo ng pagbabayad sa mobile.

### Para pamahalaan ang mga serbisyo sa pagbabayad

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Mag-tap at magbayad**. Lalabas ang listahan ng mga serbisyo sa pagbabayad.
3. Pamahalaan ang mga serbisyo sa pagbabayad ayon sa kagustuhan, halimbawa, baguhin ang iyong default na serbisyo sa pagbabayad.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Biyahe at mga mapa

## Paggamit ng mga serbisyo sa lokasyon

Pinapayagan ng mga serbisyo sa lokasyon ang mga application gaya ng Mga Mapa at ng camera na gumamit ng impormasyon mula sa mga mobile at Wi-Fi® network pati na rin ang impormasyon sa Global Positioning System (GPS) upang matukoy ang iyong tinatayang lokasyon. Kung wala kang line of sight sa mga GPS satellite, maaaring tukuyin ng iyong device ang iyong lokasyon gamit ang function ng Wi-Fi®. Gayundin, kung wala ka sa range ng isang Wi-Fi® network, maaaring tukuyin ng iyong device ang iyong lokasyon gamit ang iyong mobile network.

Upang magamit ang iyong device para malaman kung nasaan ka, kailangan mong paganahin ang mga serbisyo sa lokasyon.


! Maaari kang magkaroon ng mga singil sa koneksyon ng data kapag kumonekta ka sa Internet mula sa iyong device.

### Upang paganahin ang mga serbisyo sa lokasyon

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Lokasyon**, pagkatapos ay tapikin ang on-off na switch upang paganahin o i-disable ang mga serbisyo ng lokasyon.
3. Kung pinili mong paganahin ang mga serbisyo ng lokasyon sa hakbang 2, tapikin ang **Sumang-ayon** upang kumpirmahin.

## Pagpapabuti ng katumpakan ng GPS

Sa unang pagkakataon na gamitin mo ang GPS function sa iyong device, maaaring tumagal ito ng 5 hanggang 10 minuto bago mahanap ang iyong lokasyon. Upang matulungan sa paghahanap, siguraduhing may malinaw na tanaw ka ng langit. Tumayo nang matatag at huwag takpan ang GPS antenna (ang naka-higlight na lugar sa imahe). Maaaring tumagos ang GPS signal sa mga ulap at plastic, ngunit hindi sa karamihan ng mga solidong bagay gaya ng mga gusali at bundok. Kung hindi mahanap ang iyong lokasyon pagkaraan ng ilang minuto, lumipat sa isa pang lokasyon.




## Google Maps™ at navigation

Gamitin ang Google Maps™ upang subaybayan ang iyong kasalukuyang lokasyon, tingnan ang mga sitwasyon ng trapiko nang real-time at makatanggap ng mga detalyadong direksyon papunta sa iyong patutunguhan.

Kailangan ng application na Google Maps™ ng koneksyon sa Internet kapag ginagamit online. Maaari kang magkaroon ng mga singil sa koneksyon ng data kapag kumonekta ka sa Internet mula sa iyong device. Upang makakuha ng mas detalyadong impormasyon sa kung paano gamitin ang application na ito, pumunta sa http://support.google.com at i-click ang link na “Maps for mobile”.

! Maaaring hindi available ang application na Google Maps™ sa bawat merkado, bansa o rehiyon.

### Upang gamitin ang Google Maps™

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Mapa**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

## Paggamit ng trapiko ng data kapag bumibiyahe

Kapag bumiyahe ka sa labas ng iyong home mobile network, maaaring kailanganin mong i-access ang Internet gamit ang trapiko ng mobile data. Sa ganitong sitwasyon, kailangan mong i-aktibo ang data roaming sa iyong device. Inirerekomenda na tingnan nang maaga ang mga nauugnay na singil sa paglilipat ng data.

### Upang isaaktibo ang data roaming

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa** > **Mga mobile network**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Roaming ng data**.

Hindi mo maaaring isaaktibo ang data roaming kapag naka-off ang mobile data.

## Airplane mode

Sa Airplane mode, ang network at radio transceivers ay naka-off upang pigilan ang paggambala sa sensitibong kagamitan. Gayunpaman, maaari ka pa ring maglaro, makinig sa musika, manood ng mga video at iba pang nilalaman, hangga't ang lahat ng nilalamang ito ay naka-save sa iyong memory card o panloob na imbakan. Maaari ka ring paalalahanan ng mga alarma, kung ginawang aktibo ang mga alarma.

Binabawasan ang pagkonsumo sa baterya ang paggamit ng Airplane mode.

### Upang i-on ang Airplane mode

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Airplane mode**.




Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Kalendaryo at alarm clock

## Kalendaryo

Gamitin ang application na Kalendaryo para pamahalaan ang iskedyul ng iyong oras. Kung nag-sign in ka sa iyong device at na-sychronize mo ito sa isa o maraming online na account na may kasamang mga kalendaryo, halimbawa, ang iyong Google™ account o Xperia™ sa Facebook account, lalabas din ang mga kaganapan sa kalendaryo mula sa mga account na ito sa application na Kalendaryo. Mapipili mo kung aling mga kalendaryo ang gusto mong isama sa pinagsamang view ng Kalendaryo.

Kapag malapit na ang oras ng appointment, magpe-play ang iyong device ng tunog ng notification para paalalahanan ka. Gayundin, lalabas ang  sa status bar.




1 Pumili ng uri ng view at piliin ang mga kalendaryo na gusto mong tingnan

2 Bumalik sa kasalukuyang petsa

3 I-access ang mga setting at iba pang mga opsyon

4 Mag-flick pakaliwa o pakanan para makapag-browse nang mas mabilis

5 Piniling petsa

6 Agenda para sa napiling araw

7 Magdagdag ng kaganapan sa kalendaryo

### Upang lumikha ng kaganapan sa kalendaryo

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Kalendaryo**.
2. Tapikin ang .
3. Kung na-synchronize mo ang iyong kalendaryo sa isa o higit pang mga account, piliin ang account kung saan mo gustong idagdag ang kaganapang ito. Kung gusto mo lang idagdag ang kaganapang ito sa iyong device, tapikin ang **Kalendaryo ng device**.
4. Ipasok o piliin ang gustong impormasyon at magdagdag ng mga dadalo sa kaganapan.
5. Upang i-save ang kaganapan at magpadala ng mga imbitasyon, tapikin ang **I-save**.

### Upang tumingin ng kaganapan sa kalendaryo

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Kalendaryo**.
2. Tapikin ang kaganapang gusto mong tingnan.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang tumingin ng maraming kalendaryo

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay hanapin at tapikin ang **Kalendaryo**.
2. Tapikin ang ≡, pagkatapos ay markahan ang mga checkbox para sa mga kalendaryong gusto mong tingnan.

### Upang i-zoom ang view ng kalendaryo

- Kapag pinili ang view ng **Linggo** o ng **Araw**, i-pinch ang screen upang mag-zoom in.

### Upang magpakita ng mga pambansang holiday sa application na Kalendaryo

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay tapikin ang **Kalendaryo**.
2. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Setting**.
3. Tapikin ang **Mga pambansang holiday**.
4. Pumili ng opsyon, o isang kumbinasyon ng mga opsyon, pagkatapos ay tapikin ang **OK**.

### Upang magpakita ng mga kaarawan sa application na Kalendaryo

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay tapikin ang **Kalendaryo**.
2. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Setting** > **Mga Kaarawan**.
3. I-drag pakanan ang slider sa tabi ng **Mga Kaarawan**.

### Upang magpakita ng mga pagtataya ng panahon sa application na Kalendaryo

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay tapikin ang **Kalendaryo**.
2. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Setting**.
3. Tapikin ang **Forecast ng panahon**, pagkatapos ay i-drag ang slider sa tabi ng **Forecast ng panahon** patungo sa kanan.
4. Kung hindi pinagana ang mga serbisyo sa lokasyon, tapikin ang **Tinitirhang lokasyon**, pagkatapos ay hanapin ang lungsod na gusto mong idagdag.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano paganahin ang mga serbisyo sa lokasyon, tingnan ang *Paggamit ng mga serbisyo sa lokasyon* sa pahina ng 124 .

### Upang baguhin ang mga setting ng pagtataya ng panahon sa application na Kalendaryo

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕, pagkatapos ay tapikin ang **Kalendaryo**.
2. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **Mga Setting**.
3. Tapikin ang **Forecast ng panahon**.
4. I-adjust ang mga setting ayon sa kagustuhan.


## Alarm at orasan

Maari kang mag-set ng isa o higit pang alarm at gumamit ng anumang tunog na naka-save sa iyong device bilang alarm signal. Hindi tutunog ang alarm kung naka-off ang iyong device.

Ang ipinapakitang format ng oras ng alarm ay pareho sa format na iyong napili para sa mga pangkalahatang setting ng oras, halimbawa, 12 oras o 24 na oras.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.




| | |
|---|---|
| 1 | I-access ang home screen ng alarm |
| 2 | Tingnan ang isang world clock at i-adjust ang mga setting |
| 3 | I-access ang stopwatch function |
| 4 | I-access ang timer function |
| 5 | Tingnan ang mga opsyon |
| 6 | Buksan ang mga setting ng petsa at oras para sa orasan |
| 7 | I-on o i-off ang isang alarm |
| 8 | Magdagdag ng bagong alarm |

## Upang magtakda ng bagong alarma

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Alarma at orasan**.
3. Tapikin ang .
4. Tapikin ang **Oras** at piliin ang gustong value.
5. Tapikin ang **OK**.
6. Kung gusto, i-edit ang ibang mga setting ng alarma.
7. Tapikin ang **I-save**.

## Upang i-snooze ang alarma kapag tumunog ito

- Tapikin ang **Mag-snooze**.

## Upang i-off ang isang alarm kapag tumunog ito

- I-drag ang  pakanan.

Upang isara ang isang naka-snooze na alarm, maaari mong i-drag ang status bar pababa upang buksan ang Panel ng notification at pagkatapos ay tapikin ang .

## Upang i-edit ang isang umiiral nang alarma

1. Buksan ang application na Alarma at orasan, pagkatapos ay tapikin ang alarma na gusto mong i-edit.
2. Gawin ang mga gustong pagbabago.
3. Tapikin ang **I-save**.

## Upang i-on o i-off ang isang alarma

- Buksan ang application na Alarma at orasan, pagkatapos ay i-drag ang slider sa tabi ng alarma sa posisyon ng i-on o i-off.

## Upang magtanggal ng alarma

1. Buksan ang application na Alarma at orasan, pagkatapos ay pindutin nang matagal ang alarma na gusto mong tanggalin.
2. Tapikin ang **Tanggalin ang alarma**, pagkatapos ay tapikin ang **Oo**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang i-set ang tunog para sa isang alarma

1. Buksan ang application na Alarma at orasan, pagkatapos ay tapikin ang alarma na gusto mong i-edit.
2. Tapikin ang **Tunog ng alarma** at pumili ng opsyon, o tapikin ang ♫ at pumili mula sa iyong mga file ng musika.
3. Tapikin ang **Tapos na**, pagkatapos ay tapikin ang **I-save**.

### Upang i-adjust ang lakas ng volume para sa isang alarm

1. Buksan ang application na Alarm at orasan, pagkatapos ay tapikin ang alarm na gusto mong i-edit.
2. I-drag ang slider ng volume sa ilalim ng **Lakas ng alarma** patungo sa ninanais na posisyon.
3. Tapikin ang **I-save**.

### Upang mag-set ng umuulit na alarma

1. Buksan ang application na Alarma at orasan, pagkatapos ay tapikin ang alarma na gusto mong i-edit.
2. Tapikin ang **Ulitin**.
3. Markahan ang mga checkbox para sa mga nais na araw, pagkatapos ay i-tap ang **OK**.
4. Tapikin ang **I-save**.

### Upang i-aktibo ang function na pag-vibrate para sa isang alarma

1. Buksan ang application na Alarma at orasan, pagkatapos ay tapikin ang alarma na gusto mong i-edit.
2. Markahan ang checkbox na **Vibrate**.
3. Tapikin ang **I-save**.

### Upang i-set ang pagkilos ng mga side key

1. Buksan ang application na Alarm at orasan, pagkatapos ay piliin ang alarm na gusto mong i-edit.
2. Tapikin ang **Kilos ng pindutan sa gilid**, pagkatapos ay piliin ang ninanais na pagkilos ng mga side key kapag napindot ang mga iyon habang nag-a-alarm.
3. Tapikin ang **I-save**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Accessibility

## Mga gesture ng magnification

Pinapayagan ka ng mga gesture ng magnification na mag-zoom in sa mga bahagi ng screen sa pamamagitan ng pagtapik sa isang bahagi ng touchscreen nang tatlong beses nang sunud-sunod.

### Upang i-enable o i-disable ang Mga gesture ng magnification

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagiging Naa-access** > **Mga galaw sa pag-magnify**.
3. Tapikin ang switch na on-off.

### Upang mag-magnify ng lugar at mag-pan sa screen

1. Tiyaking naka-enable ang **Mga galaw sa pag-magnify**.
2. Tapikin ang isang lugar nang tatlong beses at pagkatapos ay i-hold at i-drag ang iyong daliri sa screen.

## Malaking teksto

Maaari mong i-enable ang opsyon ng Malaking teksto upang palakihin ang default na laki ng tekstong ipinapakita sa iyong device.

### Upang i-enable o i-disable ang Malaking teksto

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagiging Naa-access**.
3. I-drag ang slider sa tabi ng **Malaking teksto**.

## Pagtatama sa kulay

Ina-adjust ng setting ng pagtatama sa kulay kung paano ipinapakita ang mga kulay sa screen para sa mga user na color blind o nahihirapang pag-iba-ibahin ang mga kulay.

### Upang i-enable ang Pagtatama sa kulay

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagiging Naa-access** > **Pagtatama ng kulay**.
3. Tapikin ang switch na on-off.
4. Tapikin ang **Mode ng pagtatama**, pagkatapos ay piliin ang naaangkop na sensitivity ng kulay.

! Ang Pagtatama ng kulay ay kasalukuyang isang eksperimental na feature at maaari nitong maapektuhan ang performance ng device.

## Simpleng Home screen

Ang Simpleng Home screen ay isang alternatibong home screen na nagpapakita sa iyong pinakaginagamit na mga application at kasama dito ang mga speed dial upang mabilis na matawagan ang mga partikular na contact. Nagtatampok din ito ng mas malalaking font at icon para sa mga naka-preinstall na application gaya ng Mga Contact, Pagmemensahe at Kalendaryo.

### Upang i-enable ang Simpleng Home screen

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Home** > **Simple Home**.
3. Sundin ang mga tagubilin sa screen at pagkatapos ay tapikin ang **OK**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang lumipat sa standard na Home Screen

- Mula sa iyong Home screen, tapikin ang **Mga Setting** > **Lumabas sa Simple Home** > **OK**.

## Hearing aid compatibility

Tinitiyak ng opsyon ng hearing aid compatibility na ang audio mula sa iyong device ay gumagana sa mga karaniwang hearing aid.

### Upang i-enable o i-disable ang hearing aid compatibility

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag**.
3. I-drag ang slider sa tabi ng **Hearing aids**.

## TalkBack

Ang TalkBack ay isang serbisyo ng screen reader para sa mga user na may kapansanan sa paningin. Gumagamit ang TalkBack ng sinasalitang feedback upang maglarawan ng anumang mga kaganapan o pagkilos na isinasagawa sa iyong Android device. Inilalarawan ng TalkBack ang user interface at nagbabasa ito ng mga error sa software, mga notification at mga mensahe.

### Upang i-enable ang TalkBack

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagiging Naa-access** > **TalkBack**.
3. Tapikin ang on-off switch at pagkatapos ay tapikin ang **OK**.

! Upang baguhin ang mga kagustuhan para sa pagsasalita, feedback at pag-touch para sa TalkBack, tapikin ang **Mga Setting**.

Naglulunsad kaagad ang TalkBack pagkatapos mong i-enable ang feature. Upang lumabas sa tutorial, tapikin ang button na **Lumabas** nang dalawang beses.

### Upang i-disable ang TalkBack

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin nang dalawang beses ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin nang dalawang beses ang **Mga Setting** > **Pagiging Naa-access** > **TalkBack**.
3. Tapikin nang dalawang beses ang on-off switch at pagkatapos ay tapikin nang dalawang beses ang **OK**.

## TTY (Teletypewriter) mode

Ang feature na TTY (Teletypewriter) sa iyong device ay nagbibigay-daan sa mga taong bingi, may problema sa pandinig, o na may mga kapansanan sa pagsasalita o wika, na makipag-ugnayan gamit ang isang TTY device o isang relay service.

### Upang i-enable ang TTY mode

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag** > **TTY mode**.
3. Piliin ang naaangkop na TTY mode.

## Slow talk

Pinapabagal ng feature ng Slow talk ang pagsasalita ng kabilang panig kapag may tawag ka.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang i-enable o i-disable ang Slow Talk

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tawag**.
3. I-drag ang slider sa tabi ng **Mabagal na pagsasalita** patungo sa posisyong naka-on o naka-off.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

# Suporta at maintenance

## Suporta para sa iyong device

Gamitin ang application na Suporta sa iyong device upang maghanap sa isang User guide, basahin ang mga guide sa troubleshooting, at makakita ng impormasyon tungkol sa mga update sa software at iba pang mga impormasyong nauugnay sa produkto.

### Upang ma-access ang application na Suporta

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang , pagkatapos ay piliin ang kinakailangang item para sa suporta.

! Siguraduhing mayroon kang gumaganang koneksyon sa Internet, mas maganda kung sa pamamagitan ng Wi-Fi®, upang limitahan ang mga singil sa trapiko ng data kapag ginagamit ang application na Suporta.

## Tulong sa mga menu at application

Ang ilang application at mga setting ay may tulong na available sa menu ng mga opsyon na karaniwang isinasaad ng ⋮ sa mga tukoy na application.

## Tulungan kaming pagandahin ang aming software

Maaari mong paganahin ang pagpapadala ng impormasyon ng paggamit mula sa iyong device nang sa gayon ay makakatanggap ang Sony Mobile ng mga anonymous na ulat at istatistika ng bug na makakatulong na mapaganda ang aming software. Hindi naglalaman ng personal na data ang nakolektang impormasyon.

### Upang payagan ang pagpapadala ng impormasyon ng paggamit

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tungkol sa telepono** > **Mga stg ng impo ng paggamit**.
3. Markahan ang checkbox ng **Padala impo ng pagamit** kung hindi pa ito namamarkahan.
4. Tapikin ang **Sumang-ayon**.

# Mga tool sa computer

May ilang tool na available upang tulungan kang ikonekta ang iyong device sa isang computer at pamahalaan ang nilalaman gaya ng mga contact, mga pelikula, musika at mga larawan.

## Xperia™ Companion

Ang Xperia™ Companion ay isang software sa computer na may koleksyon ng mga tool at application na magagamit mo kapag ikinonekta mo ang iyong device sa isang computer. Sa Xperia™ Companion, magagawa mong:

- I-update o ayusin ang software ng iyong device.
- Maglipat ng nilalaman mula sa iyong device gamit ang Xperia™ Transfer.
- Mag-back up at magbalik ng nilalaman sa iyong computer.
- Mag-sync ng nilalamang multimedia – nilalaman ng camera, musika at mga playlist sa pagitan ng iyong device at ng computer.
- Mag-browse ng mga file sa iyong device.

Upang magamit ang Xperia™ Companion, kailangan mo ng computer na nakakonekta sa Internet na gumagamit ng isa sa mga sumusunod na operating system:

- Microsoft® Windows® 7 o mas bago
- Mac OS® X 10.8 o mas bago



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

Maaari mong i-download ang Xperia™ Companion sa http://support.sonymobile.com/global-en/tools/xperia-companion.

### Media Go™ para sa Microsoft® Windows®

Ang application na Media Go™ para sa mga Windows® computer ay nakakatulong sa iyo na maglipat ng mga larawan, mga video at musika sa pagitan ng iyong device at ng isang computer. Upang magbasa pa tungkol sa kung paano gamitin ang application na Media Go™, pumunta sa http://mediago.sony.com/enu/features.

Upang magamit ang application na Media Go™, kailangan mo ang isa sa mga operating system na ito:

- Microsoft® Windows® 10
- Microsoft® Windows® 8 / 8.1
- Microsoft® Windows® 7
- Microsoft® Windows Vista®

## Pag-a-update sa iyong device

Dapat mong i-update ang software sa iyong device upang makuha ang pinakabagong functionality, mga pagpapahusay at mga pag-aayos ng bug para matiyak ang pinakamahusay na pagganap. Kapag may available na update sa software, lalabas ang ▢ sa status bar. Maaari ka ring tumingin ng mga bagong update nang manu-mano.

Ang pinakamadaling paraan upang mag-install ng update sa software ay gawin ito nang wireless mula sa iyong device. Gayunpaman, hindi mada-download nang wireless ang ilang update. Dahil dito, kailangan mong gamitin ang software na Xperia™ Companion sa isang PC o Apple® Mac® computer upang i-update ang iyong device.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga update sa software, pumunta sa *www.sonymobile.com/update*.

! Maaaring hindi makapag-update dahil sa hindi sapat na natitirang espasyo sa storage. Siguraduhing mayroon kang sapat na espasyo sa storage bago subukang mag-update.

#### Para tingnan kung may bagong software

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tungkol sa telepono** > **Update ng software**.

! Kung walang bagong software na available, posibleng wala kang sapat na bakanteng memory sa iyong device. Kung ang iyong Xperia™ device ay may mas kaunti sa 500 MB na bakanteng panloob na memory (memory ng device) na available, hindi ka makakatanggap ng anumang impormasyon tungkol sa bagong software. Ang sumusunod na notification ay lumalabas sa panel ng Notification upang magbabala tungkol sa kawalan ng espasyo sa storage: Nauubos na ang espasyo sa storage. Maaaring hindi gumana ang ilang function ng system. Kung matatanggap mo ang notification na ito, dapat kang magbakante ng panloob na memory (memory ng device) bago ka makakuha ng mga notification tungkol sa bagong software na magiging available.

#### Para mag-download at mag-install ng update sa system

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tungkol sa telepono** > **Update ng software**.
3. Kung may available na update sa system, tapikin ang **I-download** upang i-download ito sa iyong device.
4. Kapag tapos na ang pag-download, tapikin ang **I-install** at sundin ang mga tagubilin sa screen para kumpletuhin ang pag-install.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang mag-download at mag-install ng update sa system mula sa panel ng Notification

1. I-drag paibaba ang status bar upang buksan ang panel ng Notification.
2. Mag-scroll pababa at piliin ang gustong update sa system, pagkatapos ay tapikin ang **I-download**.
3. Kapag tapos na ang pag-download, muling buksan ang panel ng Notification panel kung nakasara ito, pagkatapos ay tapikin ang **I-install** at sundin ang mga tagubilin sa screen upang kumpletuhin ang pag-install.

## Pag-a-update sa iyong device gamit ang isang computer

Maaari kang mag-download at mag-install ng mga update sa software sa iyong device gamit ang isang computer na nakakonekta sa Internet. Kailangan mo ng isang USB cable at PC o Apple® Mac® computer na may software na Xperia™ Companion.

Kung hindi pa naka-install ang software na Xperia™ Companion sa nauugnay na computer, ikonekta ang iyong device sa computer gamit ang isang USB cable at sundin ang mga tagubilin sa pag-install na nasa screen.

### Upang i-update ang iyong device gamit ang isang computer

1. Siguraduhing naka-install ang software na Xperia™ Companion sa iyong PC o Apple® Mac® computer.
2. Gamit ang isang USB cable, ikonekta ang iyong device sa computer.
3. Computer: Buksan ang software na Xperia™ Companion. Pagkalipas ng ilang sandali, makikita ng computer ang iyong device at maghahanap ito ng bagong software.
4. Computer: Kung may makitang bagong update sa software, may lalabas na popup window. Sundin ang mga tagubiling nasa screen upang patakbuhin ang mga may kaugnayang update sa software.

Kapag ikinonekta mo ang device sa computer sa pamamagitan ng isang USB cable, mapa-prompt kang i-install ang software, o magkansela, maliban na lang kung pinili mo dati ang **Huwag ipakitang muli**.

# Paghahanap ng nawawalang device




Kung mayroon kang Google™ account, makakatulong sa iyo ang serbisyo sa web ng my Xperia na mahanap at ma-secure ang iyong device kung sakaling mawala mo ito. Maaari mong:

- Hanapin ang iyong device sa isang mapa.
- Magpatunog ng alerto na gumagana kahit naka-silent mode ang device.
- I-lock nang malayuan ang device at ipakita sa iyong device ang iyong impormasyon sa contact sa sinumang makakakita nito.
- Kung wala nang magagawa pa, i-clear nang malayuan ang panloob at panlabas na memory ng device.

Maaaring hindi available sa lahat ng bansa/rehiyon ang serbisyong my Xperia.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang isaaktibo ang serbisyong my Xperia


1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Seguridad** > **Proteksyong hatid ng my Xperia** > **I-activate.**
3. Markahan ang checkbox, pagkatapos ay tapikin ang **Tanggapin.**
4. Kung mapo-prompt ka, mag-sign in sa iyong Sony Entertainment Network account, o gumawa ng bago kung wala ka pang ganito.
5. Paganahin ang mga serbisyo ng lokasyon sa iyong device kung hindi pa pinapagana ang function na ito.

! Upang patotohanan na mahahanap ng serbisyong my Xperia ang iyong device, pumunta sa *myxperia.sonymobile.com* at mag-sign in gamit ang Google™ account o ang Sony Entertainment Network account na na-set up mo sa iyong device.

## Paghanap sa identification number ng iyong device

Ang iyong device ay may natatanging ID (identification) number. Sa iyong device, ang numerong ito ay tinatawag na IMEI (International Mobile Equipment Identity). Dapat kang magtago ng kopya ng numerong ito. Maaaring kailanganin mo ito, halimbawa, kapag ina-access mo ang serbisyo ng Xperia™ Care support at kailangan mong irehistro ang iyong device. Gayundin, kung mananakaw ang iyong device, maaaring gamitin ng ilang network provider ang numerong ito upang mapigilan ang device na ma-access ang network sa inyong bansa.

### Upang tingnan ang iyong IMEI number




1. Tiyaking naka-off ang iyong device.
2. Alisin ang takip ng slot ng micro SIM card at memory card.
3. Gamit ang isang daliri, alisin ang dalawang label tray (sa pagkakasunud-sunod na ipinapakita sa larawan) upang tingnan ang iyong IMEI number.

Upang tingnan ang IMEI number, maari mo ring buksan ang dialler ng telepono sa iyong device at ipasok ang *#06#.

### Upang tingnan ang iyong IMEI number sa pamamagitan ng mga setting ng device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tungkol sa telepono** > **Katayuan** > **Impormasyon ng IMEI.**

## Memory at storage

Ang iyong device ay may iba't ibang uri ng opsyon sa memory at storage.

- Ang panloob na storage ay halos **4.9** GB at ginagamit upang mag-imbak ng na-download o nailipat na nilalaman kasama ng mga personal na setting at data. Ilang halimbawa ng data na nakalagay sa panloob na storage ang alarma, mga setting ng volume at wika; mga email; mga bookmark; mga kaganapan sa kalendaryo; mga larawan; mga video at musika.
- Maaari kang gumamit ng natatanggal na memory card na may storage capacity na hanggang **32** GB upang makakuha pa ng espasyo sa storage. Ang mga media file at ilang app (kasama ng data ng mga ito) ay maaaring ilipat sa ganitong uri ng memory upang magbakante ng panloob na storage. Ang ilang app, halimbawa, ang Camera app, ay maaaring mag-save ng data nang direkta sa memory card.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

- Ang dynamic memory (RAM) ay halos 1 GB at hindi magagamit para sa storage. Ginagamit ang RAM upang pangasiwaan ang mga tumatakbong application at ang operating system.

Maaaring kailanganin mong bumili ng hiwalay na memory card.

Magbasa nang higit pa tungkol sa paggamit ng memory sa mga Android device sa pamamagitan ng pag-download ng White paper para sa iyong device sa *www.sonymobile.com/support*.

## Pagpapabuti ng pagganap ng memory

Ang memory sa iyong device ay napupuno bilang resulta ng normal na paggamit. Kung mag-uumpisang bumagal ang device, o biglang magsa-shut down ang mga application, dapat mong isaalang-alang ang sumusunod:

- Palaging maglaan ng mahigit 100 MB na bakanteng panloob na storage at mahigit sa 100 MB na bakanteng RAM na available.
- Isara ang mga application na hindi mo ginagamit.
- I-clear ang cache memory sa lahat ng application.
- I-uninstall ang mga na-download na application na hindi mo ginagamit.
- Maglipat ng mga application sa memory card kung puno na ang panloob na storage.
- Maglipat ng mga larawan, mga video at musika mula sa panloob na memory papunta sa memory card.
- Kung hindi mabasa ng iyong device ang nilalaman sa memory card, maaaring kailanganin mong i-format ang card. Tandaang mabubura ang lahat ng nilalaman sa card kapag na-format mo ito.

### Upang tingnan ang memory status

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ⊞ .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Imbakan**.

### Upang tingnan ang dami ng bakante at ginagamit na RAM

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Apps** > **Tumatakbo**.

### Upang i-clear ang cache memory sa lahat ng application

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Imbakan**.
3. Tapikin ang **Naka-cache na data** > **OK**.

Kapag magki-clear ka ng cache memory, hindi mo mawawala ang anumang mahahalagang impormasyon o setting.

### Upang maglipat ng mga media file sa memory card

1. Tiyakin na may nakalagay na memory card sa iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Imbakan** > **Maglipat ng data sa SD card**.
4. Markahan ang mga uri ng file na nais mong ilipat sa memory card.
5. Tapikin ang **Lumipat**.

### Upang maglipat ng mga app sa memory card

1. Tiyaking mayroon kang memory card na nakalagay sa iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊞.
3. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Apps** .
4. Mag-swipe pataas sa tab na **Sa SD card**. Lalabas ang isang listahang nagpapakita sa mga app na maaaring ilipat.
5. Piliin ang app na gusto mong ilipat, pagkatapos ay tapikin ang **ILIPAT SA SD CARD**. Pagkatapos ilipat ang app, lalabas ang isang may markang checkbox sa tabi ng app.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang itigil ang pagtakbo ng mga application at serbisyo

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Apps** > **Tumatakbo**.
3. Pumili ng application o serbisyo, pagkatapos ay tapikin ang **IHINTO**.

### Upang i-format ang memory card

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Imbakan** > **Burahin ang SD card**.
3. Upang kumpirmahin, tapikin ang **Burahin ang SD card** > **Burahin ang lahat**

! Mabubura ang lahat ng nilalaman sa memory card kapag na-format mo ito. Tiyaking gagawa ka ng mga backup ng lahat ng data na gusto mong i-save bago i-format ang memory card. Upang i-back up ang iyong nilalaman, maaari mo itong kopyahin sa isang computer. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang *Pamamahala ng mga file gamit ang isang computer* sa pahina ng 138 .

## Pamamahala ng mga file gamit ang isang computer

Gumamit ng koneksyon sa USB cable sa pagitan ng isang Windows® computer at ng iyong device upang ilipat at pamahalaan ang iyong mga file. Kapag nakakonekta na ang dalawang device, maaari kang mag-drag at mag-drop ng nilalaman sa pagitan ng iyong device at ng computer, o sa pagitan ng panloob na storage at SD card ng iyong device, gamit ang file explorer ng computer.

Kung mayroon kang PC o Apple® Mac® computer, maaari mong gamitin ang Xperia™ Companion upang i-access ang file system ng iyong device.

### Mga Mode ng USB na Koneksyon

May dalawang mode ng USB na koneksyon na available sa iyo upang magamit:

| | |
|---|---|
| **Mode na media transfer (MTP)** | Gamitin ang MTP para sa pamamahala ng mga file, pag-update ng software ng device at pagkonekta sa pamamagitan ng WLAN. Ginagamit ang USB mode na ito sa mga Microsoft® Windows® computer. Pinapagana ang MTP bilang default. |
| **Mode na mass storage (MSC)** | Gamitin ang MSC para sa pamamahala ng mga file gamit ang mga MAC OS® at Linux computer na walang suporta sa MTP. |

### Upang baguhin ang USB connection mode

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Connectivity sa USB** > **USB connection mode**.
3. Tapikin ang **Mode na media transfer (MTP)** o ang **Mode na mass storage (MSC)**.
4. Tapikin ang **OK**.

### Paglipat ng mga file gamit ang mode na Media transfer sa pamamagitan ng Wi-Fi®

Maaari kang maglipat ng mga file sa pagitan ng iyong device at ibang aparatong tugma sa MTP, tulad ng computer, gamit ang isang koneksyong Wi-Fi®. Bago kumonekta, kailangan mo munang ipares ang dalawang aparato. Kung naglilipat ka ng musika, video, mga larawan o ibang file ng media sa pagitan ng iyong device at computer, pinakamahusay na gamitin ang application na Media Go™ sa computer. Kino-convert ng Media Go™ ang mga media file upang maaari mong gamitin ang mga ito sa iyong device.

Upang magamit ang tampok na ito, kailangan mo ng aparatong pinagana ang Wi-Fi® na sumusuporta sa paglipat ng Media, halimbawa, computer na nagpapatakbo ng Microsoft® Windows Vista® o Windows® 7.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang maghanda sa paggamit ng iyong device nang wireless sa isang computer

1. Tiyaking pinagana sa iyong device ang Mode ng paglilipat ng media. Karaniwang pinapagana ito bilang default.
2. Tiyaking naka-on ang function ng Wi-Fi® .
3. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
4. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Connectivity sa USB**.
5. Tapikin ang **Ipares sa PC**, pagkatapos ay tapikin ang **Sunod**.
6. Sundin ang mga tagubilin sa screen upang makumpleto ang proseso ng pag-set up.

### Upang kumonekta nang wireless sa isang nakapares na device

1. Tiyaking pinagana sa iyong device ang Mode ng paglilipat ng media. Karaniwang pinapagana ito bilang default.
2. Tiyaking naka-on ang function ng Wi-Fi®.
3. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
4. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Connectivity sa USB**.
5. Piliin ang nakapares na device kung saan ka kokonekta, pagkatapos ay tapikin ang **Ikonekta**.

### Upang magdiskonekta sa isang nakapares na device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Connectivity sa USB**.
3. Piliin ang nakapares na device na gusto mong idiskonekta.
4. Tapikin ang **Alisin ang koneksyon**.

### Upang alisin ang pagpapares sa isa pang device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Pagkakakonekta ng Xperia™** > **Connectivity sa USB**.
3. Piliin ang nakapares na device na gusto mong alisin.
4. Tapikin ang **I-unpair**.

## Pagba-back up at pagbabalik ng nilalaman

Sa pangkalahatan, hindi ka dapat mag-save ng mga larawan, video at iba pang personal na nilalaman sa internal memory lang ng iyong device. Kung may mangyari sa hardware, o kung mawala o manakaw ang iyong device, tuluyang mawawala ang data na nakaimbak sa internal memory nito. Inirerekomendang gamitin ang software na Xperia™ Companion upang magsagawa ng mga pag-back up na ligtas na magse-save sa iyong data sa isang computer, na isang external device. Partikular na inirerekomenda ang paraang ito kung ina-update mo ang software ng iyong device sa mas bagong bersyon ng Android.

Gamit ang application na Mag-back up at Magbalik, makakapagsagawa ka ng mabilis na online na pag-back up ng mga basic na setting at data sa pamamagitan ng iyong Google™ account. Magagamit mo rin ang application na ito upang lokal na mag-back up ng data, halimbawa, sa SD card sa iyong device o sa isang external na USB na storage device.

! Napakahalagang tandaan mo ang password na ise-set mo kapag nagsagawa ka ng pag-back up ng data. Kung makalimutan mo ang password, maaaring hindi na maibalik ang mahalagang data gaya ng mga contact at mensahe.

### Pagba-back up ng data sa isang computer

Gamitin ang software na Xperia™ Companion upang mag-back up ng data mula sa iyong device sa isang PC o Apple® Mac® computer. Ang mga application sa pag-back up na ito ay nagbibigay-daan sa iyo na i-back up ang mga sumusunod na uri ng data:



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

- Mga contact at log ng tawag
- Mga Mensahe
- Kalendaryo
- Mga Setting
- Mga media file gaya ng musika at mga video
- Mga larawan at imahe

### Upang i-back up ang iyong data gamit ang isang computer

1. Siguraduhing naka-install ang software na Xperia™ Companion sa PC o Apple® Mac® computer.
2. Ikonekta ang iyong device sa computer gamit ang isang USB cable.
3. Computer: Buksan ang software na Xperia™ Companion. Pagkalipas ng ilang sandali, makikita ng computer ang iyong device.
4. Piliin ang **Backup** sa pangunahing screen.
5. Sundin ang mga tagubiling nasa screen upang mag-back up ng data mula sa iyong device.

### Upang ibalik ang iyong data gamit ang isang computer

1. Siguraduhing naka-install ang software na Xperia™ Companion sa PC o sa Apple® Mac® computer.
2. Ikonekta ang iyong device sa computer gamit ang isang USB cable.
3. Computer: Buksan ang software na Xperia™ Companion.
4. I-click ang **I-restore**.
5. Pumili ng backup file mula sa mga backup record, pagkatapos ay tapikin ang **Ipanumbalik** at sundin ang mga tagubiling nasa screen upang ibalik ang data sa iyong device.

## Pag-back up ng data gamit ang application na I-backup at Ibalik

Gamit ang application na I-backup at Ibalik, maaari kang manu-manong mag-back up ng data o maaari mong i-on ang function na awtomatikong pag-backup upang regular na mag-save ng data.

Inirerekomenda ang application na I-backup at Ibalik para sa pag-back up ng data bago ka magsagawa ng pag-reset sa factory data. Gamit ang application na ito, maba-back up mo ang mga sumusunod na uri ng data sa isang SD card o sa isang panlabas na USB na storage device na ikinonekta mo sa pamamagitan ng USB na Host adapter sa iyong device:

- Mga Contact
- Mga Pag-uusap
- Data ng kalendaryo
- Talaan ng tawag
- Mga Bookmark

### Upang mag-back up ng nilalaman gamit ang application ng Pag-backup at pagbalik

1. Kung nagba-back up ka ng nilalaman sa isang USB na storage device, tiyaking nakakonekta ang storage device sa iyong device gamit ang naaangkop na cable. Kung nagba-back up ka sa isang SD card, tiyaking maayos na nakalagay ang SD card sa iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
3. Hanapin at tapikin ang **I-backup at Ibalik**.
4. Tapikin ang **I-back up**, pagkatapos ay pumili ng patutunguhan ng backup at ang mga uri ng data na gusto mong i-back up.
5. Tapikin ang **Mag-back up ngayon**.
6. Magpasok ng password para sa pag-backup, pagkatapos ay tapikin ang **OK**.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang mag-restore ng nilalaman gamit ang application na Pag-backup at pag-restore

1. Kung nagre-restore ka ng nilalaman sa isang USB na storage device, tiyaking nakakonekta ang storage device sa iyong device gamit ang naaangkop na kable. Kung nagre-restore ka ng nilalaman sa isang SD card, tiyaking maayos na nakalagay ang SD card sa iyong device.
2. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3. Hanapin at tapikin ang **I-backup at Ibalik**.
4. Tapikin ang **Ipanumbalik**.
5. Piliin ang record na gusto mong i-restore, pagkatapos ay tapikin ang **Ipanumbalik ngayon**.
6. Ipasok ang password para sa backup na record, pagkatapos ay tapikin ang **OK**.

! Tandaan na ang anumang mga pagbabago na iyong ginawa sa iyong data at mga setting pagkaraan mong gumawa ng backup ay mabubura sa panahon ng pamamaraan sa pag-restore.

## Pagsasagawa ng mga diagnostic test sa iyong device

Ang application na Xperia™ Diagnostics ay maaaring sumubok ng isang partikular na function o magsagawa ng buong diagnostic test upang tingnan kung gumagana nang wasto ang iyong Xperia™ device.

Maaaring gawin ng Xperia™ Diagnostics ang sumusunod:

- Tasahin ang potensyal na mga isyu sa hardware o software sa iyong Xperia™ device.
- Suriin ang pagganap ng mga application sa iyong device.
- I-log ang bilang ng mga tawag na nawala sa loob ng nakaraang 10 araw.
- Tukuyin ang naka-install na software at magbigay ng mga kapaki-pakinabang na detalye tungkol sa iyong telepono.

Ang application na Xperia™ Diagnostics ay naka-pre-install sa karamihan ng mga Android™ device mula sa Sony. Kung hindi available ang opsyong Diagnostics sa ilalim ng **Mga Setting** > **Tungkol sa telepono**, maaari kang mag-download ng light na bersyon gamit ang Play Store™ application.

### Upang magsagawa ng partikular na diagnostic test

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tungkol sa telepono** > **Diagnostics** > **Pagsubok** .
3. Pumili ng test sa listahan.
4. Sundin ang mga tagubilin at tapikin ang **Oo** o **Hindi** upang kumpirmahin kung gumagana ang isang feature.

### Upang isagawa ang lahat ng diagnostic test

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tungkol sa telepono** > **Diagnostics** > **Pagsubok** > **I-run lahat**.
3. Sundin ang mga tagubilin at tapikin ang **Oo** o **Hindi** upang kumpirmahin kung gumagana ang isang feature.

### Upang tumingin ng mga detalye tungkol sa iyong device

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tungkol sa telepono** > **Diagnostics** > **Impormasyon**.

## Pag-reset sa iyong mga application

Maaari kang mag-reset ng application o mag-clear ng application data kung hindi na tumutugon ang iyong application o kung nagdudulot ito ng mga isyu sa iyong device.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

### Upang i-reset ang mga kagustuhan sa application

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Apps**.
3. Tapikin ang ⋮, pagkatapos ay tapikin ang **I-reset kagustuhan sa app**.

! Ang pag-reset sa mga kagustuhan sa application ay hindi nagtatanggal ng anumang application data sa iyong device.

### Upang i-clear ang application data

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Apps** at pagkatapos ay mag-swipe patungo sa tab na **Lahat**.
3. Pumili ng application o serbisyo, pagkatapos ay tapikin ang **I-CLEAR ANG DATA**.

! Kapag na-clear mo ang application data, permanenteng tinatanggal ang data para sa napiling application mula sa iyong device.

! Ang opsyong i-clear ang application data ay hindi available para sa lahat ng application o serbisyo.

### Upang i-clear ang cache ng application

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Apps** at pagkatapos ay mag-swipe patungo sa tab na **Lahat**.
3. Pumili ng application o serbisyo, pagkatapos ay tapikin ang **I-CLEAR ANG CACHE**.

! Ang opsyong i-clear ang cache ng application ay hindi available para sa lahat ng application o serbisyo.

### Upang i-clear ang default na setting ng application

1. Mula sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
2. Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Apps** at pagkatapos ay mag-swipe patungo sa tab na **Lahat**.
3. Pumili ng application o serbisyo, pagkatapos ay tapikin ang **I-CLEAR ANG MGA DEFAULT**.

! Ang opsyong i-clear ang default na setting ng application ay hindi available para sa lahat ng application o serbisyo.

## Pagre-restart at pagre-reset ng iyong device

Maaari mong puwersahin ang iyong device na mag-restart o mag-shut down sa mga sitwasyon kung kailan hindi na ito tumutugon o ayaw nitong mag-restart sa normal na paraan. Walang matatanggal na mga setting o personal na data.

Maaari mo ring i-reset ang iyong device sa orihinal na mga factory setting nito. Minsan ay kinakailangan ang pagkilos na ito kung hihinto sa paggana nang tama ang iyong device, ngunit tandaan na kung gusto mong magpanatili ng anumang mahalagang data, kailangan mo munang i-back up ang data na ito sa isang memory card o iba pang hindi internal memory. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang *Pagba-back up at pagbabalik ng nilalaman* sa page na 139 .

Kung hindi mag-o-on ang iyong device o gusto mong i-reset ang software ng iyong device, maaari mong gamitin ang Xperia™ Companion upang ayusin ang iyong device. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit sa Xperia™ Companion, tingnan ang *Mga tool sa computer*.

! Maaaring hindi mag-restart ang iyong device kung mahina na ang baterya. Ikonekta ang iyong device sa isang charger at subukan muling mag-restart.


### Para puwersahin ang iyong device na mag-restart



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

1 Pindutin nang matagal ang power key ⏻.
2 Sa menu na magbubukas, tapikin ang **I-restart**. Awtomatikong magre-restart ang device.

### Upang puwersahin ang device na mag-shut down




1 Tanggalin ang takip ng slot ng SIM card at memory card.
2 Gamit ang dulo ng pen o isang katulad na bagay, pindutin ang OFF button.

! Huwag gumamit ng mga napakatulis na bagay na maaaring makapinsala sa OFF button.

### Upang magsagawa ng pag-reset sa factory data

! Upang maiwasang permanenteng mapinsala ang iyong device, huwag i-restart ang iyong device habang may isinasagawang pag-reset.

1 Bago ka magsimula, siguraduhing i-back up ang anumang mahalagang data na naka-save sa internal memory ng iyong device sa isang memory card o iba pang hindi internal memory.
2 Sa iyong Home screen, tapikin ang ⊕.
3 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **I-backup at i-reset** > **I-reset sa factory data**.
4 Upang magtanggal ng impormasyon, gaya ng mga larawan at musika, sa iyong panloob na storage, markahan ang checkbox na **Burahin ang panloob na storage**.
5 Tapikin ang **I-reset ang telepono**.
6 Kung kinakailangan, iguhit ang iyong pattern sa pag-unlock ng screen, o ipasok ang iyong password o PIN sa pag-unlock ng screen upang magpatuloy.
7 Upang kumpirmahin, tapikin ang **Burahin ang lahat**.

! Hindi babalik ang iyong device sa mas lumang bersyon ng software ng Android™ kapag nagsagawa ka ng pag-reset sa factory data.

! Kung makalimutan mo ang iyong password, PIN o pattern sa pag-unlock ng screen, maaari mong gamitin ang feature sa pag-aayos ng device sa Xperia™ Companion upang burahin ang layer ng seguridad. Kailangan mong ilagay ang mga detalye sa pag-log in sa iyong Google account upang maisagawa ang operasyong ito. Sa pamamagitan ng pagpapatakbo sa feature sa pag-aayos, ini-install mong muli ang software para sa iyong device at maaari kang mawalan ng ilang personal na data sa prosesong ito.

### Upang ayusin ang software ng device gamit ang Xperia™ Companion

! Bago magsagawa ng pag-aayos ng software, siguraduhing alam mo ang iyong mga kredensyal sa Google™. Depende sa iyong mga setting ng seguridad, maaari mong kailanganing ipasok ang mga ito upang i-start up ang device pagkatapos ng pag-aayos ng software.

1 Siguraduhing naka-install ang Xperia Companion sa iyong PC o Mac®.
2 Buksan ang software na Xperia™ Companion sa computer at pindutin ang **Software repair** sa pangunahing screen.
3 Sundin ang mga tagubiling lalabas sa screen upang muling i-install ang software at kumpletuhin ang pag-aayos.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

## Pag-recycle ng iyong device

Mayroong lumang device na hindi ginagamit sa bahay? Bakit hindi ito i-recycle? Sa pamamagitan ng paggawa nito, tutulong ka sa amin na muling gamitin ang mga materyal at bahagi nito, at poprotektahan mo rin ang kapaligiran! Matuto nang higit pa tungkol sa mga pagpipilian ng pag-recycle sa iyong rehiyon sa *www.sonymobile.com/recycle*.

## Mga limitasyon sa mga serbisyo at feature

Hindi sinusuportahan sa lahat ng bansa/rehiyon o ng lahat ng network at/o service provider sa lahat ng lugar ang ilang serbisyo at feature na inilarawan sa User guide na ito. Nang walang limitasyon, nalalapat ito sa GSM International Emergency Number, 112. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong network operator o service provider para matukoy ang pagiging available ng anumang tukoy na serbisyo o feature at kung may nalalapat na mga karagdagang bayarin sa access o paggamit.

Maaaring mangailangan ng access sa Internet ang paggamit ng ilang partikular na feature at application na inilarawan sa gabay na ito. Maaari kang makaipon ng mga singil sa koneksyon ng data kapag kumonekta ka sa Internet mula sa iyong device. Makipag-ugnayan sa iyong wireless service provider para sa higit pang impormasyon.

## Legal na impormasyon

### Sony D2303/D2305/D2306

Ang User guide na ito ay inilimbag ng Sony Mobile Communications Inc. o ng lokal na kaakibat na kumpanya nito, nang walang anumang warranty. Ang mga pagpapabuti at pagbabago sa User guide na ito na dulot ng mga typographical na error, mga pagkakamali sa kasalukuyang impormasyon, o mga pagpapabuti sa mga program at/o kagamitan, ay maaaring gawin ng Sony Mobile Communications Inc. anumang oras at nang walang abiso. Gayunpaman, ang mga naturang pagbabago ay isasama sa mga bagong edisyon ng User guide na ito. Ang lahat ng larawan ay para lang sa paglalarawan at maaaring hindi tumpak na naglalarawan sa aktwal na device.

Ang lahat ng produkto at pangalan ng kumpanyang nabanggit dito ay mga trademark o mga nakarehistrong trademark ng kanya-kanyang may-ari ng mga ito. Ang lahat ng iba pang mga trademark ay pagmamay-ari ng kanya-kanyang may-ari ng mga ito. Ang anumang mga karapatang hindi hayagang ibinigay dito ay nakalaan. Bisitahin ang *www.sonymobile.com/us/legal/* para sa higit pang impormasyon.

Maaaring magbanggit ang User guide na ito ng mga serbisyo o application na ibinigay ng mga third party. Ang paggamit ng naturang programming o mga serbisyo ay maaaring mangailangan ng hiwalay na pagpaparehistro sa third party na provider at maaaring sakop ng mga karagdagang tuntunin ng paggamit. Para sa mga application na ina-access sa o sa pamamagitan ng website ng third-party, mangyaring suriin muna ang mga tuntunin ng paggamit at naaangkop na patakaran sa privacy ng mga naturang website. Hindi tinitiyak o ginagarantiya ng Sony ang pagiging available o ang pagganap ng anumang mga website o inaalok na mga serbisyo ng third party.

May kakayahan ang iyong mobile device na mag-download, mag-imbak at magpasa ng karagdagang nilalaman, halimbawa, mga ringtone. Maaaring paghigpitan o pagbawalan ng mga karapatan ng third party ang paggamit sa naturang nilalaman, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa paghihigpit sa ilalim ng mga naaangkop na batas sa copyright. Ikaw, at hindi ang Sony, ang may ganap na responsibilidad para sa karagdagang nilalaman na iyong ida-download o ipapasa mula sa iyong mobile device. Bago ang iyong paggamit ng anumang karagdagang nilalaman, mangyaring patotohanan na may wastong lisensya ang iyong nilalayong paggamit o kung hindi man ay pinapahintulutan ito. Hindi ginagarantiya ng Sony ang katumpakan, integridad o kalidad ng anumang karagdagang nilalaman o anumang iba pang nilalaman ng third party. Sa anumang sitwasyon, hindi mananagot ang Sony sa anumang paraan para sa iyong hindi tamang paggamit ng karagdagang nilalaman o iba pang nilalaman ng third party.

Bisitahin ang *www.sonymobile.com* para sa higit pang impormasyon.

Ang produktong ito ay pinoprotektahan ng ilang partikular na karapatan sa intellectual property ng Microsoft. Ang paggamit o pamamahagi ng naturang teknolohiya sa labas ng produktong ito ay ipinagbabawal nang walang lisensya mula sa Microsoft.

Ang mga may-ari ng nilalaman ay gumagamit ng teknolohiyang Windows Media digital rights management (WMDRM) upang protektahan ang kanilang intellectual property, kasama na ang mga copyright. Ang device na ito ay gumagamit ng WMDRM software upang i-access ang nilalamang pinoprotektahan ng WMDRM. Kung hindi maprotektahan ng WMDRM software ang nilalaman, maaaring hilingin ng may-ari ng nilalaman sa Microsoft na bawiin ang kakahayan ng software na gamitin ang WMDRM upang i-play o kopyahin ang pinoprotektahang nilalaman. Hindi naaapektuhan ng pagbawi ang hindi pinoprotektahang nilalaman. Kapag nag-download ka ng mga lisensya para sa pinoprotektahang nilalaman, sumasang-ayon ka na maaaring magsama ang Microsoft ng listahan ng pagbawi sa mga lisensya. Maaaring hilingin sa iyo ng mga may-ari ng nilalaman na i-upgrade ang WMDRM upang ma-access ang kanilang nilalaman. Kung tatanggihan mo ang isang pag-upgrade, hindi mo maa-access ang nilalamang nangangailangan ng pag-upgrade.

Ang produktong ito ay may lisensya sa ilalim ng MPEG-4 visual at AVC patent portfolio na mga lisensya para sa personal at hindi pangkomersyal na paggamit ng consumer para sa (i) pag-encode ng video alinsunod sa MPEG-4 visual standard ("MPEG-4 video") o sa AVC standard ("AVC video") at/o (ii) pag-decode ng MPEG- 4 o AVC video na na-encode ng consumer na may ginagawang personal at hindi pangkomersyal na aktibidad at/o nakuha mula sa provider ng video na binigyan ng lisensya ng MPEG LA na magbigay ng MPEG-4 at/o AVC video. Walang lisensya ang ibinibigay o ipinapatupad para sa anumang iba pang paggamit. Ang karagdagang mga impormasyon kabilang ang nauugnay sa promosyon, panloob at komersyal na paggamit at paglilisensya ay maaaring makuha sa MPEG LA, L.L.C. Tingnan ang *www.mpegla.com*. May lisensya mula sa Fraunhofer IIS and Thomson ang MPEG Layer-3 audio decoding technology.

HINDI MANANAGOT ANG SONY MOBILE PARA SA ANUMANG PAGKAWALA, PAGKABURA AT/O PAG-OVERWRITE NG DATA NG PERSONAL NA DATA O MGA FILE NA NAKAIMBAK SA IYONG (KASAMA NA ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA MGA CONTACT, TRACK NG MUSIKA AT LITRATO) NA MAGMUMULA SA ANUMANG PAG-UPDATE NG IYONG DEVICE SA PAMAMAGITAN NG ANUMAN SA MGA PARAANG INILARAWAN SA USER GUIDE O DOKUMENTASYONG ITO. HINDI KAILANMAN MANANAGOT SA IYO ANG SONY MOBILE O ANG MGA SUPPLIER NITO PARA SA ANUMAN AT LAHAT NG PINSALA, PAGKAWALA AT SANHI NG PAGKILOS (NASA KONTRATA MAN O NASA TORT, KASAMA NA ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA KAPABAYAAN O IBA PA) NA LUMAGPAS SA HALAGANG AKTWAL MONG IBINAYAD PARA SA IYONG DEVICE.

© 2015 Sony Mobile Communications Inc.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.

Nakalaan ang lahat ng karapatan.



Ito ay isang internet na bersyon ng lathalang Internet. © Ilimbag lang para sa personal na gamit.